



# MGA HARI

## 2

Patuloy na tinitingnan ng ikalawang Aklat ng Mga Hari ang palalang pagkabulok ng dalawang kaharian sa hilaga at sa timog, ang Israel at ang Juda.

Ngunit magiging pagkakamali kung iisiping sumagana ang bansa sa simula dahil nagkaroon sila ng mga haring mabuti at matuwid na sina David at Solomon. At pagkatapos ay mga masamang hari naman ang sumira ng lahat. O kaya'y mas makasalanan ang bayang Judio na winasak ng mga Kaldeo sa mga kapanahon ni David.

Kung babasahin natin ito nang mabuti, maiintindihan nating hindi parehong mahigpit ang paghuhusga ng sumulat ng libro sa mga nagtatag ng kaharian at sa mga kahalili nila. Mas mahina nga kaya kay Solomon si Yeroboam II na muling nagtayo ng isang masagana at malayang Israel at naghatid ng apatnapung taong kapayapaan? Mas mahina nga kaya ang kanyang pananam-palataya? Gayunpama'y nasisiyahan ang unang Aklat ng Mga Hari sa paglalarawan sa luho at kadakilaan ni Solomon, na pawang mga materyal na bagay lamang. Samantalang iisang talata lamang ang inilalaan ng ikalawang Aklat ng Mga Hari para kay Yeroboam II na para bang ang pagkakaroon ng templong iba kaysa nasa Jerusalem ang mula sa simula'y isa nang paghatol sa lahat niyang mga gawa.

Kailangang makita natin dito ang paraan ng pagtuturo ng Diyos. Sa simula'y pinasisigla niya ang kanyang bayan na puwedeng makamit ang kasaganaan at kalayaan. At dahil ang mga taong ito ay nasa sandali ng kanilang kasaysayan na kailangang isagawa ang pagkakamit na ito, hindi ipinakikita sa kanila ng Diyos ang lahat ng negatibong aspekto ng kanilang ginagawa. Hindi niya binibigyang-diin ang mga depekto ni Solomon o ang kawalang-saysay ng kanyang luho. Ngunit pagkatapos ay inaanyayahan naman ng Diyos ang kanyang bayan na magmasid nang may mapanuring diwa. At sa paglalaho ng mataas na pangarap ng kaharian ni Solomon, tinuturuan sila ng Diyos na hangarin nilang kamtin ang mas tumatagal at mas mahalaga – ang Paghahari ng Katarungan.

**1** <sup>1</sup> Pagkamatay ni Ahab, naghimagsik ang Moab laban sa Israel. <sup>2</sup> Sa Samaria, nahulog naman si Haring Ocozias mula sa bintana ng kanyang kuwarta sa itaas at malubhang nasaktan. Kaya nagpadala siya ng mga sugo at sinabi sa kanila: “Umalis kayo at isangguni kay Baal-zebub na diyos ng Ekron kung mabubuhay pa ako sa aksidenteng ito.” <sup>3</sup> Isang anghel naman ni Yawe ang nagsalita kay Elias ng bayan ng Tisbe: “Bumangon ka’t umahon para salubungin ang mga sugo ng hari ng Samaria. Sasabihin mo sa kanila: Wala bang Diyos sa Israel kaya paalis kayo para sumangguni kay Baal-zebub na diyos ng Ekron?” <sup>4</sup> Ito ngayon ang sinasabi ni Yawe: Hindi ka na makababangon pa mula sa kinahihigaan mo, kundi dito ka nga mamamatay.” At Umalis si Elias.

<sup>5</sup> Nagbalik ang mga sugo kay Ocozias, kayat sinabi nito: “Ano’t agad kayong bumalik?” <sup>6</sup> Sumagot ang mga ito: “Sinalubong kami ng isang lalaki at sinabi niya sa amin: Sige, bumalik kayo sa haring nagsugo sa inyo at sabihin sa kanya na ganito ang sabi ni Yawe – Wala na bang Diyos sa Israel kayat nagpadala ka ng sasangguni kay Baal-zebub na diyos ng Ekron? Kaya hindi ka na makababangon pa mula sa kinahihigaan mo pagkat dito ka na mamamatay.”

<sup>7</sup> Tinanong sila ng hari: “Ano ang itsura ng lalaking sumalubong sa inyo sa daan at nagsabi sa inyo ng mga salitang ito?” <sup>8</sup> Sinabi nila sa kanya: “May balabal na balahibo ang lalaki at may taling katad sa baywang.” Sinabi ng hari: “Siya si Elias na taga-Tisbe.”

<sup>9</sup> Pinaalis ni Ocozias ang isang kapitan ng limampu kasama ang limampu niyang tauhan para puntahan si Elias. Nakaupo si Elias sa tuktok ng bundok at sinabi sa kanya ng kapitan: “O tao ng Diyos, utos ng hari na bumaba ka.”

<sup>10</sup> Sumagot si Elias sa kapitan ng limampu: “Kung ako’y tao ng Diyos, may apoy na bababa mula sa langit at lalamunin ka at ang iyong

limampu.” May bumaba ngang apoy mula sa langit at nilamon siya at ang kanyang limampu.

<sup>11</sup> Muling nagpadala ang hari ng isang kapitan ng limampu kasama ang limampu nitong tauhan, at sinabi nito kay Elias: “Tao ng Diyos, sinasabi ng hari na bumaba ka agad.” <sup>12</sup> Sumagot si Elias at sinabi sa kanila: “Kung ako’y tao ng Diyos, may apoy na bababa mula sa langit at lalamunin ka at ang iyong limampu.” May apoy ngang bumaba mula sa langit at nilamon silang lahat.

<sup>13</sup> Pinaalis ng hari ang ikatlong kapitan ng limampu na umahong kasama ng limampu niyang tauhan. Pagdating ng ikatlong kapitan, lumuhod ito sa harap ni Elias at nakiusap: “O tao ng Diyos, patawarin sana ninyo ako at ang limampu kong tauhan; alipin ninyo kaming lahat.” <sup>14</sup> Alam kong may apoy na bumaba mula sa langit na lumamon sa dalawang kapitan at sa tig-limampu nilang tauhan. At ngayon, huwag ninyo sanang bale-walain ang buhay ko.”

<sup>15</sup> Sinabi naman ng anghel ni Yawe kay Elias: “Bumaba kang kasama niya at huwag matakot.” <sup>16</sup> At tumindig si Elias at bumabang kasama nito papunta sa hari. Sinabi ni Elias sa hari: “Ganito ang sinasabi ni Yawe: Dahil ba sa wala nang Diyos sa Israel at nagsugo ka para sumangguni kay Baal-zebub na diyos ng Ekron? Kaya hindi ka na makababangon pa mula sa kinahihigaan mo pagkat diyan ka na nga mamamatay.” <sup>17</sup> Namatay nga si Ocozias ayon sa salita ni Yawe na sinabi ni Elias. At dahil wala siyang anak na lalaki, si Yoram na kanyang kapatid ang nagharing kahalili niya sa ikalawang taon ni Yoram na anak ni Yosafat na hari ng Juda. <sup>18</sup> Ang iba pang tungkol kay Ocozias, ang kanyang mga gawa, ay nasa *Mga Pangyayari sa Mga Hari ng Israel*.

### Dinala sa langit si Elias

**2** <sup>1</sup> Dinala ni Yawe si Elias sa langit sa isang ipuipo. Ganito ang nangyari: Umalis sa Gilgal sina Elias at Eliseo,

• **2.1** Ang wakas ni Elias ay huling patotoo sa Diyos na buhay na nagbigay-buhay sa tao.

Para bang nabubuhay sa kaitaasan si Elias na propetang nag-iisa, at malayo sa kabulukan ng tao. Kaya hindi siya hinahayaang mamatay ng Diyos gaya ng iba. Tulad ni Moises, na ang kinalalagan ng kanyang libingan ay hindi malaman (Dt 34:6), si Elias din, sa isang partikular na paraan, ay waring nakatatapas sa kamatayan. Ang dalawang haliging ito ng Matandang Tipan, sina Moises at Elias, ay makakasama ni Jesus sa kanyang pagbabagong-ayon. Walang anuman, kahit na kamatayan, ang makalulupig sa *nag-alab sa selosong pag-ibig kay Yaweng kanyang Diyos* at nakipaglaban nang para lamang sa kanya.

*Umakyat si Elias sa langit sa isang ipuipo.* Sa pagsasabi ng libro na dinala sa langit si Elias, hindi rito iiginigiti ang larawan ng “pag-akyat” (gayundin naman para sa Pag-akyat ni Jesus). Naniniwala ang mga tao nang panahong iyon na nasa kaitaasan ang Diyos. At dahil nakikipag-usap ang Diyos sa mga tao ng bawat dantaon ayon sa kanilang mga kaisipan, gusto niyang maglaho sa paningin ng tao si Elias, na para bang dinadala sa langit.

*Amang ko! Ang karwahe ng Israel at mga mangangabayo nito.* Ipinapaliwanag ng nakaraan ng Israel ang sigaw na ito ni Eliseo. Sa harap ng kanilang mga kalabang Kananeo na may mga karwaheng pandigma at mga kabayo, kay Yawe nanalig ang mga

<sup>2</sup>at sinabi ni Elias kay Eliseo: “Dumito ka na lamang, sapagkat pinapupunta ako ni Yawe sa Betel.” Sinabi ni Eliseo: “Isinusumpa ko kay Yawe at sa buhay mo na hindi kita iiwan.” At magkasama silang bumaba sa Betel.

<sup>3</sup>Sinalubong si Eliseo ng samahan ng mga propeta sa Betel at sinabi sa kanya: “Alam mo bang kukunin sa iyo ngayon at iaakyat ni Yawe ang iyong panginoon?” Sumagot siya: “Oo, alam ko. Kayat tuma-himik na lang kayo.” <sup>4</sup>Sinabi ni Elias kay Eliseo: “Dumito ka na lang dahil sa Jerico lang naman ako isinusugo ni Yawe.” Nguni-it sumagot si Eliseo: “Isinusumpa ko kay Yawe at sa iyong buhay, hindi kita iiwan.” Kayat nakarating sila sa Jerico.

<sup>5</sup>Nilapitan si Eliseo ng samahan ng mga propeta sa Jerico at sinabi sa kanya: “Alam mo bang kukunin sa iyo ngayon at iaakyat ni Yawe ang iyong panginoon?” Sumagot si Eliseo: “Oo, alam ko. Tuma-himik kayo.” <sup>6</sup>Sinabi ni Elias kay Eliseo: “Dumito ka na sana, dahil sa Jordan lang naman ako isinusugo ni Yawe.” At sinabi ni Eliseo: “Isinusumpa ko kay Yawe at sa buhay mo, hindi kita iiwan.” At kapwa sila nagpatuloy.

<sup>7</sup>Sumunod namang malayu-layo sa kanila ang limampu sa samahan ng mga propeta sa Jerico. Nang nasa tabi na ng Jordan sina Elias at Eliseo, <sup>8</sup>kinuha ni Elias ang kanyang balabal, binalumbon at inihampas sa tubig. Nahati ang tubig doon at dito, at tumawid sila sa tuyong lupa sa ilog.

<sup>9</sup>Pagkatawid nila, sinabi ni Elias kay Eliseo: “Hingin mo kung ano ang gagawin ko para sa iyo bago ako kunin sa iyo.”

Sinabi ni Eliseo: “Mapasaakin sana ang pinakamabuti sa iyong espiritu.” <sup>10</sup>Sumagot si Elias: “Mahirap ang hinihingi mo. Ngunit kung makikita mo akong kinukuha mula sa iyo at iniaakyat, mapapasa-iyong ito.” Kung hindi, hindi ito mapapasa-iyong ito.”

<sup>11</sup>Habang nag-uusap sila sa kanilang paglakad, isang karwaheng apoy at mga kabayong apoy ang biglang pumagitna sa kanila, at umakyat si Elias sa langit sa isang ipuipo.

<sup>12</sup>Nakita ito ni Eliseo at sumigaw siya: “Ama, Ama kol Ang karwahe ng Israel at mga mangangabayo nito!”

At hindi na siya nakita pa ni Eliseo. Hinawakan nito ang kanyang suot at winarak. <sup>13</sup>At dinampot niya ang balabal ni Elias na nalaglag mula rito, at nagbalik siya’t tumayo sa pampang ng Jordan. <sup>14</sup>Hawak niya ang balabal na nalaglag kay Elias at hinampas niya nito ang tubig, pero hindi iyon nahati. At sinabi niya: “Nasaan si Yaweng Diyos ni Elias?” Hinampas niyang muli ang tubig at nahati iyon, at tumawid si Eliseo.

<sup>15</sup>Nakita siya ng samahan ng mga propeta ng Jerico sa kabilang ibayo ng Jordan at sinabi ng mga ito: “Nananahan kay Eliseo ang espiritu ni Elias.” Sinalubong nila si Eliseo, yumuko sa kanya at sinabing <sup>16</sup>“Narito kasama ng iyong mga lingkod ang limampung magigiting na lalaki. Paalisin mo sila para hanapin si Elias at baka dinala siya ng espiritu ni Yawe at ipinadpad sa isa sa mga bundok o lambak.” Sinabi ni Eliseo: “Wala kayong pa-alisin.” <sup>17</sup>Ngunit labis na nagpumilit ang mga propeta kayat napapayag nila si

Israelita na mahinang nasasandatahan. Siya ang tanging lakas ng kanyang bayan at siya ang naging mga karwahe at mangangabayo para sa kanila. Nakikita ni Eliseo na naglalaho ang naging buhay na sagisag ng presensiya at lakas ng Diyos sa piling ng Israel.

Ang mahiwagang paglalaho ni Elias ang magpapasigla sa mga Judio na asahan ang matagumpay na pagdating ni Yawe para simulan ang ganap at panghabampanahong kaharian. Nabuo sa mga

*Judio ang matibay na paniwalang babalik si Elias sa panahon ding iyon at ihahanda ang pagdating ni Yawe (tingnan Sir 48:1 at Mal 3:32). Tingnan naman ang tungkol sa salita ni Jesus (Mc 9:12).*

*Iniitwan tayo ng Biblia na nangangapa tungkol sa sinapit ni Elias. Sa ganitong paraan, inihahanda nito ang pagpapahayag sa Muling Pagkabuhay ni Jesus at sa pananampalataya ng Iglesya sa Pag-aakyat kay Mariang kanyang ina.*



Eliseo, at nagpapunta sila ng limampung lalaki. Tatlong araw silang naghanap pero hindi nila siya nakita. <sup>18</sup> Nagbalik sila kay Eliseo na nasa Jerico, at sinabi nito sa kanila: “Di ba’t sinabi ko na sa inyong huwag na kayong lumakad?”

• <sup>19</sup> Sinabi naman ng mga taga-lunsod kay Eliseo: “Maganda ang lokasyon ng siyudad na ito, tulad ng nakikita ng aking panginoon, ngunit masama ang tubig kayat tiwangwang ang lupa.” <sup>20</sup> Sinabi niya sa mga ito: “Dalhan ninyo ‘ko ng isang bagong palayok at lagyan ito ng asin.” Dinala nga nila ito sa kanya, <sup>21</sup> at nagpunta si Eliseo sa bukal ng tubig at isinaboy doon ang asin, at sinabi: “Ito ang sinasabi ni Yawe: Pinagaling ko na ang tubig na ito. Hindi na ito pagmumulan ng kamatayan o kawalang-bunga.” <sup>22</sup> At gumaling ang tubig hanggang sa panahong ito, ayon sa sinabi ni Eliseo.

<sup>23</sup> Umahon siya sa Betel mula roon. Paahon siya sa daan nang lumabas sa lunsod ang ilang batang lalaki, at nilibak siya sa pagsasabing: “Ahon, kalbo! Ahon, kalbo!” <sup>24</sup> Lumingon si Eliseo, tiningnan sila at isinumpa sa ngalan ni Yawe. At lumabas mula sa gubat ang dalawang inahing oso at nilapa ang apatnapu’t dalawa sa kanila. <sup>25</sup> Mula roon, nagtuloy si Eliseo sa Bundok Karmel, at mula naman doo’y nagbalik siya sa Samaria.

**3** <sup>1</sup> Sa ikalabingwalong taon ng paghahari ni Yosafat sa Juda, nagsimula namang maghari sa Israel si Yoram na anak ni Ahab, at labindalawang taon siyang naghari. <sup>2</sup> Ginawa niya ang masama sa paningin ni Yawe pero hindi gaya ng kanyang ama at ina, sapagkat inalis niya ang estatuwang ni Baal na ginawa ng kanyang ama. <sup>3</sup> Lamang ay ipinagpatuloy niya ang mga kasalanan ni Yeroboam na anak ni Nabat na nagbulid sa Israel sa pagkakasala, at hindi lumayo roon.

#### Ang Israel at ang Juda laban sa Moab

<sup>4</sup> Samantala, may tupahan si Meshang hari ng Moab, at binabayaran niya ang hari ng Israel taun-taon ng sandaang libong kordero at ng

• <sup>19</sup>. Sa lahat ng tauhan sa Biblia, si Eliseo ang lumilitaw na taong binigyan ng kaloob na gumawa ng mga milagro. Ngunit hindi dahil dito kaya siya itinuturing na mas dakila kaysa iba. Nabuhay siya sa piling ng “mga anak ng mga propeta,” na ibig sabihin’y *samahang ng mga propeta*. Sila’y mga lalaking dukha at medyo panatiko ang pananampalataya. Nabubuhay sila sa mga relihiyosong komunidad kasama ang kani-

sandaang libong barakong tupang may bala-hibo. <sup>5</sup> Ngunit pagkamatay ni Ahab, naghimagsik sa hari ng Israel ang hari ng Moab.

<sup>6</sup> Nang panahong iyon, umalis si Haring Yoram sa Samaria at pinakilos ang buong Israel. <sup>7</sup> Nagpasabi rin siya kay Yosafat na hari ng Juda: “Naghimagsik sa akin ang hari ng Moab. Puwede ka bang sumama sa akin para labanan ang Moab?” Sumagot ang hari ng Juda: “Sasamahin kita pagkat ikaw at ako ay iisa, ang aking bayan at ang iyong bayan, ang aking mga kabayo at ang iyong mga kabayo.” <sup>8</sup> Nagtanong siya: “Saan tayo aahon?” At sinabi niyang “Sa daang nasa disyerto ng Edom.”

<sup>9</sup> Pitong araw nang pagala-gala ang mga hari ng Israel, Juda at Edom, at wala nang tubig para sa mga kawal at sa mga hayop na sumusunod sa kanila. <sup>10</sup> Sinabi ng hari ng Israel: “Tinawag tayong tatlong hari ni Yawe para ibigay lamang sa mga kamay ng Moab.” <sup>11</sup> Sinabi naman ni Yosafat: “Wala bang propeta rito si Yawe upang masangguni natin si Yawe sa kanya?” Isa sa mga lingkod ng hari ng Israel ang nagsabi: “Narito si Eliseo na anak ni Safat. Siya ang nagbubuhos ng tubig sa mga kamay ni Elias.” <sup>12</sup> At sinabi ni Yosafat: “Sumasakanya ang salita ng Diyos.” Kayat nagpunta kay Eliseo ang hari ng Israel, ang hari ng Edom at si Yosafat.

<sup>13</sup> Sinabi ni Eliseo sa hari ng Israel: “Ano ang pakialam ko sa iyo? Sa mga propeta ng iyong ama o ina ka pumunta.” Ngunit tinanong siya ng hari ng Israel: “Tinawag kaya ni Yawe kaming tatlong hari para ibigay sa mga kamay ng Moab?” <sup>14</sup> Sumagot si Eliseo: “Buhay si Yawe ng mga Hukbo na aking pinaglingkuran, kung hindi dahil kay Yosafat na hari ng Juda, hindi kita haharapin ni titingnan. <sup>15</sup> Ngayon, dalhan mo ako ng manungutog ng alpa.” At habang tumutugtog ito, hinagip si Eliseo ng kamay ni Yawe, <sup>16</sup> at sinabi nito: “Ito ang sinasabi ni Yawe: Punuin ninyong ng maraming kanal ang lambak na ito, <sup>17</sup> sapagkat ganito ang sinasabi ni Yawe: hindi kayo makakakita ng hangin o ulan pero mapupuno ng tubig ang lambak upang kayo, ang inyong mga kawal at mga hayop ay makainom. <sup>18</sup> Pero maliit na bagay lamang ito sa mata ni Yawe, sapagkat ibibigay rin niya sa inyong mga kamay ang Moab. <sup>19</sup> Sasakupin ninyo ang

kanilang mga asawa’t mga anak. Tutulungan nila si Eliseo sa misyon nito (tingnan 1 S 19:18).

Tinatanggap ni Eliseo ang espiritu ni Elias at ipinagpapatuloy ang kanyang misyon. Isinasalaysay sa sumusunod na mga kabanata ang marami niyang himala. Maaring pinahaba na ang ilan o kaya’y binago ng tradisyon para magbigay ng aral (halimbawa’y ang tungkol sa apatnapu’t dalawang bata).



lahat ng napapaderang lunsod at mahahala-gang bayan. Ibuwal ninyo ang lahat ng namu-mungang punungkahoy, tatakpan ang lahat ng bukal at kakalatan ng mga bato ang lahat ng matabang bukid.”

<sup>20</sup>Kinaumagahan, sa oras ng paghahandog, heto na ang tubig mula sa Edom, at binaha ang buong lupain.

<sup>21</sup>Nalaman ng mga Moabita na dumating ang mga hari para lumaban sa kanila, kayat tinipon nila ang lahat ng lalaking nasa edad na para humawak ng sandata at pinagbantay sa hang-ganan. <sup>22</sup>Nang magising sila kinaumagahan, nakita ng mga Moabitang nasa kabila ang tubig na sinisikatan ng araw, at simpula ng dugo ang tubig. <sup>23</sup>Kayat sinabi nila: “Dugo! Tiyak na naglaban-laban at nagpatayan ang mga hari. Sugod, Moab, at mangulmbat!” <sup>24</sup>Pagdating nila sa kampo ng Israel, tumindig ang mga Israelita at nilupig ang mga Moabitang tumakas mula sa kanila. <sup>25</sup>Pinasok ng mga ito ang Moab na hawak ang tabak. Winasak ng mga Israelita ang mga lunsod at lahat ng matabang lupa’y hinagisan ng bato ng bawat isa hanggang ma-tambakan ng bato ang mga iyon. Hinarangan nila ang bawat bukal at pinutol ang bawat namu-mungang punungkahoy. Ang Kir-hareset la-mang at ang mga bato nito ang nalabi. Ngunit kinubkob ng mga lalaking may tirador ang lunsod, at sinalakay rin.

<sup>26</sup>Nang makita ng hari ng Moab na tagilid siya sa labanan, isinama niya ang pitundaang mandirigma para malusutan ang hari ng Edom. Ngunit hindi nila iyon nagawa. <sup>27</sup>Kayat kinuha nito ang kanyang panganay na anak na lalaki na hahalili sana sa kanya bilang hari, at sinunog iyon bilang handog sa ibabaw ng pader. Matindi ang poot laban sa Israel kaya umurong sila at umuwi sa kanilang lupain.

### Si Eliseo at ang langis ng biyuda

**4** <sup>1</sup>Isang babae na asawa ng isang nasa samahan ng mga propeta ang tumawag kay Eliseo at sinabing “Patay na ang aking asawa na inyong lingkod, at alam ninyo na may pitagan siya kay

• **4.1** Sinisimulan dito ang isang serye ng mga milagro ni Eliseo.

Sa lahat ng propeta ng Israel, si Eliseo ang siyang pinakamalapit sa mga dukha at isinasaisantabi ng kanyang panahon. Sa kanilang piling at alang-alang sa kanila ginagawa niya ang karamihan sa kanyang mga himala. Tiyak na ito ang dahilan kung bakit sa pagsa-salin sa atin ng mga salaysay na ito ay nananatili pa rin ang linamnam at kulay ng pagkakalahad nito ng mga

Yawe. Ngunit ngayo’y dumating ang pinagkakautangan niya para kunin ang dalawa kong anak na lalaki bilang alipin.”

<sup>2</sup>Sinabi sa kanya ni Eliseo: “Ano ang magagawa ko para sa iyo? Sabihin mo sa akin kung ano’ng meron ka sa iyong bahay?” Sumagot siya: “Wala ako ni anumang liban sa kaunting langis na panlinis.”

<sup>3</sup>Sinabi ni Eliseo: “Lumakad ka’t manghingi ng mga garapong walang laman sa iyong mga kapitbahay. <sup>4</sup>Dalhin mo lahat ng kaya mo, at saka ka umuwi kasama ang iyong anak at isara ang pinto. Buhusan mo ng langis ang lahat ng garapon at itabi ang mga puno na.”

<sup>5</sup>Umalis nga ang babae at isinara niya ang pinto kasama ang kanyang mga anak. Dinala ng mga ito sa kanya ang mga garapon at binuhusan naman niya ang mga ’yon. <sup>6</sup>Nang puno na ang lahat ng garapon, sinabi niya sa kanyang anak: “Dalhan mo ako ng isa pang garapon.” At sinabi naman ng anak: “Wala na.” At tumigil na ang daloy ng langis.

<sup>7</sup>Kayat pinuntahan niya ang tao ng Diyos at sinabi ito sa kanya. Sinabi ni Eliseo sa kanya: “Hala, ipagbili mo ang langis at bayaran mo ang iyong utang. At mabubuhay ka at ang iyong mga anak sa matitira.”

### Binuhay ni Eliseo ang patay

• <sup>8</sup>Isang araw, nagpunta naman si Eliseo sa Sunem, at inanyayahan siyang kumain doon ng isang babaeng maykaya. Kayat tuwing mapapadaan siya, nagtutuloy siya roon para kumain.

<sup>9</sup>Sinabi ng babae sa kanyang asawa: “Nakita mo na, sabi ko na nga ba’t isang banal na tao ng Diyos ang lalaking ito na

unang saksi – ang mga dukha at isinasaisantabi. Bagamat mas kabilang sa mga alamat kaysa kasaysayan ang mga tekstong ito, ipinahihiwatig pa rin ng mga ito kung paanong nakikilala ng mga simpleng tao ang kapang-yarihang ibinigay ng Diyos sa kanyang propeta para tulungan sila at konsuweluhin.

• **8.** Pinag-iisa rito ang lahat ng elemento sa tradedyang tao: pag-asa, masayang buhay, kamatayan.

malimit dumaan sa atin. <sup>10</sup>Gumawa tayo ngayon ng isang maliit na kuwarta sa bubungan para sa kanya, at lagyan natin ng higaan, mesa, silya at lampara. Kayat pagparito niya, doon siya makatutuloy.”

<sup>11</sup>Isang araw, pagdating ni Eliseo, umakyat siya sa kuwarta sa bubungan at nahiga roon. <sup>12</sup>At sinabi niya sa kanyang alalay na si Gehazi: “Tawagin mo ang Sunemita.” Tinawag nga nito ang babae, at humarap ito kay Eliseo.

<sup>13</sup>Sinabi ni Eliseo sa kanya: “Sabihin mo sa akin – labis mo kaming pinagabalahan – ano ngayon ang magagawa namin para sa iyo? Gusto mo bang kasapin ko para sa iyo ang hari o ang pinuno ng hukbo?” Sumagot ang babae: “Ako’y nasa sarili kong bayan.”

<sup>14</sup>At sinabi ni Eliseo kay Gehazi: “Ano kaya ang magagawa natin para sa kanya?” Sumagot ang binata: “Wala siyang anak at matanda na ang kanyang asawa.”

<sup>15</sup>Kaya sinabi ni Eliseo: “Tawagin mo siya.” Tinawag siya ng alalay, at tumayo ang babae sa may pintuan. <sup>16</sup>Sinabi ni Eliseo: “Sa ganito ring panahon sa susunod na taon, kakargahin mo ang isang anak na lalaki.” Sumagot ang babae: “Hindi, O tao ng Diyos, panginoon ko. Huwag ninyong linlangin ang inyong lingkod.”

<sup>17</sup>Ngunit naglihi ang babae at nagkakan ng isang lalaki sa mismong panahong sinabi ni Eliseo.

<sup>18</sup>Lumaki ang batang lalaki. Isang araw, pinuntahan niya ang kanyang ama na kasama ng mga nag-aani. At sinabi nito sa kanyang ama: “Ang ulo ko! Ang ulo ko!” <sup>19</sup>Kaya iniutos ng ama sa isang utusan: “Dalhin mo siya sa kanyang ina.” <sup>20</sup>Binuhat siya ng utusan at dinala sa

kanyang ina, at naupo ang bata sa kandungan ng kanyang ina hanggang tanghaling-tapat, at namatay.

<sup>21</sup>Umakyat ang ina at inilapag ang bata sa higaan ni Eliseo, at saka umalis matapos isara ang pinto. <sup>22</sup>Tinawag niya ang kanyang asawa: “Padalhan mo ako ng isang asno at ng isa sa mga utusan. Puntahan ko agad ang tao ng Diyos, at saka ako uuwi.” <sup>23</sup>Nagtanong ang lalaki: “Bakit ka pupunta sa kanya? Hindi pa naman bagong buwan o araw ng pahingang.” Ngunit sinabi ng babae: “Huwag kang mag-alala.”

<sup>24</sup>Inihanda niya ang asno, at sinabi sa kanyang utusan: “Sige, manguna ka’t huwag titigil hanggang hindi ko sinasabi sa iyo.” <sup>25</sup>Umalis nga siya at dumating sa Bundok Karmel na kinaroroonan ng tao ng Diyos. Nakita siya ni Eliseo sa malayo, at sinabi nito sa kanyang alalay: “Narito na ang Sunemita. <sup>26</sup>Tumakbo ka ngayon at salubungin siya at sabihing: Mabuti ba ang lagay ninyo? Kumusta ang inyong asawa? At ang bata?” Sumagot ang babae: “Mabuti naman.” <sup>27</sup>Lumapit siya sa tao ng Diyos sa bundok, at niyakap ang mga paa nito. Lumapit si Gehazi para ilayo siya ngunit sinabi ng tao ng Diyos: “Pabayaang mo siya, dahil may pait na nasa kanyang kaluluwa, at itinago ito sa akin ni Yawe at hindi pa inihahayag sa akin.”

<sup>28</sup>Sinabi ng babae: “Humingi ba ako sa inyo, panginoon ko, ng isang anak na lalaki? Di ba’t sinabi ko nang huwag ninyo kong linlangin?” <sup>29</sup>Sinabi ni Eliseo kay Gehazi: “Humanda ka, kunin mo ang aking tungkod at lumakad ka. Kung sinuman ang masalubong mo, huwag mo siyang batiin; at kung may bumati naman

namimighating puso ng ina na hindi matanggap ang pagkamatay ng anak ng kanyang sinapupunan, ang walang-pag-asang pagtawag niya sa tao ng Diyos.

Kailangang pagnilayang mabuti ang napakamadamdaming pagbuhay na ginagawa ni Eliseo; bibig sa bibig, mata sa mata, kamay sa kamay para ibahagi ang kanyang init at panumbalikin ang buhay. Isa itong

natatangi at naiibang konkretong larawan ng isinagawa ni Kristo sa atin nang “muli niya tayong buhayin” at puspusin niya tayo ng buhay sa madiing hipu niya. Tulad ng sinasabi ni San Patricio na puspos ng sigasig sa kanyang mga pagmimisyon: “Si Kristo sa harap ko, si Kristo sa likod ko; si Kristo sa aking kaliwa, si Kristo sa aking kanan; si Kristo sa akin, si Kristo sa itaas ko.”

sa 'yo, huwag mo siyang sasagutin. At sa sandaling dumating ka, ipatong mo ang aking tungkod sa mukha ng bata.”<sup>30</sup> Ngunit sinabi ng ina ng bata: “Isinusumpa ko kay Yawe at sa buhay ninyo na hindi ko kayo iiwan.” Kayat tumindig si Eliseo at sumunod sa babae.

<sup>31</sup> Umuna na si Gehazi sa kanila at ipinatong ang tungkod sa mukha ng bata, ngunit wala pa ring imik o kibo ang bata. Kaya bumalik si Gehazi at sinalubong si Eliseo at sinabi sa kanya: “Hindi pa nagiging ang bata.”

<sup>32</sup> Pumasok si Eliseo sa bahay, at nakita niyang patay ang bata at nakahiga sa kanyang highaan.<sup>33</sup> Pumasok siya sa kuwanto, isinara ang pinto sa likuran niya at nanalangin kay Yawe.<sup>34</sup> At dinapaan niya ang bata, inilapat ang kanyang bibig sa bibig nito, ang kanyang mga mata sa mga mata nito, ang kanyang mga kamay sa mga kamay nito; at nanumbalik ang init sa katawan ng bata.<sup>35</sup> Tumindig si Eliseo at nanaog, at nagparoo't parito sa bahay. Muli siyang umakyat at niyukuan ang bata, at pitong beses itong nagbahin, at saka nagmulat ng mga mata.<sup>36</sup> Tinawag ni Eliseo si Gehazi at sinabi: “Tawagin mo ang babae.” Pagdating ng babae, sinabi sa kanya ni Eliseo: “Kargahin mo ang iyong anak.”<sup>37</sup> Pumasok iyon, nagpatirapa sa kanyang paanan, at kinarga ang kanyang anak at saka lumabas.

<sup>38</sup> Nagbalik sa Gilgal si Eliseo. Tagutom sa lupain, at nang nakaupong kasama niya ang samahan ng mga propeta, sinabi niya sa kanyang alalay: “Isalang mo ang malaking kaldero at maghanda ka ng sabaw para sa samahan ng mga

propeta.”<sup>39</sup> Isa sa kanila ang lumabas sa bukid para manguha ng mga gulay, nakakita siya ng halamang-ligaw at nanguha siya ng mga bungang nakakalason, at pinuno ang kanyang balabal. Pagbalik niya, hiniwa niya ang mga iyon sa kaldero ng sabaw, sapagkat hindi niya alam kung ano iyon.<sup>40</sup> At inihain niya ang sabaw sa mga lalaki. Ngunit habang tinitikman nila ang sabaw, sumigaw sila: “Tao ng Diyos, purong lason ito!” Kayat hindi na sila nakakain pa.<sup>41</sup> At sinabi ni Eliseo: “Dalhan ninyo 'ko ng harina.” At ibinuhos niya iyon sa kaldero, at sinabi niya: “Hainan ninyo ang mga tao at pakanin.” At wala nang anumang masama sa kaldero.

#### Pinarami ni Eliseo ang harina

<sup>42</sup> Isang lalaki ang dumating mula sa Baalsalisa na may dalang tinapay at trigo sa tao ng Diyos. Ito ang dalawampung tinapay mula sa unang bahagi ng sebada at trigo nitong huling anihan. Sinabi ni Eliseo sa lalaki: “Ibigay mo sa mga tao para makakain sila.”

<sup>43</sup> Sinabi ng kanyang alalay: “Paano ko ito ihahain sa sandaang katao?” Ngunit sinabi ni Eliseo: “Ibigay mo sa mga tao para makakain sila, sapagkat ito ang sinasabi ni Yawe: Kakain sila at may matitira pa.”<sup>44</sup> Inihain nga ito ng binata sa kanila at nagsikain sila at may natira pa, ayon sa sinabi ni Yawe.

#### Pinagaling ni Eliseo si Naaman

**5** <sup>1</sup> Si Naaman ang pinuno ng hukbo ng hari ng Aram. Mataas ang pagtingin sa lalaking ito ng kanyang hari at pinakikinggan siya dahil sa kanya

• 42. Kailangang ikumpara ang pagpaparaming ito ng tinapay sa dalawang pagpaparaming ginawa ni Jesus. Maraming pagkakahawig ang mga ito sa isa't isa pero may magkaibang mga kahulugan (ting-nan lalo na ang Jn 6).

• 5.1 May espesyal na lugar sa mga himala ni Eliseo ang pagpapagaling kay Naaman. Madali nating nadidiskubre rito ang isang pagpapanaang paglalalarawan ng binyag na lumilinis sa atin mula sa kasalanan.

Tanyag na heneral nga si Naaman pero wala siyang magawa laban sa ketong. Gusto niyang mabago, at iwan ang may sakit niyang balat. At isang pag-asa ang inihahandog sa kanya: sa Israel nagaaganap ang gayong mga himala.

*Sinabi ng dalagita sa kanyang senyora.* Nagsisimula ang lahat sa salita ng isang dalagitang utusan ni Naaman. Gayundin naman, maraming pagkakataon ang sinumag mananampalataya sa kasalukuyang panahon para magsalita o gumawa ng maliit na bagay



binigyang-tagumpay ni Yawe ang Aram. Magiting na mandirigma nga siya pero meron siyang ketong.

<sup>2</sup>Isang araw, sinalakay ng ilang kawal Arameo ang lupain ng Israel at may nabihag na isang dalaga. Naging alipin ito ng maybahay ni Naaman. <sup>3</sup>Sinabi niya sa kanyang amo: “Kung harap lamang sana ang aking panginooon sa propetang nasa Samaria, tiyak na pagagalingin niyon ang kanyang ketong.”

<sup>4</sup>Pinuntahan ni Naaman ang kanyang hari at sinabi: “Ganoo’t ganito ang sinabi ng dalagang galing sa lupain ng Israel.”

<sup>5</sup>Sinabi naman ng hari ng Aram sa kanya: “Sige, pumunta ka. At magpapadala ako ng sulat sa hari ng Israel.”

Lumakad nga si Naaman at nagdala siya ng sampung baretang ginto, anim na libong pirasong pilak at sampung pampiyestang damit. <sup>6</sup>Pagdating niya, iniabot niya ang sulat sa hari ng Israel na nagsasabing “Sa pagtanggap mo ng sulat na ito,

ipinadadala ko sa iyo ang aking lingkod na si Naaman para pagalingin mo ang kanyang ketong.”

<sup>7</sup>Pagkabasa ng hari ng Israel sa sulat, winarak niya ang kanyang damit at sinabi: “Ako ba’y Diyos para pumatay at bumuhay? At ipinadala sa akin ng hari ng Aram ang lalaking ito para pagalingin sa kanyang ketong! Tingnan ninyo ngayo’t humahanap lamang siya ng dahilan para makipagdigma sa akin.”

<sup>8</sup>Nalaman ni Eliseong tao ng Diyos na winarak ng hari ng Israel ang damit nito, kayat nagpasabi siya sa hari: “Bakit mo winarak ang iyong damit? Papuntahin mo siya ngayon sa akin, at malalaman niyang may propeta sa Israel.”

<sup>9</sup>Nagpunta nga si Naaman, kasama ang kanyang karwahe at mga kabayo, at tumigil sa may pintuan ng bahay ni Eliseo. <sup>10</sup>At nagsugo naman si Eliseo sa kanya para sabihing “Magpunta ka sa Ilog Jordan at pingang beses kung maligo, at

na magbubunga ng malaking kabutihan at para paharapin sa “Israel” na Iglesya ang naghahanap ng lunas. Hindi sa gawa lamang ng mga dakilang apostol naipahahayag at napalalaganap ang Mabuting Balita.

Tutukuyin ni Jesus sa Ebanghelyo (Lc 4:27) ang pagpapagaling ng dayuhang ito kaysa lahat ng ketongin sa Israel bilang patunay na may malasakit ang Diyos para sa lahat at hindi lamang para sa kanyang mga mananampalataya ayon sa opisyal na tawag sa mga ito.

*Nagsugo naman si Eliseo.* Sa harap ng propeta, ang heneral ay walang ipinag-iba sa sinumang tao. Walang anumang pribilehiyo para sa kanya, ni espesyal na pakikiharap sa personal na pagkonsulta. Dahil hindi siya bumaba mula sa kanyang karwahe, hindi rin mangunguna si Eliseo sa pagsalubong sa kanya.

*Magpunta ka at maligo.* Kung anong “madyik” ang inaasahan ni Naaman: mga kilos o mga salitang puno ng makalangit na kapangyarihan. Subalit ang paggaling niya ay magmumula sa simpleng pagdampi ng tubig na umaagos sa lupa ng Diyos. Isang napakaliit na bansa ang Israel pero may mga natatagong yaman ito ng Panginooon.

*Kung mahirap na bagay ang ipinagawa sa inyo ng propeta, di ba’t gagawin ninyo iyon?* Mga kababalaghan ang hinihintay ng mga tao. Simpleng pagsunod naman sa isang salita ang kanyang hinihingi. Ganito rin ang gagawin ni Jesus (Jn 4:46). Hindi ang paggawa ng mahihirap na bagay ang importante, kundi kung ano ang hinihingi ng Diyos. Kadalasa’y dumadaplis lamang tayo sa kanyang Kaharian sapagkat gusto nating gumawa ng mga matinding pagsisikap sa halip

na gawin ang mga simpleng bagay na kanyang hinihingi.

Libre ang pagpapagaling. Walang silbi ang dipapani-paniwalang kayamanang dala ni Naaman. Si Yawe ang siyang nagbibigay, at hindi siya naniningil, at ni hindi niya gustong bayaran natin siya. Lamang ay kapag nadiskubre natin ang kanyang awa, kailangan nating suklihan ng kapwa pag-ibig ang pag-ibig.

*Sa pagpunta ng aking hari sa templo ng kanyang diyos na Rimmon, kasama niya ako.* Alam na ngayon ni Naaman na walang ibang Diyos kundi ang Diyos ng Israel. Pero hindi siya makaalis sa mundong kanyang kinalalagayan kung saan ibang mga diyos ang pinararangalan. Ipinapakita ng sagot ni Eliseo ang pag-unawa ng Diyos sa harap ng sitwasyong ito.

Ang ganito ng pag-unawa sa mga taong may mabuting kalooban na may ibang mga relihiyon ang ipinahahayag sa ilang teksto ng Genesis at Exodo. Ang mga ito ay mismong sinulat ng mga propeta ng mga grupo ring iyon na napakaligid kay Eliseo: tingnan Gen 20:1-7 at Ex 18:1-20.

*Nalalarawan kay Naaman ang taong may mabuting kalooban na nahawahan ng sakit na walang lunas na walang iba kundi ang kasalanan. At lumalapit siya sa Iglesya para hilingin ang kanyang paggaling. Siya ang taong galing sa malayo at lumalapit sa Iglesya sapagkat nadidiskubre niyang may natatagong bukal ng buhay pala rito. Hindi gumagawa sa ganang sarili ang tubig ng binyag. Galing ang bisa nito sa pagiging pinakadaan nito para makapasok tayo sa bayan ni Kristo, ang Iglesya.*

manunumbalik sa dati ang iyong laman at lilinis ka.”

<sup>11</sup> Umalis sa galit si Naaman, sapagkat naisip niyang “Akala ko pa nama’y siya mismo ang lababas at tatayo’t tatawag sa ngalan ni Yaweng kanyang Diyos, at ida-dampi ang kanyang kamay sa bahaging may sakit at aalisin ang ketong. <sup>12</sup> Di ba’t mas higit pa nga ang Abana at Parfar na mga ilog ng Damasco kaysa lahat ng tubig sa Israel? Di ba ’ko makapaliligo sa mga ilog ng Damasco para luminis?” Kayat pauwi siyang umalis sa galit.

<sup>13</sup> Lumapit naman sa kanya ang kanyang mga alipin at sinabi: “Ama ko, kung mahirap na bagay ang ipinagawa sa inyo ng propeta, di ba’t gagawin ninyo ’yon? Lalo na kapag sinabi n’ya sa inyong maligo at luminis!”

<sup>14</sup> At lumusong nga si Naaman sa Jordan at pitong beses na lumubog, gaya ng sinabi sa kanya ni Eliseo. Nanumbalik sa dati ang kanyang laman, tulad ng sa isang bata at luminis siya.

<sup>15</sup> At nagbalik si Naaman sa tao ng Diyos kasama ang lahat niyang tauhan. Nagtuloy siya at sinabi: “Ngayo’y alam ko nang walang ibang Diyos saanman sa daigdig kundi sa Israel. Tanggapin mo sana ang regalong ito mula sa iyong lingkod.”

<sup>16</sup> Ngunit sumagot si Eliseo: “Buhay si Yaweng pinaglingkuran ko, at wala akong tatanggapin.” At kahit na pilitin siya ni Naaman, tumanggi pa rin siya.

<sup>17</sup> Kayat sinabi ni Naaman sa kanya: “Kung ayaw mo, ipahintulot mo naman sanang mabigyan ako ng lupa mula sa iyong lupain – ang kayang dalhin ng dalawang mola. Sapagkat hindi na ako magaalay ng anumang sinunog na handog at hain sa sinumang diyos kundi kay Yawe lamang. <sup>18</sup> At patawarin nawa ako ni Yawe sa bagay na ito: Sa pagpunta ng aking hari sa templo ng kanyang diyos na si Rimmon para sumamba, nakakapit siya sa aking bisig at kasama niya akong

yuyuko sa templo ni Rimmon. Patawarin nawa ako ni Yawe sa bagay na ito.” <sup>19</sup> Sumagot si Eliseo: “Humayo kang mapayapa.”

At lumakad nga si Naaman.

Malayu-layo na si Naaman, <sup>20</sup> nang masisip ni Gehazing alalay ni Eliseo: “Pinalampas ng aking panginoon ang Ara-meong iyong si Naaman sa pagtanggapin niyang tanggapin ang kanyang mga dala. Buhay nga si Yawe, at hahabulin ko siya’t makakakuha ako sa kanya.”

<sup>21</sup> Hinabol ni Gehazi si Naaman at nakita ni Naaman na may humahabol sa kanya kayat bumaba siya mula sa kanyang karwahe para salubungin at batiin. <sup>22</sup> Sinabi naman sa kanya ni Gehazi: “Ipinasasabi ng aking panginoon: May dalawang binata sa samahan ng mga propeta ang kararating lamang mula sa kabundukan ng Efraim. Kung maaari sana’y pakibigyan mo ako ng isang baretang pilak at dalawang bagong damit para sa kanila.” <sup>23</sup> Sumagot si Naaman: “Tanggapin mo ang dalawang baretang pilak.”

Pinilit ni Naaman si Gehazi na tanggapin iyon, at itinali niya ang dalawang baretang pilak sa dalawang sako kasama ang dalawang bagong damit, at ibinigay sa dalawa sa kanyang mga utusan. Binuhat naman nila ito at lumakad na una kay Gehazi. <sup>24</sup> Pagdating nila sa Ofel, kinuha ni Gehazi ang mga ito sa kanila at itinago sa kanyang bahay. At pinaalis niya ang mga tauhan ni Naaman, at nagsilakad naman ang mga ito.

<sup>25</sup> Nang humarap siya sa kanyang panginoon, tinanong siya ni Eliseo: “Sa’n ka galing, Gehazi?” Sumagot siya: “Wala namang pinuntahan ang inyong lingkod.”

<sup>26</sup> Sumagot si Eliseo: “Di ba’t humabol ang aking espiritu nang bumaba ang lalaki mula sa kanyang karwahe para salubungin ka? Tumanggap ka ng pilak at damit, at ngayo’y makabibili ka na ng mga taniman ng olibo, mga ubasan, mga tupa, mga baka at mga alipin. <sup>27</sup> Ngunit sa

iyong inapo kakapit ang ketong ni Naaman magpakailanman." At umalis si Gehazi mula kay Eliseo – may ketong na simputi ng niyebe.

**6** <sup>1</sup>Sinabi ng kanyang mga kapwopropeta kay Eliseo: "Tingnan mo, masikip na para sa atin ang lugar na pinagtitiipunan natin. <sup>2</sup>Tayo na sa Jordan at kumuha ng tig-isang poste para itayo ang ating tirahan." <sup>3</sup>Sumagot si Eliseo: "Sige." <sup>4</sup>At sinabi sa kanya ng isa sa kanila. "Ba't di ka sumama sa amin?" Kaya sumama sa kanila si Eliseo. Pagdating nila sa Jordan, sinimulan nilang pumutol ng mga puno. <sup>5</sup>Ngunit habang may pinuputol na puno ang isa sa kanila, nahulog sa ilog ang talim ng kanyang palakol at napa-sigaw: "O, panginoon ko, hiram ko lang iyon!" <sup>6</sup>Tinanong siya ng tao ng Diyos: "Saan ba nahulog?" At itinuro nila kay Eliseo ang lugar. Pumutol ng isang patpat si Eliseo, inihagis doon at lumutang ang talim na bakal. <sup>7</sup>Sinabi ni Eliseo: "Kunin mo." Iniunat ng lalaki ang kanyang kamay at kinuha iyon.

### **Binihag ni Eliseo ang mga sundalong Arameo**

<sup>8</sup>Sinasalakay noon ng hari ng Aram ang Israel. Pinulong nito ang kanyang mga opisyal at sinabing: "Salakayin natin ang

• **6.8** Binibigyang-diin natin ang salaysay na ito na parang pinagaganda ng mga alamat at naglalahad ng pakikisangkot ni Eliseo sa buhay ng bansa. Tinanggap ni Eliseo ang misyong palitan ang hari ng Israel na siyang may kagagawan sa kataksilang panrelihiyon ng kanyang bayan pati na ang hari ng Aram. Di magtatagal at papatayin sina Yoram at Benhadad na binabanggit dito.

Ang mga propeta ng Israel ay mga mensahero at enkargado ng Diyos para sa kaligtasan ng Israel. At ang kaligtasang ito ay hindi lamang pagpunta ng ating mga kaluluwa sa langit gaya ng paniwala ng marami sa atin. Nangangahulugan ito na kailangang maghatid sa pagiging mas mulat at responsable ang buong buhay ng isang sambayanan. Hindi lalago at mamumunga ang bayang Israel (at gayon din ang ating mga sambayanan) nang walang mahabang karanasan ng karahasan, kawalang-katarungan at kasinungalingan, at ng mga lunas para malampasan ang mga ito.

*Bigyan sila ng tinapay at tubig (b. 22). Aksyon ng*

bayang iyon." <sup>9</sup>Ngunit nagpasabi ang tao ng Diyos sa hari ng Israel: "Mag-ingat sa lugar na iyon; paparoon ang mga Arameo." <sup>10</sup>Kaya nagpadala ng mga tauhan ang hari ng Israel sa lugar na itinuro ng lingkod ng Diyos, at nakapaghanda siya roon. Maraming beses itong nangyari. <sup>11</sup>Ikinabalisa ito ng hari ng Aram at tinawag niya ang kanyang mga opisyal at sinabi: "Hindi ba ninyo sasabihin sa akin kung sino sa atin ang taksil na nagsisiwalat ng ating mga plano." <sup>12</sup>Sinabi ng isa sa kanyang mga opisyal: "Wala sa aming nagtataksil sa inyo, panginoon kong hari, kundi si Eliseong propetang nasa Israel ang nagsasabi sa kanyang hari kahit na ng mga salitang sinasabi ninyo sa inyong kuwarto."

<sup>13</sup>Sumagot ang hari: "Sige, alamin ninyong kung nasaan siya nang maipadakip ko." Nang sabihin nila sa kanya na nasa Dotan si Eliseo, <sup>14</sup>nagpapunta siya roon ng mga karwahe, mga kabayo at malakas na hukbo. Gabi nang sila'y dumating, at pinaligiran nila ang siyudad. <sup>15</sup>Kinabukasan, maagang bumangon at lumabas ang alalay ng tao ng Diyos. At hayun ang mga Arameo – may mga kabayo't karwahe, at napapaligiran na ang siyudad! Kaya sinabi niya kay Eliseo: "Naku, panginoon ko, ano'ng gagawin natin?" <sup>16</sup>Sumagot siya: "Huwag kang matakot. Mas marami

isang propeta: daigin ang masama sa pamamagitan ng kabutihan.

*Buksan mo ang kanyang mga mata... Bulagin mo sila... (16, 18, 20)* Inilalahad ng mga salitang ito ang pagkakaiba ng mga nakakakita sa sitwasyon ayon sa pagkakita ng Diyos at ng mga nawawala sa sarili nilang karunungan. Gaanong panahon ang inaaksaya natin at ilang beses tayong nagiging paralisado sa sariling mga taktik natin sa halip na magpasyang makipag-sapalaran at magpatuloy taglay ang pananalig na hindi mabibigo ang Diyos!

*Parusahan nawa ako ng Diyos kung nasa mga balikat pa rin ni Eliseo ang kanyang ulo (31).* Ipinaliliwanag ng mga salitang ito ng hari na pinapag-alab ni Eliseo ang pakikipaglaban sa mga Arameo gayong hindi ito pangahasang gawin ng mga pinuno. Kung ang mga propeta sa kanilang panahon ay nagpatotoo sa katarungan ng Diyos at hindi natakot na akuin ang responsibilidad sa mga pambansang sulirinan, bakit mawawala sa buhay-pulitikal ang mga Kristiyano na siyang mga propeta ng Diyos sa kasalukuyan?



ang kakampi natin kaysa kanila.”<sup>17</sup> Nagdasal si Eliseo at sinabi: “Yawe, buksan mo ang kanyang mga mata upang makakita siya.” At binuksan nga ni Yawe ang mga mata ng alalay at nakita nitong puno ng mga kabayo at karwaheng-apoy ang mga bundok sa buong paligid ni Eliseo.

<sup>18</sup>Nang sumugod palapit sa kanya ang mga Arameo, muling nanalangin si Eliseo kay Yawe: “Bulagin mo sila.” Kaya binulag nga sila ni Yawe, gaya ng hiling ni Eliseo.<sup>19</sup> Sinabi sa kanila ni Eliseo: “Hindi ito ang daan, ni ang siyudad. Sumunod kayo sa akin at sasamahan ko kayo sa lalaking hinahanap ninyo.” At sinamahan niya ang mga ito pa-Samaria.<sup>20</sup> Pagkapatok nila sa Samaria, sinabi ni Eliseo: “Yawe, buksan mo ang kanilang mga mata upang makakita sila.” Binuksan nga ni Yawe ang kanilang mga mata nang nasa Samaria na sila.

<sup>21</sup>Pagkakita sa kanila ng hari ng Israel, itinanong nito kay Eliseo: “Ama ko, papatayin ko ba sila?”<sup>22</sup> Sumagot siya: “Kung’yong mga nabibihag mo sa iyong tabak at pana e di mo pinapatay, ang mga ito pa kaya? Bigyan mo sila ng tinapay na makakain at tubig na maiinom, at saka sila pabalikin sa kanilang panginoon.”

<sup>23</sup>Kaya nagbigay ng isang malaking bangkete ang hari. Pagkatapos kumain at uminom, pinabalik niya ang mga ito sa kanilang panginoon. Mula noon, hindi na sinalakay ng mga hukbo ng Aram ang nasasakupan ng Israel.

### **Gutom at pagpapalaya sa Samaria**

<sup>24</sup>Tinipon naman ni Ben-Hadad na hari ng Aram ang buo niyang hukbo, umalis at kinubkob ang Samaria.<sup>25</sup> Nagkaroon ng malaking taggutom sa lunsod, tumindi ang paghihirap hanggang magkahalaga ng walumpung pirasong pilak ang isang ulo ng asno at limang pirasong pilak naman ang kalahating gatang na garbansos.

<sup>26</sup>Naglalakad sa ibabaw ng pader ang hari ng Israel nang may babaeng sumi-

gaw: “Iligtas ninyo ’ko, panginoon kong Hari!”<sup>27</sup> Sumagot ang hari: “Pa’no kita matutulungan? Kung walang tinapay na ibinibigay sa iyo si Yawe, saan ako maghahagilap niyon?”<sup>28</sup> Ano ba ang nangyari?” Sumagot ang babae: “Sinabi sa akin ng babaeng iyon: ‘Ibigay mo ang iyong anak na lalaki para makain natin ngayon at ang anak ko naman ang kaka-inin natin bukas.’<sup>29</sup> Kaya niluto namin ang aking anak at kinain. Kinabukasa’y sinabi ko naman sa kanya: ‘Dalhin mo na ang iyong anak na lalaki para makain natin.’ Pero itinago niya ito.”

<sup>30</sup>Nang marinig ng hari ang sinabi ng babae, winarak niya ang kanyang damit. Nasa itaas siya ng pader, at nakita ng bayan na may suot siyang sako sa ilalim ng kanyang damit. Isinumpa niya:<sup>31</sup> “Parusahan nawa ako ng Diyos at mas masahol pa, kung nasa mga balikat pa rin ni Eliseong anak ni Shafat ang kanyang ulo sa araw na ito.”<sup>32</sup> At nagpapunta ng bantay ang hari sa bahay ni Eliseo.

Nakaupo noon si Eliseo sa kanyang bahay at kaharap ang mga matatanda. Bago pa dumating ang sugo, sinabi na ni Eliseo sa kanila: “Hindi ba ninyo alam na iniutos ng anak na ito ng mamamatay-tao na pugutan ako ng ulo? Kayat pagdating ng sugo, isara ninyo ang pinto at huwag s’yang papasukin. Naririnig ko na sa kanyang likuran ang mga yabag ng kanyang amo.”<sup>33</sup> Nakikipag-usap pa siya sa kanila nang dumating ang hari. Sinabi ng hari: “Galing kay Yawe ang lahat ng kasamaang ito, ba’t pa ’ko aasa sa kanya?”

**7**<sup>1</sup> Sumagot si Eliseo: “Pakinggan ninyo ang salita ni Yawe: Bukas, sa ganito ring oras, sa pintuan ng Samaria, ipagbibili ang isang takal na harina sa halagang isang pirasong pilak, at ang dalawang takal na sebada sa halagang isang pirasong pilak din.”<sup>2</sup> Sinabi sa tao ng Diyos ng tagapagdala ng kalasag na siyang umaalalay sa bisig ng hari: “Buksan man ni Yawe ang mga

bintana ng langit para umulan ng trigo, paano ito mangyayari?" Sumagot si Eliseo: "Makikita ito ng sarili mong mga mata pero hindi ka kakain nito."

<sup>3</sup>May apat na lalaking ketongin sa may pintuan ng lunsod sa labas ng pader. At nang araw na iyon, sinabi nila sa isa't isa: "Didito na lamang ba tayo hanggang matatay?" <sup>4</sup>Kung ipasya nating pumasok sa lunsod, mamamatay tayo roon sa gutom. Pero kung didito na lamang tayo, mamamatay rin tayo. Kayat sa kampo na lang ng mga Arameo tayo pumunta. Kung hindi nila tayo patayin, buhay tayo; at kung patayin naman, e di, patay!"

<sup>5</sup>Nang dumidilim na, tumayo sila para pumunta sa kampo ng mga Arameo. Ngunit walang katau-tao ang kampo nang dumating sila. <sup>6</sup>Ipinarinig pala ng Pangi-noon sa mga Arameo ang ingay ng mga karwahe at mga kabayo, at ang ugong ng isang malaking hukbo. At inakala nilang "Inupahan ng hari ng Israel ang mga hari ng mga Heteo at mga Musrita para lusubin tayo."

<sup>7</sup>Kaya tumakas sila nang gumagabi na para iligtas ang kanilang sarili. At iniwan nila ang kanilang mga tolda, mga kabayo, mga asno – iniwan nang basta ganoon na lamang. <sup>8</sup>Pagdating ng mga ketongin sa may bukana ng kampo, pinasok nila ang isang tolda. Nagkainan sila at naginginuman, kinuha ang mga pilak, ginto at mga damit, at umalis para ibaan ang mga iyon sa lupa. Bumalik sila at pumasok sa isa pang tolda at kinuha ang lahat ng makita roon at itinago sa ganoon ding paraan.

<sup>9</sup>Ngunit naisip nila: "Hindi tama ang ginagawa nating ito. Araw ng magandang balita ang araw na ito, at magkakasala tayo kung magsasawalang-imik tayo hanggang bukas. Kaya tayo na't ibalita ito sa mga tauhan ng hari." <sup>10</sup>Pagbabalik sa lunsod, isinigaw nila sa mga bantay ng lunsod: "Nagpunta kami sa kampo ng mga Arameo pero walang katau-tao roon,

ni yabag ng kahit sino, kundi mga kabayo at mga asnong nakatali at mga toldang basta na lamang iniwan." <sup>11</sup>Isinigaw ng mga bantay ang balita, at nakaabot ito sa pamamahay ng hari.

<sup>12</sup>Bumangon kinagabihan ang hari at sinabi sa kanyang mga opisyal: "Alam ng mga Arameo na gutom na gutom na tayo. Kaya umalis sila sa kanilang kampo para magtago sa parang sa pag-aakalang lalabas tayo at mahuhuli nang buhay, at saka nila papasukin ang siyudad." <sup>13</sup>Sumagot ang isa sa mga opisyal: "Ipakuha ninyo sa ilang tauhan ang lima sa natitira pang mga kabayo. Tatal, mamamatay din naman sa gutom ang mga ito tulad ng lahat ng Israelita sa siyudad na ito. Papuntahin natin sila doon para tingnan." <sup>14</sup>Kaya kumuha sila ng dalawang karwahe at mga kabayo, at pinapunta sila ng hari para sundan ang mga Arameo: "Sige, alamin ninyo kung ano ang nangyari." <sup>15</sup>Nakaring sila hanggang Jordan, at nagkalat sa daan ang mga damit at gamit na itinapon ng mga Arameo sa kanilang pagtakas.

Nagbalik ang mga sugo at sinabi ito sa hari. <sup>16</sup>Kaya lumabas ang bayan at namsam sa kampo ng mga Arameo. At ang isang takal ng harina ay ibinenta sa halagang isang pirasong pilak at ang dalawang takal ng sebada ay ipinagbili naman sa halagang isang pirasong pilak din, gaya ng sinabi ni Eliseo. <sup>17</sup>Inatasan ngayon ng hari ang tagapagdala niya ng kalasag na magbantay sa pintuan ng lunsod. Ngunit pinagtapak-tapakan siya ng mga tao, at namatay gaya ng sinabi ni Eliseo nang lumusong ang hari para makipagkita sa kanya.

<sup>18</sup>Sapagkat nang sabihin ni Eliseo sa hari: "Bukas, sa ganito ring oras, sa pintuan ng Samaria, ibebenta ang dalawang takal ng sebada sa halagang isang pirasong pilak at gayon din ang isang takal ng harina," <sup>19</sup>sinabi ng tagapagdala ng kalasag sa tao ng Diyos: "Kahit pa buksan ni Yawe ang mga bintana ng langit para umulan ng trigo, malayong mangyari ang

sinabi mo.” At sinabi nga sa kanya ni Eliseo: Makikita 'to ng sarili mong mga mata pero hindi ka kakain nito.”<sup>20</sup> Ganoon nga ang nangyari. Sinugod siya ng mga tao at pinagtapak-tapakan sa pintuan ng lunsod, at doon din siya namatay.

**8** <sup>1</sup>Sinabi ni Eliseo sa babaeng ang anak na lalaki ay kanyang binuhay: “Tumindig ka't umalis kasama ng iyong pamilya, at tumira muna sa ibang lugar na mabuti sa palagay mo. Sapagkat tinawag na ni Yawe ang taggutom sa lupain at tatagal ito nang pitong taon.”<sup>2</sup> Ginawa nga ng babaeng ang sinabi ng tao ng Diyos – umalis siya at ang kanyang pamilya papunta sa lupain ng mga Pilisteo at nanatili roon nang pitong taon.

<sup>3</sup>Pagkaraan ng pitong taon, nagbalik ang babaeng sa sariling bayan at dumulog sa hari para hingin ang kanyang bahay at bukid. <sup>4</sup>Nakikipag-usap noon ang hari kay Gehazing alalay ng tao ng Diyos: “Ikuwento mo nga sa akin ang lahat ng kahanga-hangang bagay na ginawa ni Eliseo.”<sup>5</sup> Habang ikinukuwento ni Gehazi kung paano binuhay ni Eliseo ang patay, siya namang pagdating ng babaeng ang anak na lalaki ay binuhay ni Eliseo. Hiningi nito sa hari na mabalik sa kanya ang sariling bahay at bukid. At sinabi ni Gehazi: “Panginoon kong Hari, ito ang babaeng iyon, at ito ang kanyang anak na binuhay ni Eliseo.”

<sup>6</sup>Tinanong ng hari ang babaeng tungkol dito at isinalaysay naman niya ito. At kaagad na pinalamayan ng hari ang babaeng sa isang opisyal ng palasyo at sinabi: “Ibalik sa kanya ang lahat niyang ari-arian pati ang lahat ng inani sa kanyang bukid mula nang umalis siya hanggang ngayon.”

### Sina Eliseo at Hazael sa Damasco

<sup>7</sup>Nagpunta si Eliseo sa Damasco. May sakit noon si Ben-Hadad na hari ng Aram. Nang sabihin sa kanya na naroon ang tao ng Diyos, <sup>8</sup>sinabi niya kay Hazael: Puntahan mo ang tao ng Diyos at sangguniin si Yawe sa pamamagitan niya para malaman ko kung gagaling pa ako sa aking sakit. Pero magdala ka ng magandang regalo.”

<sup>9</sup>Kayat pinuntahan ni Hazael si Eliseo, dala ang lahat ng pinakamagandang bagay sa Damasco na karga ng apatnapung kamelyo. <sup>10</sup>Pagharap niya kay Eliseo, sinabi ni Hazael: “Pinaparito ako ng inyong anak na si Ben-Hadad na hari ng Aram para itanong sa inyo: ‘Gagaling pa ba ako sa karamdamang ito?’” Sumagot si Eliseo: “Hala, sabihin mo sa kanya na gagaling siya. Ngunit ipinaalam sa akin ni Yawe na tiyak na mamamatay siya.”

<sup>11</sup>Nanigas ang mukha ng tao ng Diyos at nagsimula siyang umiyak. <sup>12</sup>Tinanong siya ni Hazael: “Ba't kayo lumuluha, panginoon ko?” Sumagot siya: “Sapagkat ngayun-ngayon lang ay nakita ko ang kasamaang gagawin mo sa mga anak ng Israel: susunugin mo ang kanilang mga kuta, papatayin sa tabak ang mga kabataang lalaki, dudurugin ang mga bata, buksanan ang bahay-bata ng mga nagdadalantao.”<sup>13</sup> Sinabi sa kanya ni Hazael: “Sino ako na lingkod lamang ninyo para gawin ang ganyang kabigat na mga bagay?” Sumagot si Eliseo: “Nagkaroon ako ng pangitain: ginawa kang hari ng Aram ni Yawe.”

<sup>14</sup>Inian ni Hazael si Eliseo at nagbalik sa kanyang amo. Tinanong siya nito: “Ano'ng sinabi sa iyo ni Eliseo?” Sumagot siya: “Sinabi niya na tiyak na gagaling kayo.”<sup>15</sup> Ngunit kinabukasan, kumuha si Hazael ng isang balabal, itinubog sa tubig, at itinakip sa mukha ng hari hanggang iyon ay mamatay. Kaya si Hazael ang humalili bilang hari ng Aram.

### Yoram, hari ng Juda

<sup>16</sup>Sa ikalimang taon ng paghahari sa Israel ni Yoram na anak ni Ahab, nagsimula namang maghari sa Juda si Yoram na anak ni Yosafat. <sup>17</sup>Tatumpu't dalawang taon siya nang mag-simulang maghari at walong taon naman siyang naghari sa Jerusalem. <sup>18</sup>Sumunod siya sa mga yapak ng mga hari ng Israel at umasal tulad ng angkan ni Ahab dahil pinakasalan niya ang anak ni Ahab. Kaya hindi siya naging kalugud-lugod kay Yawe. <sup>19</sup>Subalit ayaw wasakin ni Yawe ang Juda alang-alang sa kanyang lingkod na si David, ayon sa kanyang pangakong pananatilihang lagim may sindi ang ilawan nito, na mga inapo ni David ang tinutukoy.

<sup>20</sup>Sa kapanahunan niya naghimagsik ang mga Edomita laban sa paghahari ng Juda, at nagtatalaga sila ng sarili nilang hari. <sup>21</sup>Sinalakay ni Yoram ang lunsod ng Zair kasama ang lahat niyang karwaheng-pandigma. Nang siya at ang kanyang mga pinunong pangkarwahe ay mapaligiran ng mga Edomita, kumilos siya kinagabihan at nakalabas. <sup>22</sup>Ngunit nagtakbuhang pauwi ang kanyang mga sundalo. Kaya naghimagsik pa rin hanggang ngayon ang Edom laban sa Juda. Naghimagsik din noon ang siyudad ng Libna.

<sup>23</sup>Ang iba pang tungkol kay Yoram, ang kanyang ginawa at kagitangan ay nasa *Mga Pangyayari sa Mga Hari ng Juda*.

<sup>24</sup>Nahimlay si Yoram sa piling ng kanyang mga ninuno, at inililing sa lunsod ni David. At si Ocozias na kanyang anak ang nagharing ka-halili niya.



**Ocozias, hari ng Juda**

<sup>25</sup>Nagsimulang maghari sa Juda si Ocozias na anak ni Yoram sa ikalabindalawang taon ng paghahari sa Israel ni Yoram na anak ni Ahab. <sup>26</sup>Dalawampu't dalawang taon si Ocozias nang magsimulang maghari, at isang taon naman siyang naghari sa Jerusalem. Ang kanyang ina ay si Atalia na anak ni Omring hari ng Israel. <sup>27</sup>Sumunod siya sa mga yapak ni Ahab at ginawa ang masama sa paningin ni Yawe gaya ng angkan ni Ahab, sapagkat kamag-anak siya ni Ahab. <sup>28</sup>Sumama siya kay Yoram na anak ni Ahab para makipagdigma sa Ramot ng Galaad kay Hazael na hari ng Aram. Ngunit nasugatan si Yoram ng mga Arameo <sup>29</sup>kaya nagbalik siya sa Jezrael mula sa Ramot para magpagaling sa kanyang mga sugat. Hindi nagtagal, nagpunta sa Jezrael si Ocozias na hari ng Juda para dalawin siya habang nagpapagaling.

**Itinalagang hari si Yehu**

**9** <sup>1</sup>Tinawag ni Propeta Eliseo ang isang nasa samahan ng mga propeta at sinabi: "Maghanda ka't pumunta sa lunsod ng Ramot sa Galaad at dalhin ang bote ng langis na ito. <sup>2</sup>Hanapin mo roon si Yehung anak ni Yosafat na anak naman ni Nimsi. Ihiwalay mo siya sa kanyang mga kasama at samahan sa isang lugar na malayo sa kanila. <sup>3</sup>Doon, kunin mo ang bote at ibuhos ang langis sa kanyang ulo at sabihin: 'Pinahiran ka ni Yawe bilang hari ng Israel.' At buksan mo ang pinto at agad kang tumakas." <sup>4</sup>Kayat pumunta sa Ramot ang binatang ito.

<sup>5</sup>Dinatnan niyang magkakasamang nakaupo ang mga pinuno ng hukbo, at sinabi niya: "Kailangan kitang makausap, pinuno." Nagtanong si Yehu: "Sino sa amin?" Sumagot siya: "Ikaw, pinuno." <sup>6</sup>Tumayo si Yehu at pumasok sa bahay.

At ibuhos ng binata ang langis sa ulo ni Yehu at sinabi sa kanya: "Pinahiran ka ni Yaweng Diyos ng Israel bilang hari ng bayang Israel. <sup>7</sup>Ibabagsak mo ang mga hari ng angkan ni Ahab para maipaghiganti ko ang dugo ng aking mga lingkod,

ang mga propetang pinatay ni Izebel. <sup>8</sup>Ubusin ko ang angkan ni Ahab at malilipol ang lahat ng lalaki sa kanila. <sup>9</sup>Matutulad sa mga angkan ni Yeroboam at ni Baasa ang angkan ni Ahab. <sup>10</sup>At tungkol naman kay Izebel, walang maglilibing sa kanya, lalamunin siya ng mga aso sa bukid ng Jezrael." At binuksan ng binata ang pinto at tumakas.

<sup>11</sup>Lumabas si Yehu at bumalik sa mga pinuno ng hari. Sinabi nila sa kanya: "Ano'ng nangyari? Ba't ka ba tinawag ng lokong iyon?" <sup>12</sup>Sumagot si Yehu: "Kilala ninyo ang lalaking 'yon at alam din ninyo kung ba't siya naparito." At sinabi nila: "Wala kaming alam. Sabihin mo sa amin ang sinabi niya sa iyo." Sumagot siya: "Ito ang sinabi niya, walang labis, walang kulang: Pinahiran ka ni Yawe bilang hari ng Israel."

<sup>13</sup>At kinuha ng lahat ng pinunong kasama ni Yehu ang kanilang mga balabal at inilagay sa isang platapormang kahoy na korteng trono. At kasabay ang tunog ng mga trumpeta, ipinahayag nilang: "Hari si Yehu!"

<sup>14</sup>Ganoon nakipagsabwatan laban kay Yoram si Yehung anak ni Yosafat na anak naman ni Nimsi. Ipinagtatanggal noon ni Yoram at ng mga Israelita ang lunsod ng Ramot sa Galaad laban kay Hazael na hari ng Aram. <sup>15</sup>At nakabalik na noon si Yoram sa Jezrael para magpagaling sa mga sugat na natamo niya sa labanan.

Sinabi ni Yehu: "Kung mabuti sa palagay ninyo, huwag ninyong palabasin ang sinuman mula sa lunsod at baka nila babalaan ang hari sa Jezrael." <sup>16</sup>Sumakay si Yehu sa kanyang karuwahe at nagpa-Jezrael. Naroon si Yoram na may sakit na dinalaw ni Ocozias na hari ng Juda. <sup>17</sup>Nakita ng tanod na nasa tore ng Jezrael na dumarating ang mga tauhan ni Yehu kayat sinabi niya: "May natatanaw akong isang pangkat." Sinabi ni Yoram: "Kunin mo ang iyong kabayo at mangabayo para salubungin sila, at itanong mo kung may ibabalita sila."

<sup>18</sup>Lumabas nga ang lalaki para salubungin

• 9.1 Habang patuloy na naghahari sa Juda Oang mga inapo ni David, sunud-sunod naman ang mga kudeta sa Israel. Si Eliseo ang nag-utos na pahiran ng langis o italaga si Yehu.

sila at sinabing: “Sinugo ako ng hari para ita-nong kung may ibabalita kayo.” Sumagot si Yehu: “Huwag kang mag-alala sa balita. Halika sa likuran ko at sumunod sa akin.” At kaagad nag-ulat ang bantay: “Nakarating sa kanila ang sugo pero hindi pa bumabalik.”

<sup>19</sup> Nagpadala sila ng isa pang sugo na pu-munta sa kanila at nagsabi: “Gustong malaman ng hari kung may ibabalita kayo.” At muling sumagot si Yehu: “Huwag kang mag-alala sa balita, pumunta ka sa likuran ko at sumunod sa akin.” <sup>20</sup> Muling nag-ulat ang bantay: “Nakarating na siya sa kanila pero hindi pa siya buma-balik. Ngunit parang si Yehung anak ni Nimsi siya kung mangabayong pagkat para siyang baliw kung magpatakbo.”

<sup>21</sup> Kaya sinabi ni Yoram: “Ihanda ang mga kabayo ng aking karwahe.” At magkasamang lumabas na sakay ng kanya-kanyang karwahe sina Yoram na hari ng Israel at Ocozias na hari ng Juda para salubungin si Yehu. Sinalubong nila ito sa bukid ni Nabot sa Jezrael.

### Patayan sa angkan ni Ahab

<sup>22</sup> Nang makita ni Yoram si Yehu, itina-nong niya: “Kapayapaan ba ang dala mo, Yehu?” Sumagot si Yehu: “Anong kapa-yapaan ang pinagsasasabi mo gayong patuloy ang pagpapabayad sa lalaki at maraming pangkukulam ng ina mong si Izebel?” <sup>23</sup> Kaya pinabalik ni Yoram ang kanyang karwahe at tumakas, habang sinasabi kay Ocozias: “Kataksilan, Ocozias!”

<sup>24</sup> At ubos-lakas namang binanat ni Yehu ang kanyang pana at tinira si Yoram sa likod – tumagos sa puso nito ang pala-so. At patay na bumagsak si Yoram sa kanyang karwahe.

<sup>25</sup> Sinabi ni Yehu kay Bidkar na tagapagdala niya ng kalasag: “Kunin mo ang bangkay at itapon sa bukid ni Nabot na taga-Jezrael sa-pagkat natatandaan mo, nang magkasama ta-yong naglilingkod sa kabayuhan ng kanyang amang si Ahab, ibinaba na ni Yawe ang hatol na ito laban sa kanya: <sup>26</sup> ‘Sa bukid na ito, pagba-

bayarin nga kita sa dugo ni Nabot at sa dugo ng kanyang mga anak na nakita kong pinadanak mo kahapon.’ Kaya, kunin mo ang bangkay at itapon sa bukid ayon sa salita ni Yawe.

<sup>27</sup> Nang makita ito ni Ocozias na hari ng Juda, tumakas siya pa-Bet-Hagan. Hinabol siya ni Yehung sumisigaw: “Patayin din siya!” At tinamaan siya ng mga sundalo sa kanyang karwahe paahon sa Gur na malapit sa Ibleam. Nakatakas siya pa-Megiddo, at doon namatay. <sup>28</sup> Ikinarwahe namang pa-Jerusalem ng kanyang mga alipin ang kanyang bangkay at inilibing siyang kasama ng kanyang mga ninuno sa lunsod ni David. <sup>29</sup> Naghari sa Juda si Ocozias sa ikalabing-isang taon ni Yoram na anak ni Ahab.

### Namatay si Izebel

• <sup>30</sup> Pinasok ni Yehu ang lunsod ng Jezrael. Nang malaman ito ni Izebel, kinulayan niya ang kanyang mga mata, nilagyan ng palamuti ang leeg at dumungaw sa bintana. <sup>31</sup> Pumapasok si Yehu sa pintuan nang sabihin ni Izebel: “Kapayapaan ba ang dala mo? Di ba’t mapapasaiyo ang kapalaran ni Zimri matapos mong patayin ang iyong panginoo?”

<sup>32</sup> Tumingala si Yehu sa bintana at sumigaw: “Sino ang kakampi ko?” Dalawa o tatlong kapon ang tuminging sa kanya. <sup>33</sup> Iniutos ni Yehu: “Ihulog siya!” Inihagis nila si Izebel sa labas ng bintana, at tumilamsik ang kanyang dugo sa mga pader at sa mga kabayo, at sinagasaan siya ni Yehu ng karwahe.

<sup>34</sup> Pumasok si Yehu sa Jezrael. Pagkatapos niyang kumain at uminom ay iniutos niya: “Bahala na kayo sa kasumpa-sumpang babaeng ’yan, at ilibing siya dahil anak siya ng hari.” <sup>35</sup> Pinuntahan nila ito para ilibing pero wala na silang natagpuan kundi ang mga kamay, mga paa at bungo. <sup>36</sup> Nang ibalita nila iyon kay Yehu ay sinabi niya: “Ito nga ang sinabi ni Elias ng Tisbe sa ngalan ni Yawe: ‘Sa

• 30. Hanggang magaling na militar lamang si Yehu. At parang hindi siya nagtagumpay sa kanyang mga pakikipagdigma at nawala sa kanya ang probinsya sa silangan ng Jordan na lupain ng Galaad.

Pero tapat siya sa pananampalataya (tingnan 10:22) at sa paglilingkod kay Yawe. At siya ang inasaahang

su-yugo sa lahat ng impluwensya ng mga relihiyong bangyong pinapasok ni Izebel. At ito nga ang kanyang ginawa.

Namatay si Izebel na siyang magiging pinakahalimbawa ng babaeng di-makadiyos at pumatapat sa mga lingkod ng Diyos (tingnan Pag 2:20).

parang ng Jezrael, lalamunin ng mga aso si Izebel.<sup>37</sup> Magsisilbing pataba sa lupa ang kanyang bangkay para walang maka-pagsabing 'Ito si Izebel.'

#### Walang natira sa angkan ni Ahab

**10** <sup>1</sup> Sa Samaria nakatira ang pitumpung anak na lalaki ni Ahab. Kaya sumulat si Yehu ng mga liham na ipinadala sa Samaria, sa mga pinuno ng lunsod, sa mga hukom at sa mga tagapag-alaga ng mga anak ni Ahab. Sinabi niya: <sup>2</sup> "Sa sandaling matanggap ninyo ang liham na ito, dahil nasa inyo ang mga anak ng hari, ang kanyang mga karwaheng-pandigma at mga kabayo, napapaderang lunsod at mga sandata, <sup>3</sup> piliin ninyo ang pinakamagaling na anak ng inyong panginoon at iluklok sa trono ng kanyang ama; at humanda kayong ipagtanggol ang angkan ng inyong panginoon."

<sup>4</sup> Nasindak sila at sinabi: "Kung walang nagawa sa kanya ang dalawang hari, tayo pa kaya?" <sup>5</sup> Ipinadala ng tagapamahala ng palasyo, ng komandante ng lunsod, ng mga hukom at mga guro ang kasagutang ito kay Yehu: "Mga alipin mo kami, at gagawin namin ang lahat ng sasabihin mo. Wala kaming hihirangang hari; gawin mo ang mabuti sa palagay mo."

<sup>6</sup> At nagpadala ng ikalawang liham si Yehu na nagsasabing "Kung kakampi ko kayo at kabilang sa mga sumusunod sa akin, kunin ninyo ang mga ulo ng mga anak ng hari na inyong panginoon, at punitahan ninyo ako sa Jezrael sa ganito ring oras bukas."

Pitumpu ang anak na lalaki ng hari at nagsilaki ang mga iyon sa mga bahay ng mga kilalang pamilya ng lunsod.

<sup>7</sup> Pagdating sa kanila ng liham na ito, dinakip nila ang mga anak ng hari, pinugutan ng ulo ang pitumpu at inilagay ang mga ulo sa mga bakol at ipinadala sa Jezrael. <sup>8</sup> Pumunta ang sugo kay Yehu at sinabi: "Hayan ang mga ulo ng mga anak ng hari na ipinadala nila sa iyo." Sumagot siya: "Ilagay na dalawang tumpok ang mga iyan sa bungad ng pintuan ng Jezrael hanggang bukas ng umaga."

<sup>9</sup> Kinaumagahan, lumabas si Yehu at sinabi sa bayan: "Maging makatarungan kayo, sabihin ninyo sa akin: kung ako ang nakipagsabwatan laban sa aking hari at pumatay sa kanya, sino naman ang pumugot sa lahat ng ito?" <sup>10</sup> Kaya alamin ninyo na wala ni isa mang salita ni Yawe laban sa angkan ni Ahab na di nagkabisa. Natupad ang lahat ng kanyang sinabi sa pamamagitan si Elias na kanyang lingkod."

<sup>11</sup> At pinatay ni Yehu ang lahat ng nanatiling tapat kay Ahab sa Jezrael – lahat ng kanyang ministro, kamag-anak, pari – at walang itinirang buhay. <sup>12</sup> At pumunta siya sa Samaria. Sa Bet-Eked ng Mga Pastol, <sup>13</sup> nasalubong niya ang mga kapatid na lalaki ni Ocozias na hari ng Juda. Tinanong niya ang mga ito: "Sino kayo?" Sumagot sila: "Mga kapatid kami ni Ocozias, at babatin namin ang mga anak ng hari at reyna." <sup>14</sup> Sinabi ni Yehu: "Hulihin silang buhay." Hinuli nga silang buhay at pinugutan ng ulo sa tabi ng balon ng Bet-Eked. Apatnapu't dalawang lalaki sila at walang natirang buhay.

<sup>15</sup> Pag-alis niya roon, nasalubong niya si Yonadab na anak ni Rekab na lumabas para sa lubungin siya. Binati siya ni Yehu at sinabi: "Maging tapat ka ba sa akin gaya ng pagiging tapat ko sa iyo?" Sumagot si Yonadab: "Oo." Sinabi ni Yehu: "Akin na ang kamay mo." Iniabot ni Yonadab ang kanyang kamay at pinasakay siya ni Yehu sa karwahe. <sup>16</sup> Sinabi ni Yehu: "Sumama ka sa akin at makikita mo ang aking sigasig para kay Yawe." At sakay nga niya ito sa kanyang karwahe.

<sup>17</sup> Pagdating sa Samaria, pinatay ni Yehu ang lahat ng nalabing tapat kay Ahab sa lunsod na iyon at wala siyang iniwang buhay. Kaya nagkatotoo ang salita ni Yawe na inihayag sa pamamagitan ni Elias.

<sup>18</sup> Tinipon ni Yehu ang lahat ng tagaroon at sinabi: "Naglingkod si Ahab sa Baal pero higit pa ang aking paglilingkod." <sup>19</sup> At idinugtong niya: "Magtipan ang lahat ng propeta ng Baal, lahat ng matatapat niyang tagasunod at mga pari. Pumarito ang lahat sa paghahandog na iaalay ko sa Baal. Mamamatay ang sinumang dipumunta." Naging tuso si Yehu sa paggawa nito sapagkat disidido siyang patayin ang lahat ng matapat kay Baal. <sup>20</sup> Sinabi ni Yehu: "Magdeklara ng banal na pagtitipan para sa Baal." <sup>21</sup> At nagpadala naman si Yehu ng mga sugo sa buong Israel para makapunta ang lahat ng tapat sa Baal at walang maiwang sinuman.

Nang pumasok sila sa templo ng Baal, halos hindi na sila makatuntong sa lupa sa dami ng tao. <sup>22</sup> At iniutos ni Yehu sa mga nag-iingat ng mga damit na ilabas ang mga sagradong damit na nakalaan para sa mga tapat sa Baal para maipamahagi sa kanila. <sup>23</sup> Kasama si Yehu ni Yonadab na anak ni Rekab, at sinabi niya sa mga tapat sa Baal: "Tiyaking walang tapat kay Yawe na nakapasok ditong kasama ninyo, na walang narito kundi mga lingkod lamang ng Baal."

<sup>24</sup> At may pumasok para ialay ang mga susununging handog. Ngunit nagtalaga si Yehu



ng walumpung taunan sa labas, at sinabi sa kanila: “Magbubuwis ng sariling buhay ang sinumang magpatakas sa mga ibibigay sa inyong mga kamay.”<sup>25</sup> Nang matapos ang paghahandog, iniutos ni Yehu sa mga sundalo at opisyal: “Pumasok kayo at patayin silang lahat, walang palalabasing sinuman.” Kaya pumasok sila at pinagsasaksak ang lahat, at nakapasok sila hanggang sa santuwaryo ng bahay ng Baal.<sup>26</sup> Hinugot nila ang sagradong poste sa bahay ng Baal at sinunog iyon.<sup>27</sup> Winasak nila ang altar at giniba ang templo, na naging tambakan ng basura hanggang sa panahong ito.

<sup>28</sup> Kaya pinawi ni Yehu ang pangalan ng Baal sa Israel.<sup>29</sup> Ngunit hindi lumayo si Yehu sa mga kasalanan ni Yeroboam na anak ni Nabat, na nagbulid sa Israel sa pagkakasala, sapagkat iningatn nila ang mga gintong guya ng Betel at Dan.<sup>30</sup> Sa kabila nito’y sinabi ni Yawe kay Yehu: “Sapagkat naging magaling ka sa paggawa ng matuwid sa aking paningin at ginawa mo sa sambayanan ni Ahab ang ayon sa aking ka-looban, luluklok sa trono ng Israel ang iyong mga anak hanggang sa ikapat na salinlahi.”<sup>31</sup> Ngunit hindi naging ganap ang pagsunod ni Yehu sa Batas ni Yawe dahil hindi niya tinalikuran ang mga kasalanan ng ipinagawa ni Yeroboam sa Israel.

<sup>32</sup> Nang mga panahong iyon, sinimulang paliitin ni Yawe ang lupain ng Israel, at nilupig ni Hazael ang mga Israelita sa lahat nilang nasasakupan<sup>33</sup> mula Jordan hanggang sa Silangan, ang buong lupain ng Galaad ng mga tribu ng Gad, Ruben, Manases, mula Aroer sa tabi ng Ilog Arnon, ang buong lupain ng Galaad at Basan.

<sup>34</sup> Ang iba pang tungkol kay Yehu, ang lahat niyang ginawa at ang kanyang kagitingan ay nasa *Mga Pangyayari sa Mga Hari ng Israel*.<sup>35</sup> Pagkamatay ni Yehu, inilibing siya sa Sama-

ria, at ang kanyang anak na si Yoacaz ang humalili sa kanya bilang hari.<sup>36</sup> Dalawampu’t walong taong naghari si Yehu sa Israel sa Samaria.

### Si Atalia sa Juda

**11** <sup>1</sup> Nang makita ni Ataliang ina ni Ocozias na patay na ang kanyang anak, ipinasya niyang lipulin ang lahat ng inapo ng hari.<sup>2</sup> Ngunit kinuha ni Yosabang anak na babae ni Haring Yoram at kapatid ni Ocozias ang pamangkin niyang si Yoas at inihwalay sa ibang mga anak ng hari na papatayin na, at dinala sa silid-tulugan kasama ang yaya nito.<sup>3</sup> Kaya naitago ang bata kay Atalia, na naligtas ito. Anim na taong nagtago si Yoas sa Bahay ni Yawe habang naghahari si Atalia sa lupain.

<sup>4</sup> Sa ikapitong taon, ipinatawag ng punong-paring si Yoyada sa Bahay ni Yawe ang mga pinuno ng mga bantay ng palasyo at ng mga Kariteo. Matapos makipagkasunduan sa kanila, at pagkapanumpa nila, ipinakita niya sa kanila ang anak ng hari.

<sup>5</sup> At inatasan niya ang mga ito: “Ang sangkatlo ng inyong mga tauhang naglilingkod sa Araw ng Pahinga ang magtatanod sa bahay ng hari,<sup>6</sup> sa Pintuan ng Pundasyon naman ang isa pang ikatlong bahagi at sa pintuan sa likuran ang huling sangkatlo. Magrerelyebo sila sa pagbantay sa bahay.<sup>7</sup> Para naman sa mga hindi naman nanunungkulan sa Araw ng

• **11.1.** Anak nina Ahab at Izebel si Atalia. Nang ma-matay ang kanyang anak na si Ocozias na hari ng Juda, binalak niyang agawin ang kapangyarihan sa pagpatay sa lahat ng kanyang apo. Kung magkakagaya’y mangangahulugan ng katapusan ng lahi ni David ang tagumpay ni Atalia, at bigo ang mga pangako ni Yawe. Subalit mahimalang nakatakas si Yoas sa kamatayan. Makalipas ang anim na taon, bumuo ng isang pakana ang pinuno ng mga pari sa tulong ng “sambayanan sa lupain” o ng mga taong malaya na may lahat ng karapatan bilang mamamayan (14, 18, 19...). Ang mga ito ang nanatiling tapat sa angkan ni David.

Maraming beses na ipinakikita ng kasaysayan kung paanong ang sambayanan ang siyang nagligtas sa pananampalataya sakaling bigo ang mga nasa kapang-

yarihan. Kaya sa ikaapat na dantaon pagkarating ni Kristo, tinanggap ng maraming obispong naimpluwensiyahan ng emperador Romano ang mga pagkakamali ni Arius na tumatangging Diyos si Kristo. Sa isang iglesyang ang autoridad ay galing sa itaas ngunit sa katunaya’y ang emperador ang pumili ng mga obispo, waring walang pag-asa ang sitwasyon sa kabila ng ilang dakilang obispo gaya nina San Hilario at San Atanacio. Ang pagtutol naman ng sambayanang Kristiyano ang nagbigay-katiyakan sa tagumpay ng pananampalataya.

Inalalik din naman ng pinuno ng mga pari ang batang hari sa trono at sinikap na bigyan ng tamang direksyon. Isang kasunduan ang pinagtibay na nangangako ang sambayanan at ang hari na magiging tapat sa Tipan ni Yawe.

Pahinga – dalawang pangkat sa kanila ang magbabantay sa Bahay ni Yawe at kay Haring Yoas. <sup>8</sup>Mananatili kayo sa kanyang tabi na may hawak na sandata ang bawat isa, at patayin ninyo ang sinumang pumasok sa inyong hanay. Pangalagaan ninyo ang hari saanman siya magpunta.”

<sup>9</sup>Ginawa nga ng mga pinuno ng mga bantay ang sinabi sa kanila ng punong-paring si Yoyada, at dumating silang kasama ang lahat nilang tauhan, ang mga hindi manunungkulan sa Araw ng Pahingang, pati ang mga maglilingkod sa araw na iyon. <sup>10</sup>Ipinagkatiwala ni Yoyada sa mga pinuno ang mga sibat at kalasag ni Haring David na nasa Bahay ni Yawe. <sup>11</sup>At pumuwesto ang mga bantay mula sa timog na sulok ng Bahay hanggang hilaga, sa paligid ng altar at ng Bahay ni Yawe.

<sup>12</sup>At inilabas ng paring si Yoyada ang anak ng hari, pinutungan ng korona at sinuutan ng mga pulseras, at inihayag at pinahiran bilang hari. Nagpalakpakang ang lahat, nagsigawan at sinabi: “Mabuhay ang Hari!”

<sup>13</sup>Nang marinig ni Atalia ang pag-iingay ng mga tao, nilapitan niya ang mga taong nakapaligid sa Bahay ni Yawe. Nakatayo ang hari sa tabi ng haligi, ayon sa kaugalian at kasama niya ang mga pinuno at mga taga-hip ng trumpeta. Masayang-masaya ang mga mamamayan at hinihingan ang kanilang mga trumpeta. <sup>14</sup>Pagkakita nito, winarak ni Atalia ang kanyang damit at sumigaw: “Katakasilan, kataksilan!”

<sup>15</sup>Iniutos ng paring si Yoyada sa mga pinuno: “Paligiran siya at ilabas sa patyo, at patayin ang sinumang magtatangkang

magtanggol sa kanya.” Ganito ang iniutos niya dahil naisip niyang “Hindi siya dapat mamatay sa Bahay ni Yawe.”

<sup>16</sup>Hinuli nila si Atalia, at pagdating sa palasyo ng hari sa tabi ng pasukan ng mga kabayo ay saka siya pinatay.

<sup>17</sup>Pinagtipan ni Yoyada si Yawe, ang hari at ang bayan upang sila ang maging bayan ni Yawe. Pumunta sa templo ng Baal ang lahat ng mamamayan at giniba iyon. <sup>18</sup>Dinurog nila ang mga altar at mga diyus-diyusan at pinatay si Matang pari ng Baal sa harap ng kanyang altar.

At naglagay ng mga bantay ang paring si Yoyada sa buong Bahay ni Yawe. <sup>19</sup>Isinama niya ang mga pinuno, mga bantay ng hari, mga bantay na Kariteo at ang mga mamamayan, at sinamahan nila ang hari sa palasyo, at pumasok sila sa Pinto ng Mga Bantay. Lumuklok sa trono ng hari si Haring Yoas.

<sup>20</sup>Nagalak ang lahat ng mamamayan at naging panatag ang lunsod. Pinatay naman sa tabak si Atalia sa palasyo ng hari.

### Paghahari ni Yoas sa Juda

**12** <sup>1</sup>Pitong taon si Yoas nang magsimulang maghari. <sup>2</sup>Ikapitong taon ni Yehu noon, at apatnapung taong naghari si Yoas sa Jerusalem. Si Sibia ng Beer-seba ang kanyang ina. <sup>3</sup>Ginawa ni Yoas ang kalugud-lugod sa paningin ni Yawe habang pinapatnubayan siya ng paring si Yoyada. <sup>4</sup>Ngunit hindi inalis ang mga altar sa burol at patuloy na nag-alay roon ng mga handog at nagsunog ng insenso ang mga tao.

<sup>5</sup>Sinabi ni Yoas sa mga pari: “Tanggapin ninyo ang lahat ng pera mula sa mga sagradong abuloy ng mga taong pumupunta para mag-alay sa Bahay ni Yawe, ang perang nakolekta, ang perang inihandog bilang pansariling pa-

• **12.1** Isinasalaysay ng sumusunod na anim na kabanata ang buhay ng mga kaharian ng Israel at Juda mula kay Yoas hanggang sa pagkawasak ng kaharian ng Israel (na kaharian sa hilaga) noong 721 bago dumating si Kristo. Tumagal ito nang mahigit sa sandaang taon.

Nagkaroon ng apat na hari lamang ang Jerusalem na kabisera ng Juda. Naghari ng tig-apatnapung taon ang unang dalawa.

Maraming pagkatalo naman sa simula ang naranasan ng mga anak ni Yehu sa Israel. Ang kanyang apo sa tuhod, si Yeroboam II, ang magkakamit ng panahon ng kasaganaan sa kanyang mga tagumpay. Samantalá’y patuloy sa pananakop ang makapangyarihang mga hari ng Asur sa lahat ng dako. Di magtatagal at manganganib ang Israel sa kanilang mga hukbo at kapangyarihan.

nata, ang malaya at kusang-loob na ibinigay sa Bahay ni Yawe. <sup>6</sup>Makatatanggap ang bawat isa mula sa kanyang panunungkulan ngunit kailangang ipaayos ninyo ang Bahay ni Yawe saan man may makitang anumang pinsala.”

<sup>7</sup>Ngunit sa ikadalawampu't tatlong taon ng paghahari ni Yoas, hindi pa rin naipaaayos ng mga pari ang Bahay ni Yawe. <sup>8</sup>Kaya ipinatawang ng hari ang paring si Yoyada kasama ang iba pang pari, at sinabi sa kanila: “Bakit hindi pa ninyo naipaaayos ang Bahay? Mula ngayon, hindi na kayo tatanggap ng pera sa inyong panunungkulan, kundi ilalaan iyon para sa pagpapapaayos ng Bahay.” <sup>9</sup>Pumayag ang mga pari na hindi na sila tatanggap ng pera sa mga tao at sila mismo ang mamamahala sa pagpapapaayos ng Bahay. <sup>10</sup>Kaya nagpagawa ang paring si Yoyada ng isang kahon na may butas sa takip. Inilagay niya iyon sa tabi ng altar, sa gawing kanan sa pagpasok sa Bahay ni Yawe, at doon inilagay ng mga paring nasa may mga pintuan ang lahat ng perang inialay sa Bahay ni Yawe.

<sup>11</sup>Tuwig makikita nilang puno na ang kahon, isang kalihim ng hari ang darating at kasama ang punong-pari ay kukunin nila at bibilangin ang pera. <sup>12</sup>At ibibigay naman nila ang nabilang na pera sa mga namamahala sa pagpapapaayos sa Bahay, na sila namang nagbabayad mula sa perang ito sa mga karpintero at tagalatatag ng tisa. <sup>13</sup>Mula rin sa perang ito nila kinukuha ang pambili ng bato, kahoy at lahat ng kailangan sa pagpapapaayos sa Bahay ni Yawe. <sup>14</sup>Ngunit hindi ginamit sa pagpapagawa ng mga pilak na planggana, panggupit ng mitsa, mangkok, trumpeta, o anumang bagay na ginto o pilak ang perang ibinigay para sa Bahay ni Yawe, <sup>15</sup>kundi ginamit na lahat para bayaran ang mga nag-aayos sa Bahay ni Yawe. <sup>16</sup>Hindi hinihingan ng kuwenta ang mga namamahala sa pagbabayad sa mga manggagawa, sapagkat gumagawa sila nang buong tapat. <sup>17</sup>Ang pera lamang na iniaalay na hain para sa utang at hain para sa kasalanan ang para sa mga pari.

<sup>18</sup>Umahon noon si Hazeal na hari ng Aram para salakayin ang Gat. Nasakop niya iyon at bumaling naman pa-Jerusalem. <sup>19</sup>Kaya kinuha ni Yoas na hari ng Juda ang lahat ng mahalagang bagay na ibinukod at inialay ng kanyang mga ninunong sina Yosafat, Yoram at Ocozias na mga hari ng Juda; pati ang lahat ng inialay niya, at lahat ng gintong makita niya sa kabang-yaman ng Bahay ni Yawe at sa bahay ng hari. At ipinadala niya ang mga ito kay Hazeal na hari ng Aram na umalis naman sa Jerusalem na dala ang mga ito.

<sup>20</sup>Ang iba pang tungkol kay Yoas at lahat

niyang ginawa ay nasa *Mga Pangyayari sa Mga Hari ng Juda*.

<sup>21</sup>Nagsabwatan laban sa kanya ang ilan sa kanyang mga pinuno at pinatay siya sa Bet-Milo habang papunta siya sa Sila. <sup>22</sup>Sina Yozakar na anak ni Simet at Yosabad na anak ni Somer ang pumatay sa kanya. Inilibing siya kasama ng kanyang mga ninuno sa lunsod ni David, at si Amasias na kanyang anak ang humalili sa kanya bilang hari.

### Paghahari ni Yoacaz sa Israel

**13** <sup>1</sup>Sa ikadalawampu't tatlong taon ng paghahari sa Juda ni Yoas na anak ni Ocozias, nagsimula namang maghari si Yoacaz na anak ni Yehu sa Israel sa Samaria; labimpitong taon siyang naghari. <sup>2</sup>Ginawa niya ang masama sa paningin ni Yawe at hindi niya tinalikuran kundi patuloy pang ginawa ang mga kasalanan ni Yeroboam na anak ni Nabat, na nagbulid sa Israel sa pagkakasala. <sup>3</sup>Kaya nagapoy ang galit ni Yawe sa Israel, at sa buong panahong iyo'y ipinaubaya sila ni Yawe sa mga kamay ni Hazeal na hari ng Aram at ni Ben-Hadad na anak ni Hazeal.

<sup>4</sup>Ngunit nanalangin si Yoacaz kay Yawe, at pinakingnan siya nito sapagkat nakita ni Yawe ang kaapihan ng Israel, kung paano sila inaapi ng hari ng Aram. <sup>5</sup>At binigyan ni Yawe ang Israel ng isang tagapagligtas na nagpalaya sa kanila sa pang-aapi ng Aram, kayat muling namuhay nang panatag ang mga Israelita sa kanilang mga tahanan, tulad nang dati.

<sup>6</sup>Ngunit hindi nila tinalikuran ang mga kasalananang ipinagawa ni Yeroboam sa Israel at maging ang sagradong poste ay nanatili pa ring nakatayo sa Samaria. <sup>7</sup>Walang natira sa hukbo ni Yoacaz kundi limampung mangangabayo, sampung karwaheng-pandigma at sampunlibong sundalo sapagkat nilipol ng hari ng Aram ang lahat at pinalis na parang alikabok.

<sup>8</sup>Ang iba pang tungkol kay Yoacaz, lahat ng kanyang ginawa at ang kanyang kagitingan ay nasa *Mga Pangyayari sa Mga Hari ng Israel*. <sup>9</sup>Nahimlay si Yoacaz sa piling ng kanyang mga ninuno, at inilibing sa Samaria. At si Yoas na kanyang anak ang nagharing kahalili niya.

### Yoas, hari ng Israel

<sup>10</sup>Sa ikatatumpu't pitong taon ng paghahari ni Yoas sa Juda, nagsimulang maghari si Yoas na anak ni Yoacaz sa Israel sa Samaria; labinganim na taon siyang naghari. <sup>11</sup>Ginawa niya ang masama sa paningin ni Yawe; hindi niya tinalikuran ang mga kasalananang ipinagawa sa Israel ni Yeroboam na anak ni Nabat. <sup>12</sup>Ang iba pang



tungkol kay Yoas, ang kanyang kagitingan at ang pakikipaglaban niya kay Amasias na hari ng Juda ay nasa *Mga Pangyayari sa Mga Hari ng Israel*.<sup>13</sup> Nahimlay si Yoas sa piling ng kanyang mga ninuno at inilibing sa Samaria kasama ng mga naging hari ng Israel. At si Yeroboam ang lumuklok sa kanyang trono.

#### Pagkamatay ni Eliseo

<sup>14</sup>Nang magkasakit nang malubha si Eliseo, na magdadala sa kanya sa kamatayan, pinuntahan siya ni Yoas na hari ng Israel at nanangis ito sa harap niya at sinabi: "Ama ko! Ama ko! Karwahe at mga kabayo ng Israel!"<sup>15</sup> Sinabi ni Eliseo sa kanya: "Kumuha ka ng pana at mga palaso." Kaya kumuha nga siya ng pana at mga palaso.<sup>16</sup> At sinabi ni Eliseo sa hari: "Ipatong mo ang iyong kamay sa pana," at ipinatong nga iyon ng hari. At ipinatong ni Eliseo ang kanyang kamay sa kamay ng hari,<sup>17</sup> at sinabi: "Buksan mo ang bintana sa gawing silangan." Binuksan ng hari ang bintana. At sinabi ni Eliseo: "Tudla!" At tumudla nga siya. Sinabi ni Eliseo: "Palaso ng tagumpay ni Yawe, palaso ng tagumpay laban sa Aram! Tatalunin mo ang Aram sa Afek hanggang lubusan mo itong mawasak!"<sup>18</sup> At idinugtong pa niya: "Kunin mo ang mga palaso." Kinuha nga niya. Sinabi ni Eliseo sa hari: "Itudla mo sa lupa." Tatlong beses na tumudla ang hari at tumigil.<sup>19</sup> Kaya nagalit sa kanya ang tao ng Diyos at sinabi: "Tumudla ka sana nang lima o anim na beses upang sa gayo'y matalo mo ang Aram hanggang mawasak mo ito nang lubusan. Ngunit ngayon, tatlong beses mo lamang matatalo ang Aram."

<sup>20</sup>Namatay si Eliseo at inilibing. At may sumalakay namang isang pangkat ng mga Moabita tulad ng ginagawa nila taun-taon.<sup>21</sup> May inilibing noon na isang patay. Pagkakita ng mga tao sa mga Moabita, agad nilang inihagis ang bangkay sa libingan ni Eliseo, at nagsitakas sila. Ngunit pagsayad na pagsayad ng bangkay ng lalaki sa mga buto ni Eliseo, nabuhay ang lalaki at tumayo.

<sup>22</sup>Inapi ni Hazael na hari ng Aram ang mga Israelita sa buong panahon ng paghahari ni Yoacaz.<sup>23</sup> Ngunit nahabag sa kanila si Yawe at nagmagandang-loob at nagpakita ng malasakit sa kanila dahil sa Pakikipagtipan niya kina Abraham, Isaac at Jacob, kayat ayaw niya silang lubusang wasakin o ipagtabuyang malayo sa kanyang mukha.<sup>24</sup> Namatay si Hazael na hari ng Aram, at ang kanyang anak na si Ben-Hadad ang nagharing kahalili niya.<sup>25</sup> At binawi naman kay Ben-Hadad ni Yoas na anak ni Yoacaz ang mga lunsod na inagaw ni Hazael kay Yoacaz.

Tatlong beses siyang nilupig ni Yoas, at nabawi nito sa kanya ang mga lunsod ng Israel.

#### Amasias, hari ng Juda

**14**<sup>1</sup> Sa ikalawang taon ng paghahari sa Israel ni Yoas na anak ni Yoacaz, nag-simula namang maghari si Amasias na anak ni Yoas na hari ng Juda.<sup>2</sup> Dalawampu't limang taon siya nang magsimulang maghari, at dalawampu't siyam na taon siyang naghari sa Jerusalem. Ang kanyang ina ay si Yoadin ng Jerusalem.<sup>3</sup> Ginawa niya ang tama sa paningin ni Yawe, ngunit hindi tulad ng kanyang amang si David kundi ang kanyang amang si Yoas ang tinularan niya.<sup>4</sup> Hindi pa rin inaalas ang mga altar sa mga burol, at patuloy pa rin ang mga tao sa pag-aalay ng mga handog doon at pagsusunog ng insenso.

<sup>5</sup>Nang matatag na ang kanyang paghahari, pinatay niya ang mga pinunong pumatay sa kanyang amang hari,<sup>6</sup> ngunit hindi niya pinatay ang mga anak ng mga mamamatay-tao bilang pagsunod sa nasusulat sa Batas ni Moises kung saan iniutos ni Yawe: "Hindi ninyo papatayin ang mga ama dahil sa kanilang mga anak, o ang mga anak dahil sa kanilang ama; kundi parusahan ang bawat isa dahil sa sariling pagkaka-sala."

<sup>7</sup>Nilupig ni Amasias ang sampunlibong Edomita sa Lambak ng Asin, at sinakop din ang Bato at tinawag iyong Yoktel na pangalan niyon hanggang ngayon.

<sup>8</sup>At nagpadala ng mga sugo si Amasias kay Yoas na anak ni Yoacaz na anak naman ni Yehu, na hari ng Israel, para sabihin dito: "Umahon ka rito at tingnan natin kung sino sa ating dalawa ang mas magaling."<sup>9</sup> Nagpadala ng sagot si Yoas na hari ng Israel kay Amasias na hari ng Juda: "Isang palumpong ng Lebanon ang nagpapasabi sa sedro ng Lebanon: 'Ibigay mo ang iyong anak na babae para maging asawa ng aking anak.' Ngunit dumaan ang mababangis na hayop ng Lebanon at niyurakan ang palumpong."<sup>10</sup> Nagmamalaki ka ngayon dahil nalupig mo ang mga Edomita. Makuentento ka na lamang sa iyong katanyagan at manahimik sa sarili mong bahay, at baka madisgrasya ka pa at ang bayan ng Juda."

<sup>11</sup>Ngunit hindi iyon pinakinggan ni Amasias, kaya umahon si Yoas na hari ng Israel, at hinarap niya ito sa Bet-sames ng Juda.<sup>12</sup> Nilupig ng Israel ang Juda, at nagsitakas paui ni bawat isa.<sup>13</sup> Hinuli ni Yoas na hari ng Israel si Amasias na anak ni Ocozias sa Bet-sames, at dinala sa Jerusalem.

Gumawa siya ng butas na dalawandaang metro ang luwang sa pader ng Jerusalem mula sa Pintuan ng Efraim hanggang sa Pintuan sa Panulukan. <sup>14</sup>Kinuha niya ang lahat ng ginto at pilak, lahat ng nakita niya sa Bahay ni Yawe at sa kabang-yaman ng bahay ng hari, pati mga bihag, at bumalik sa Samaria.

<sup>15</sup>Ang iba pang tungkol kay Yoas, ang kanyang kagitingan at ang pakikipaglaban niya kay Amasias na hari ng Juda ay nasa *Mga Pangyayari sa Mga Hari ng Israel*. <sup>16</sup>Nahimlay si Yoas sa piling ng kanyang mga ninuno, at inilibing sa Samaria kasama ng kanyang mga ninuno. At si Yeroboam na kanyang anak ang nagharing kahalili niya.

<sup>17</sup>Tungkol naman kay Amasias: nabuhay pa siya nang labinlimang taon pagkamatay ni Yoas na hari ng Israel. <sup>18</sup>Ang iba pang tungkol kay Amasias ay nasa *Mga Pangyayari sa Mga Hari ng Juda*. <sup>19</sup>May mga taong nagsabwatan laban sa kanya sa Jerusalem. Kaya nagtago si Amasias sa Lakis pero hinabol siya ng mga iyon at pinatay sa lunsod na iyon. <sup>20</sup>Ikinarwahe nila mula roon ang kanyang bangkay, at inilibing siya sa lunsod ni David, sa Jerusalem kasama ng kanyang mga ninuno. <sup>21</sup>At kinuha ng lahat ng mamamayan ng Juda si Ozias (Azarias) na labing-anim na taong gulang, at inihayag siyang hari bilang kahalili ng kanyang amang si Amasias. <sup>22</sup>Muli niyang itinayo ang Elat at ibinalik sa Juda, pagkamatay ng kanyang amang hari.

### Yeroboam II, hari ng Israel

• <sup>23</sup>Nagsimulang maghari sa Samaria si Yeroboam na anak ni Yoas na hari ng Israel sa ikalabinlimang taon ng paghahari ni Amasias na anak ni Yoas na hari ng Juda. Apatnapu't isang taon siyang naghari. <sup>24</sup>Ginawa niya ang magsama sa paningin ni Yawe. Hindi nga niya tinalikuran ang mga kasalanang ipinagawa sa Israel ni Yeroboam na anak ni Nabat. <sup>25</sup>Ibinalik niya sa dati ang hangganan ng Israel mula sa bungad ng Hamat hanggang sa Dagat na Patay ayon sa salita ni Yaweng Diyos ng Israel, sa pamamagitan ng kanyang lingkod na propetang si Jonas

• **14.23** Ang talatang ito lamang ang inilalaan ng Biblia para sa paghahari ni Yeroboam II na hari ng Israel (783-743) gayong siya ang nagpanumbalik ng kadakilaan at kasaganaan ng kaharian.

Pinakahuling pagmamagandang-loob lamang ng Diyos para sa hinamak na sambayanan niya ang nakikita ng awtor sa mga tagumpay ni Yeroboam II.

Ang kasaganaan namang iyon ang nagbigay-daan sa pagsasamantala sa sambayanan. Ito ang panahon ng pamamahayag nina Propeta Oseas at Amos sa kawalang-paniwala ng lahat na magiging maikli ang

na anak ni Amitai ng Gat-Hefer. <sup>26</sup>Nakita ni Yawe ang napakapait na paghihirap ng Israel, alipin man o malaya, at walang makatutulong sa Israel. <sup>27</sup>Ipinasya ni Yawe na huwag pawiin ang pangalan ng Israel sa silong ng langit, kayat iniligtas niya ang mga ito sa pamamagitan ng kamay ni Yeroboam na anak ni Yoas.

<sup>28</sup>Ang iba pang tungkol kay Yeroboam, lahat ng kanyang ginawa at kagitingan, ang pakikipaglaban niya at kung paano niya naibalik sa Israel ang Hamat at Damasco ay nasa *Mga Pangyayari sa Mga Hari ng Israel*. <sup>29</sup>Namatay si Yeroboam at inilibing kasama ng mga hari ng Israel. At si Zacarias na kanyang anak ang nagharing kahalili niya.

### Azarias, hari ng Juda

**15** <sup>1</sup>Nagsimulang maghari si Azarias na anak ni Amasias na hari ng Juda, sa ikadalawampu't pitong taon ng paghahari ni Yeroboam sa Israel. <sup>2</sup>Labing-anim na taon siya nang magsimulang maghari at limampu't dalawang taon siyang naghari sa Jerusalem. Si Yecolia na taga-Jerusalem ang kanyang ina.

<sup>3</sup>Ginawa niya ang tama sa paningin ni Yawe, gaya ng kanyang amang si Amasias. <sup>4</sup>Ngunit hindi pa rin giniba ang mga altar sa mga burol, at nagpatuloy ang mga tao sa pag-aalay ng mga handog doon at pagsusunog ng insenso.

<sup>5</sup>Pinarusahan siya ni Yawe. Nagkasakit siya ng ketong, at naging ketongin hanggang mamatay. Nakatira siya sa isang bukod na bahay, at si Yotam na kanyang anak ang namahala sa sambahayan ng hari at nakapangyari sa mga mamamayan.

<sup>6</sup>Ang iba pang tungkol kay Azarias at lahat niyang ginawa ay nasa *Mga Pangyayari sa Mga Hari ng Juda*. <sup>7</sup>Namatay si Azarias at inilibing sa lunsod ni David kasama ng kanyang mga ninuno. At si Yotam na kanyang anak ang humalili sa kanya.

### Mga huling hari ng Israel

• <sup>8</sup>Sa ikatatumpu't walong taon ng paghahari ni Azarias sa Juda, nagsimula namang

naturang kasaganaan sapagkat hindi ito nasasalig sa katarungan. Pagkamatay ni Yeroboam, palapit na sa wakas nito ang kaharian ng Samaria.

Sa kabilang dako nama'y patuloy ang pagkakahiwahiwalay sa relihiyon. Malayo ang mga Israelitang nasa hilaga mula sa sentro ng relihiyon sa Jerusalem, at hindi magagawang mapanatili ang kanilang pananamipalataya sa harap ng mga kaugaliang pagano.

• **15.8** Inilalarawan dito ang pagbagsak ng kaharian sa hilaga. Nabihag ang Samaria sa taong 721 bago

maghari sa Israel sa Samaria si Zacarias na anak ni Yeroboam. Anim na buwan siyong naghari. <sup>9</sup>Ginawa niya ang masama sa paningin ni Yawe, tulad din ng kanyang mga ninuno; hindi tinalikuran ang mga kasalanang ipinagawa sa Israel ni Yeroboam na anak ni Nabat.

<sup>10</sup>Nakipagsabwatan si Sallum na anak ni Yabes laban kay Zacarias at sinalakay niya ito sa Yiblem, pinatay, at hinalinhan bilang hari.

<sup>11</sup>Ang iba pang tungkol kay Zacarias ay nasa *Mga Pangyayari sa Mga Hari ng Israel*. <sup>12</sup>Kaya natupad ang salita ni Yawe kay Yehu: "Luluklok sa trono ng Israel ang iyong mga anak na lalaki hanggang sa ikapat na salinlahi." At iyon nga ang nangyari.

<sup>13</sup>Sa ikatatlumpu't siyam na taon ng paghahari ni Uzias sa Juda, nagsimulang maghari si Sallum na anak ni Yabes. Isang buwan siyang naghari sa Samaria. <sup>14</sup>At naghimagsik si Menahem na anak ni Gadi laban sa kanya sa Tirsas. Pumunta siya sa Samaria at pinatay si Sallum sa lunsod na iyon. Pagkapatay niya kay Sallum, siya ang nagharing kahalili nito.

<sup>15</sup>Ang iba pang tungkol kay Sallum at ang kanyang pakikipagsabwatan ay nasa *Mga Pangyayari sa Mga Hari ng Israel*.

<sup>16</sup>Sinakop ni Menahem ang Tapua at pinatay ang lahat ng tagaroon. Winasak niya ang nasa-sakapan nito mula Tirsas sapagkat ayaw nila siyang pagbukisan ng mga pintuan. At winakwaw niya ang sinapupunan ng lahat ng buntis.

<sup>17</sup>Nagsimulang maghari sa Israel si Menahem na anak ni Gadi sa ikatatlumpu't siyam na taon ng paghahari ni Azarias sa Juda. Sampung taon siyang naghari sa Samaria. <sup>18</sup>Ginawa niya ang masama sa paningin Yawe; hindi niya tinalikuran ang mga kasalanang ipinagawa sa Israel ni Yeroboam na anak ni Nabat.

<sup>19</sup>Sa panahon niya, sinalakay ni Pul na hari ng Asur ang Israel. At kinailangan ni Menahem na magbigay sa kanya ng sanlibong baretang pilak para tanggapin siya nito bilang kakampi at panatilihin sa kapangyarihan. <sup>20</sup>Hiningi ni Menahem ang pera mula sa lahat ng mayayaman at kinikilalang tao sa Israel para ibigay sa hari ng

Asur: limampung pirasong pilak mula sa bawat isa. Kaya umatras ang hari ng Asur at hindi na tumigil pa sa lupain.

<sup>21</sup>Ang iba pang tungkol kay Menahem at lahat ng kanyang ginawa ay nasa *Mga Pangyayari sa Mga Hari ng Israel*. <sup>22</sup>Nahimlay si Menahem sa piling ng kanyang mga ninuno, at si Pekaya na kanyang anak ang nagharing kahalili niya.

<sup>23</sup>Sa ikalimampung taon ng paghahari ni Azarias sa Juda, nagsimulang maghari sa Israel sa Samaria si Pekayang anak ni Menahem. Dalawang taon siyang naghari. <sup>24</sup>Ginawa niya ang masama sa paningin ni Yawe; hindi niya tinalikuran ang mga kasalanang ipinagawa sa Israel na anak ni Nabat na nagbulid sa Israel sa pagkakasala.

<sup>25</sup>Naghimagsik laban sa kanya ang kanyang heneral na si Peka na anak ni Romelias. Pinaamunuan nito ang limampung tauhan mula sa lalawigan ng Galaad at pinuntahan siya nito sa Samaria para patayin sa tore ng palasyo. Pagkapatay sa hari, si Peka ang nagharing kahalili niya.

<sup>26</sup>Ang iba pang tungkol kay Pekaya at lahat niyang ginawa ay nasa *Mga Pangyayari sa Mga Hari ng Israel*.

<sup>27</sup>Sa ikalimampu't dalawang taon ng paghahari ni Azarias sa Juda, nagsimulang maghari sa Israel sa Samaria si Pekang anak ni Romelias. Dalawampung taon siyang naghari at ginawa niya ang masama sa paningin ni Yawe. <sup>28</sup>Hindi niya tinalikuran ang mga kasalanang ipinagawa sa Israel na nagbulid sa Israel sa pagkakasala.

<sup>29</sup>Sa panahon ni Pekang hari ng Israel, dumating si Tiglat-Pileser na hari ng Asur at sinakop ang Ayon, Abel-Bet-Maaka, Yanoa, Kedes, Hasor, ang mga teritoryo ng Galaad at Galilea, at ang buong lupain ng Neftali; at idineport ang mga mamamayan sa Asur. <sup>30</sup>At nakipagsabwatan si Oseas na anak ni Ela laban kay Pekang anak ni Romelias, pinatay ito, at nagharing kahalili nito. <sup>31</sup>Ang iba pang tungkol kay Peka at sa lahat ng kanyang ginawa ay nasusulat sa *Mga Pangyayari sa Mga Hari ng Israel*.

kay Kristo. Idineport sa kabilang hangganan ng imperyo ng mga Asirio ang mga tagaroon, at ipinalit naman sa kabilang lugar ang mga taga-malayong probinsyang iyon para ihalo sa mga tagabukid. Ganito ang kaugalian ng mga mananakop na Asirio: alisan ng lugar at paghalu-haluin ang mga tao para mahadlangan ang pag-aalsa.

Mula sa sandaling ito, ang mga Samaritano o mga Israelitang tagahalaga ay magiging isang bayan na ng mga mestiso sa lahi at sa relihiyon. Kayat hindang-hindi sila ituturing ng mga Israelitang taga-Juda bilang mga

kapantay nila. Pagkaraan ng pitong dantaon, sa panahon ni Jesus, ang mga Samaritano ang magiging mga karatig-bayang dapat iwasan sapagkat mas maraming pagdududa sa isa't isa kaysa mga ala-ala.

Kaya naglalaho ang pinakaimportante sa mga kahariang nagmula kina David at Solomon dalawang dantaon mula nang mamatay si Solomon. Isang pag-asa ang maiwan sa mga Judio: sa pagdating ng Mesiyas, muli niyang pag-iisahan ang Juda at Israel at tatawagin niya ang lahat ng nagkalat sa mga bansa (tingnan Ez 37:15).



**Yotam, hari ng Juda**

<sup>32</sup>Sa ikalawang taon ng paghahari sa Israel ni Pekang anak ni Romelias, nagsimulang maghari si Yotam na anak ni Uzias na hari ng Juda.

<sup>33</sup>Dalawampu't limang taon si Yotam nang magsimulang maghari, at labing-anim na taon siyang naghari sa Jerusalem. Si Yerusing anak ni Zadok ang kanyang ina.

<sup>34</sup>Ginawa niya ang tama sa paningin ni Yawe, tulad ng kanyang ama. <sup>35</sup>Ngunit hindi pa rin winasak ang mga altar sa burol kaya patuloy ang mga tao sa pag-aalay ng mga handog at pagsusunog ng insenso roon.

Itinayo niya ang Pintuan sa Itaas ng Bahay ni Yawe.

<sup>36</sup>Ang iba pang tungkol kay Yotam at sa lahat niyang ginawa ay nasa *Mga Pangyayari sa Mga Hari ng Juda*. <sup>37</sup>Nang panahong iyon, ipinadala ni Yawe sina Resin na hari ng Aram at Pekang anak ni Romelias laban sa Juda.

<sup>38</sup>Namatay si Yotam sa piling ng kanyang mga ninuno, at inilibing kasama nila sa lunsod ni David, ang lunsod ng kanyang ama. At si Ahaz na kanyang anak ang nagharing kahalili niya.

**Ahaz, hari ng Juda**

**16** <sup>1</sup>Sa ikalabimpitong taon ng paghahari ni Pekang anak ni Romelias, nagsimulang maghari si Ahaz na anak ni Yotam na hari ng Juda. <sup>2</sup>Dalawampung taon si Ahaz nang magsimulang maghari, at labing-anim na taon siyang naghari sa Jerusalem. Hindi niya ginawa ang tama sa paningin ni Yaweng kanyang Diyos, di tulad ng kanyang amang si David. <sup>3</sup>Lumakad siya sa mga daan ng mga hari ng Israel at sinunog pa ang kanyang anak na lalaki bilang handog ayon sa kasuklam-suklam na kaugalian ng mga bansang pinalayas ni Yawe mula sa lupain para mapasa-Israel ang kanilang lupain. <sup>4</sup>Nag-alay siya ng mga handog sa mga altar sa burol, sa mga dalisdid sa na lilim ng bawat malabay na punungkahoy.

<sup>5</sup>At umahon sina Resing hari ng Aram at Pekang anak ni Romelias na hari ng Israel para salakayin ang Jerusalem. Pinaligiran nila iyon pero hindi nila malupig. <sup>6</sup>Nang panahong iyon, nabawi ni Resing hari ng Aram ang Elat para sa mga Edomita, at pinalayas doon ang mga Judio. At pinasok ng mga Edomita ang Elat at doon sila nanirahan hanggang sa panahong ito.

<sup>7</sup>Nagpadala ng mga sugo si Ahaz kay Tiglat-Pileser na hari ng Asur para sabihing: "Alipin mo ako at anak. Pumarito ka at iligtas ako sa mga kamay ng hari ng Aram at ng hari ng Israel na sumalakay sa akin." <sup>8</sup>Kinuha ni Ahaz ang pilak

at ginto sa Bahay ni Yawe at sa mga kabangyaman ng bahay ng hari, at ipinadala bilang regalo sa hari ng Asur. <sup>9</sup>Pinakinggan siya ng hari ng Asur at sinalakay nito ang Damasco; sinakop niya ang lunsod at idineport ang mga mamamayan sa Kir, at pagkatapos ay pinatay si Resin.

<sup>10</sup>Kaya pumunta si Haring Ahaz sa Damasco para makipagkita kay Tiglat-Pileser na hari ng Asur. At nang makita niya ang altar sa Damasco, ipinadala niya sa paring si Urias ang sukot ng altar, pati ang disenyo na kanyang kinopya nang tamang-tama hanggang sa huling detalye.

<sup>11</sup>Itinayo ng paring si Urias ang altar batay sa disenyong ipinadala ng hari mula sa Damasco. Natapos niya ito bago dumating si Haring Ahaz. <sup>12</sup>Pagbalik ng hari mula sa Damasco at pagkakita niya sa altar, lumapit siya roon at nag-alay ng mga handog. <sup>13</sup>Inilay niya sa altar ang kanyang mga sinunog na handog, ibinuhos ang alak at ang dugo ng kanyang handog sa mabuting pagsasamahan.

<sup>14</sup>Inalis niya sa harapan ng bahay – sa pagitan ng bagong altar at ng Bahay ni Yawe – ang tansong altar sa harap ni Yawe at inilipat ito sa gawing hilaga ng bago niyang altar.

<sup>15</sup>Inutusan ni Haring Ahaz ang paring si Urias: "Sa malaking altar na ito mo susunugin ang pang-umagang handog at mga panggaging alay, ang handog ng hari, at ang handog ng mga mamamayan ng lupain, at ang mga handog na pagkain at inumin. Dito mo ibubuhos ang lahat ng dugo ng mga susunugin handog at mga alay. At tungkol naman sa tansong altar, ako na ang bahala roon." <sup>16</sup>Ginawa ng paring si Urias ang iniutos sa kanya ng hari.

<sup>17</sup>Dinistrungka ng hari ang mga panel ng mga patungan, inalis ang hugasan sa ibabaw niyon at ibinaba rin ang malaking planganang mula sa ibabaw ng mga tansong toro na sumusunog dito, at inilagay sa batong patungan. <sup>18</sup>At dahil sa hari ng Asur, inalis niya ang mataas na trono sa loob ng Bahay ni Yawe at ang nasa labas na pasukan ng hari.

<sup>19</sup>Ang iba pang tungkol kay Ahaz at sa lahat niyang ginawa ay nasa *Mga Pangyayari sa Mga Hari ng Juda*. <sup>20</sup>Nahimlay si Ahaz sa piling ng kanyang mga ninuno at inilibing kasama nila sa lunsod ni David. At si Ezekias na kanyang anak ang nagharing kahalili niya.

**Wakas ng kaharian ng Israel sa hilaga**

**17** <sup>1</sup>Sa ikalabindalawang taon ng paghahari ni Ahaz sa Juda, nagsimula namang maghari sa Israel si Oseas na

anak ni Ela. Siyam na taon siyang naghari sa lunsod ng Samaria,<sup>2</sup> at ginawa niya ang masama sa paningin ni Yawe pero hindi naman kasinsama ng mga naging hari ng Israel.

<sup>3</sup>Dumating si Salmaneser na hari ng Asur kasama ang kanyang hukbo para salakayin si Oseas na sumuko naman at nagsimulang magbayad ng buwis sa kanya. <sup>4</sup>Ngunit nabisto ng hari ng Asur na may pakana si Oseas laban sa kanya dahil nagpadala ito ng mga sugo kay So na hari ng Ehipto, at hindi na nagbabayad ng buwis, di tulad ng dati nitong ginagawa taun-taon. Kaya dinakip siya ni Salmaneser at ibinilango.

<sup>5</sup>Sinakop ng hukbo ng hari ang buong Israel at pumunta sila sa Samaria at kinubkob iyon nang tatlong taon. <sup>6</sup>Sa ika-siyam na taon ni Oseas, nabihag ng hari ng Asiria ang Samaria at ipinadeport ang mga Israelita sa Asur. Pinatira niya ang mga iyon sa Hala sa baybayin ng Ilog Habor sa Gozan, at sa mga lunsod ng mga Medo.

### Mga sanhi ng pagbagsak ng Israel

• <sup>7</sup>Nangyari ito dahil nagkasala ang

mga anak ng Israel kay Yaweng kanilang Diyos na siyang naglabas sa kanila mula sa lupain ng Ehipto sa ilalim ng ka-pangyarihan ni Paraon. Sumamba sila sa mga diyus-diyusan,<sup>8</sup> at sumunod sa mga kaugalian ng mga bansang pinalayas ni Yawe para mapasa-Israel ang lupain.

<sup>9</sup>Maraming ginawa nang lihim ang mga anak ng Israel na hindi bagay kay Yaweng kanilang Diyos. Nagtayo sila ng mga altar sa lahat ng bayan, mula sa mga toreng bantayan hanggang sa mga napapaderang bayan. <sup>10</sup>Naglagay sila ng mga rebulto at sagradong poste sa lahat ng burol at sa lilim ng bawat mayabong na puno. <sup>11</sup>Doon sila nagsunog ng insenso sa mga altar sa kaburulan, gaya ng mga bansang pinalayas ni Yawe sa harap nila.

Gumawa sila ng mga kasamaan na ikinagalit ni Yawe. <sup>12</sup>Pinaglingkuran nila ang kasuklam-suklam nilang mga diyus-diyusan sa kabila ng sinabi sa kanila ni Yaweng “Huwag ninyong gawin ito.” <sup>13</sup>Binalaan ni Yawe ang Israel at Juda sa pamamagitan ng mga propeta na nakakakita ng pangitain: “Talikiran ninyo ang

• **17.7** Naglaho ang kaharian ng Israel nang malupig ng mga Asirio ang Samaria. Napakaliit at nakabukod ito para labanan ang makapangyarihang karatig-bansa. Gayunpaman, ipinadidiskubre sa atin ng Biblia ang mas malalim na sanhi ng kanilang pagbagsak ito: *nagtaksil sila kay Yaweng kanilang Diyos.*

*Pinaglingkuran nila ang kasuklam-suklam nilang mga diyus-diyusan.*

Gayong imahen ang unang kahulugan ng *diyus-diyusan*, ang mga imahen ni Kristo at ng kanyang mga lingkod ay hindi diyus-diyusan gaya ng akala ng mga may makitid na pag-iisip. Ang *diyus-diyusan* ay anumang *iniidolo* natin at ipinapalati sa iisang Diyos sa ating puso at buhay. Siya ang Diyos na buhay na nagbibigay-buhay sa lahat ng naglingkod sa kanya.

Naghahatid naman ng pagkakasakit at kalituhan ang mga *diyus-diyusan* sa lipunang naglingkod sa mga ito. Maging ang mga ito’y mga kasangkapan, mga sangkap ng maluhong buhay, mga diyus-diyusan ay laman at dugo, tuwing pipiliin natin sila, lagi nating nadaramang malungkot tayong at di-malinis.

Subalit may iba pang kahulugan ng pagsasadiyus-diyusan ng Israel. Ang mga diyus-diyusan ang sagsag at instrumento ng banyagang kulturang walang kinalaman sa kanila. Kasama ng mga diyus-diyusan

ang mga Kananeo at mga Asirio, inimporta rin nila ang pagsamba sa sex, kasakiman at karahasan. Kinalimutan nila ang mga problema ng kanilang lipunan at nawala ang pagkauhaw sa katarungan na kanilang mana.

Ganito rin ngayon ang pagkaalipin ng mga tao sa mga diyus-diyusan ng konsumerismo... Buong mga pamilya ang nangangayupapa sa harap ng TV, mga “deboto” sa panood ng mga komersiyal ng kasakiman, mga kung anu-ang palabas at ng kung anumang plano para sa kanila ng isang konsumeristang lipunan. Kayat nawawalang-kakayahayan sila na paunlarin ang kanilang buhay sa tunay nilang kalagayan. At nagiging magandang pangarap na lamang ang pagtatayo ng bansa sa katarungan.

*Sumunod sila sa mga diyus-diyusan walang sagsay at sila mismo’y nawalang-kabuluhan din* (15). Sasabihin din ni Jeremias: “Naglingkod sila sa mga banyagang diyos kayat ipadadala ko silang alipin sa mga lupaing banyaga” (Jer 16:13). Tingnan din ang Mga Hukom 3:7 at Rom 1:24. Kaya sa pagwawalang-halaga sa Diyos nagmumula ang pagkabulok ng tao. At isang mapang-alipin lipunan ang inihahanda ng sinumang naglingkod sa sarili niyang mga pagmanasa at hangarin.

inyong masasamang gawi at sundin ang aking mga utos at tuntunin, ayon sa mga batas na iniutos ko sa inyong mga ninuno at ipinahatid sa pamamagitan ng aking mga lingkod na propeta.”

<sup>14</sup>Ngunit hindi sila nakinig, at tumanggi ring gaya ng kanilang mga ninunong hindi naniwala kay Yaweng kanilang Diyos.

<sup>15</sup>Binale-wala nila ang kanyang mga batas at ang pakikipagtanggap itinakda niya sa kanilang mga ninuno, pati ang mga babalang ibinigay niya sa kanila. Sumunod sila sa mga diyos-diyosang walang-saysay at sila mismo’y nawalang-kabuluhan din sa pagtulad nila sa mga bansang nakapaligid sa kanila, sa kabila ng sinabi ni Yawe: “Huwag ninyo silang tularan.”

<sup>16</sup>Tinalikuran nila ang lahat ng utos ni Yawe at gumawa ng dalawang guyang tanso. Gumawa sila ng mga sagradong poste at lumuhod sa harap ng lahat ng bituin sa langit, at sumamba sa Baal.

<sup>17</sup>Sinunog nila bilang handog ang kanilang mga anak na lalaki at babae, nanghula sila at nangkulam, at ipinagbili ang sarili sa paggawa ng masama sa paningin ni Yawe na ikinagalit nito.

<sup>18</sup>Kaya labis na napoot si Yawe sa Israel at itinapong sila nang malayo sa kanya, at ang tribu lamang ng Juda ang itinirira.

<sup>19</sup>Ngunit hindi rin sinunod ng Juda ang mga utos ni Yaweng kanilang Diyos kundi ginaya ang mga kaugalian ng Israel. Kaya itinakwil ni Yawe ang buong lahi ng Israel. <sup>20</sup>Hinamak sila at ipinaubaya sa mga kamay ng mga mangungulimbat hanggang dumating ang araw na itapon niya silang malayo sa kanya.

<sup>21</sup>Nang humiwalay ang Israel sa kaharian ni David at hiranginang hari si Yeroboam na anak ni Nabat, inilayo niya ang mga ito kay Yawe. Kaya

• 24. Dumaranas ng mga paghihirap ang mga dayuhang dinala sa Samaria. Nagbubunga ito ng kabalisan sa relihiyon sa kanila: “Galit kaya sa atin ang diyos ng lupaing ito dahil hindi tayo nag-aalay sa kanya ng mga handog?”

Sa harap ng reaksyong ito ng mga taong relihiyoso pero sinauna ang kultura, binibigyang-diin ng sumulat ang mga hinihingi ng pananampalataya:

pinapagkasala niya nang malubha ang mga ito. <sup>22</sup>Sinundan ng mga Israelita si Yeroboam sa lahat niyang kasalanan, at hindi na tumigil <sup>23</sup>hanggang itapon ni Yawe ang Israel nang malayo sa kanya gaya ng sinabi niya sa pamamagitan ng kanyang mga lingkod na propeta. Kaya pinalayas sa sariling lupain ang Israel at idineport sa lupain ng Asur hanggang ngayon.

#### Ang simula ng mga Samaritano

• <sup>24</sup>Pinapunta ng hari ng Asur ang mga taga-Babilonia, Cuta, Ava, Hamat at Sefarvayim at pinatira sa mga bayan ng Samaria kapalit ng mga Israelita. Inokupa ng mga taong ito ang lupain ng Samaria at nanirahan sa mga bayan nito.

<sup>25</sup>Sa simula ng kanilang pagtira roon, hindi nila sinamba si Yawe kayag nagpadala si Yawe ng mga leon na pumatay sa marami sa kanila.

<sup>26</sup>At sinabi ito sa hari ng Asur: “Hindi alam ng mga taong idineport mo at pinatira sa mga lunsod ng Samaria kung paano dapat parangalan si Yaweng Diyos ng lupaing iyon kayag nagpadala siya ng mga leon na pumapatay sa kanila.”

<sup>27</sup>Kaya iniutos ng hari ng Asur: “Pabalikin sa Samaria ang isa sa mga paring idineport natin mula roon. Maninirahan siyang kasama ng mga taong iyon para turuan sila kung paano parangalan ang Diyos ng lupaing iyon.” <sup>28</sup>Kaya dumating ang isa sa mga paring ipinadeport mula sa Samaria, nanirahan ito sa Betel at tinuruan ang mga tao kung paano parangalan si Yawe.

<sup>29</sup>Subalit gumawa ng sariling diyos ang bawat isa sa mga bayan ito sa kani-kanilang lunsod na tirahan, at inilagay ang mga iyon sa mga Bahay sa buro na itinayo ng mga taga-Samaria. <sup>30</sup>Gumawa ng isang Sukot ang mga taga-Babilonia, gumawa ng isang Nergal ang mga taga-Cuta, ng isang Asima ang mga taga-Namat, <sup>31</sup>ng mga Nimhaz at Tartak ang mga taga-Ava. Sinunog naman ng mga taga-Sefarvayim ang kanilang mga anak sa karangalan nina Adramelek at Anamelek na kanilang mga diyos.

<sup>32</sup>Pinarangalan nga nila si Yawe pero humirang din sila ng mga pari mula sa sarili nilang

– hindi sapat ang parangalan si Yawe kasama ng ibang mga diyos. Siya lamang ang kaisa-isahan, at hinihingi niyang wasakin ng tao ang lahat ng diyos na imbento nito;

– hindi sapat ang mag-alay ng mga handog kay Yawe: ang pagtupad sa kanyang kalooban ang kailangan.



lahi, na naglingkod para sa kanila sa mga Bahay sa burol.<sup>33</sup> Pinarangalan nila si Yawe pero kasabay namang pinaglingkuran din ang kanilang mga diyos, ayon sa mga kaugalian ng mga bansang kanilang pinagmulan.

<sup>34</sup>Hanggang sa araw na ito'y sinusunod nila ang matatanda nilang kaugalian.

Hindi nila pinarangalan si Yawe. Hindi nga nila sinusunod ang mga tuntunin at kaugalian, ang Batas o mga utos na ibinigay ni Yawe sa mga anak ni Jacob na pinangalanan niyang Israel.<sup>35</sup> Nakipagtipan si Yawe sa kanila at iniutos: "Huwag kayong sasamba sa ibang diyos, o yuyuko sa harap nila o maglilingkod sa kanila o mag-aalay sa kanila ng mga handog."<sup>36</sup> Si Yawe lamang na naglabas sa inyo mula sa lupain ng Ehipto sa lakas ng kanyang braso ang inyong sasambahin; sa kanyang harapan lamang kayo yuyuko at sa kanya lamang kayo mag-aalay ng mga handog.<sup>37</sup> Sundin ninyo ang mga tuntunin, mga pasya, ang Batas at mga utos na isinulat niya para sa inyo. Tuparin ninyo ang mga ito magpakailanman at huwag sasamba sa ibang mga diyos.<sup>38</sup> Huwag ninyong limutin ang pakikipagtipan ko sa inyo at huwag kayong sasamba sa ibang diyos.<sup>39</sup> Kay Yaweng inyong Diyos lamang kayo sasamba at palalayain niya kayo sa kamay ng lahat ninyong kaaway."

<sup>40</sup>Ngunit hindi sila nakinig kundi ginawa pa rin ang nakaugalian na nila.

<sup>41</sup>Kaya sumamba kay Yawe ang mga taong ito kasabay ng paglilingkod din sa kanilang mga diyos. At pagkatapos ay ipinagpatuloy naman ng kanilang mga anak at ng mga anak ng kanilang mga anak ang gawain ng kanilang mga ninuno.

• **18.1.** Nagsisimula ang huling bahagi ng mga aklat ng Mga Hari: ang kasaysayan ng nag-iisang kaharian ng Juda. Pinasisigla ng pagbagsak ng Samaria at paglalaho ng kaharian sa hilaga ang pagpapani-bago sa relihiyon sa timog.

*Ginawa ni Ezekias ang tama sa paningin ni Yawe.* Ito ang panahong kakampi ni Haring Ezekias (716-687 bago kay Kristo) si Propeta Isaias. Kung hindi man siya nagkaroon ng kahit na kaunti ng pananampalataya ni David, itinalaga niya ang sarili sa pagtataguyod sa katapatan kay Yawe.

Siya ang nag-alis ng mga altar sa burol. Mapa-nansin natin dito ang pagsisikap ng mga hari ng Juda para di magkaroon ng iba pang lugar ng pagsamba liban sa Templo ng Jerusalem. Nagpupunta ang mga tao sa maraming santuwaryo sa mga probi-probinsya para mag-alay ng kanilang mga handog kay Yawe na karaniwa'y nahahaluan ng maraming kaugaliang pagano. Sa pagtatampok sa monopolyo ng Templo ng Jerusalem kung saan pinangangalagaan ng mga pari at mga Levitang may pinag-aralan ang kadalisan ng

## Ezekias, hari ng Juda

**18** • <sup>1</sup> Sa ikatlong taon ng paghahari sa Israel ni Oseas na anak ni Ela, nagsimula namang maghari sa Juda si Ezekias na anak ni Ahaz.

<sup>2</sup>Dalawampu't limang taon siya noon, at dalawampu't siyam na taon siyang naghari sa Jerusalem. Si Abiyang anak ni Zacarias ang kanyang ina. <sup>3</sup>Ginawa niya ang tama sa paningin ni Yawe tulad ng kanyang ninunong si David.

<sup>4</sup>Siya ang nag-alis ng mga altar sa burol, winasak niya ang nakatayong mga bato at pinutol ang mga sagradong poste.

Sinira rin niya ang tansong ahas na ginawa ni Moises sa disyerto sapagkat hanggang sa panahong iyo'y pinag-aalayan pa ito ng mga Israelita at tinawag na Nehustan.

<sup>5</sup>Nagtiwala siya kay Yawe nang higit sa sinumang hari ng Juda na nauna o sumunod sa kanya, at hindi siya kailanman lumayo kay Yawe. Sinunod niya ang mga utos na ibinigay ni Yawe sa pamamagitan ni Moises. <sup>6</sup>Kaya sumakanya si Yawe: nagtagumpay siya sa lahat ng kanyang ginawa. <sup>7</sup>Naghimagsik siya laban sa hari ng Asiria at hindi na napailalim dito. <sup>8</sup>Nilupig niya ang mga Pilisteo hanggang Gaza, at sinakop ang kanilang mga lupain

pananampalataya, pinapaboran ni Ezekias ang reporma sa relihiyon.

*Tungkol naman sa tansong ahas na sinira ni Ezekias, tingnan ang Blg 21:4.*

Totoo rin na maraming pari at Levitang tumakas sa hilaga ang dumating sa timog sa mga huling araw ng Samaria. Nagawa ng ilan sa kanila na panatilihin ang pananampalataya kay Yawe at ang pagkakaisa ng relihiyon. Dala nila ang mga sagradong libro at maraming matatandang tradisyon tungkol kay Moises at sa nakaraan ng Israel. Magiging napakahalaga ng pang-yayaring ito para sa pagsulat sa Biblia at sa reporma ni Yosias sa susunod na dantaon (2 H 22).

Sa taong 701 bago kay Kristo, kinubkob ni Senakerib ang Jerusalem at kinailangang magbayad nang malaki si Ezekias para palayuin ito.

Mula sa 18:17 hanggang sa wakas ng kabanata 19, matutunghayan natin ang mahimalang pagpapalaya sa Jerusalem. Sa totoo'y may dalawang salaysay na maaaring nagsasaad ng dalawang magkasunod na pagpapalaya sa dalawang pagsalakay ng mga Asirio.

mula sa mga toreng bantayan hanggang sa napapaderang mga lunsod.

<sup>9</sup> Sa ikapat na taon ng paghahari ni Ezekias na ikapitong taon naman ni Oseas na anak ni Ela na hari ng Israel, sinalakay ni Salmaneser na hari ng Asiria ang Samaria at kinubkob ito. <sup>10</sup> At pagkaraan ng tatlong taon, nasakop niya ang lupain. Sa ikanim na taon ni Ezekias, na siya namang ikasiyam na taon ni Oseas na hari ng Israel, nasakop ang Samaria. <sup>11</sup> Ipinadeport ng hari ng Asiria ang mga Israelita sa Asiria at pinatira ang mga iyon sa Hala, sa itaas ng Habor na ilog ng Gozan at sa mga lunsod ng mga Medo.

<sup>12</sup> Nangyari ito sapagkat hindi nila pinakinggan ang tinig ni Yaweng kanilang Diyos, at sumira sila sa kanyang Tipan; hindi nila pinakinggan o isinagawa ang iniutos ni Moises na lingkod ni Yawe.

### Pagsalakay ni Senakerib

• <sup>13</sup> Sa ikalabing-apat na taon ng paghahari ni Ezekias, nilusob ni Senakerib na hari ng Asiria ang lahat ng napapaderang lunsod ng Juda at sinakop ang mga iyon. <sup>14</sup> Nagpasabi si Ezekias na hari ng Juda

kay Senakerib na nasa Lakis: “Hindi tama ang ginawa ko. Itigil mo ang iyong pagsalakay at gagawin ko ang lahat ng sabihin mo.” Pinapagbayad ng hari ng Asiria si Ezekias ng tatlundaang baretang pilak at tatlumpu ng ginto.

<sup>15</sup> At ibinigay sa kanya ni Ezekias ang lahat ng perang nakuha sa Bahay ni Yawe at sa mga kabang-yaman ng palasyo ng hari. <sup>16</sup> Nang panahong iyon, iniutos ni Ezekias na tanggalin sa mga pintuan ng Bahay ni Yawe ang mga gintong ipinalamuti niya mismo sa mga iyon, at ibinigay niya ito sa hari ng Asiria.

<sup>17</sup> Mula sa Lakis, sinugo ng hari ng Asiria ang isa sa kanyang mga heneral kasama ang isang malaking hukbo kay Haring Ezekias sa Jerusalem. Umahon sila sa Jerusalem at tumigil sa may padaluyan ng tubig ng Tangkeng nasa Itaas sa daan ng Bukid ng Tagapaglaba. Tinawang ng heneral ang hari, <sup>18</sup> at dumating si Eliakim na anak ni Helkias na tagapamahala ng palasyo kasama ang sekretaryong si Sobna at ang tagapagtalang si Yoas na anak ni Asaf.

<sup>19</sup> Sinabi ng heneral sa mga ito: “Sa-

• 13. *Taong 701, pinapunta ng hari ng Asur ang kanyang mga heneral mula sa Lakis para pasukuin si Ezekias. Pero kailangang bumalik siya sa kanyang lupain at hindi niya natupad ang kanyang mga banta. Isinasalaysay ito sa 18:17-19 at nagtatapos naman sa 19:36-37.*

*Taong 690, bagong pakikisangkot na isinasalaysay sa 19:10-35. Sa pagkakataong iyon, “lumabas ang Anghel ni Yawe at pinatay ang sanda’t walumpu’t limang libong sundalo sa kampo ng mga Asirio”. Isinasalaysay ni Herodoto na kilalang paganong manunulat ng kasaysayan ang biglang pagkalipol ng hukbong ito dahil sa isang epidemya. Isang napakanatural na pangyayari! Subalit sa mismong panahong pabagsak na ang Banal na Siyudad at parang mabibigo ang mga pangako ng Diyos, may ilang mga dagang nagkakalat ng nakamamatay na virus. Hindi nagkakamali ang autor ng Biblia sa pagkakaita niya rito ng isang pagpapahalagang ng Diyos. Lumaya ang Jerusalem gaya ng ibinalita ni Isaias.*

*Halos inuulit lamang sa aklat ni Isaias kab. 36 at 37 ang dalawang kabanatang ito. Kaya naman ang salaysay ng unang pagpapalaya ang binibigyang-pansin natin dito. At sa Isaias 37 naman binibigyang-diin ang ikalawang pagpapalaya.*

*Makipagkasundo kayo sa akin at sumuko (b. 31). Nagmumungkahi ng kapayapaan ang hari ng Asiria sa kundisyoning ipadeporteng ang mga taga-Jerusalem. Nangangahulugan ito para sa mga Judio ng pagkawala ng kanilang pamansa at panrelihiyong buhay sa pangangalat nila sa ibang mga bayan. Nangangahulugan din ito na wala nang kapangyarihan ang mga inapo ni David at ayon sa kaisipan ng panahong iyon, nalupig na rin si Yawe ng mga diyos ng mga mananakop. At dahil sa mga dahilang ito kaya kikilos si Yawe.*

*Inaanyayahan tayo ng mga pangyayaring ito na maniwala sa pagsaklolo ng Diyos. Kapag nangako siyang kikilos, hindi siya magkukulang sa kanyang pangako kung hindi tayo magsasawang umasa sa kanya. Laban sa lahat ng inaasahan ng tao, hindi pa rin nagagalaw ang Jerusalem. Ito ang larawan ng pinunong gustong ibagsak ng mga tao dahil sa kanyang katapatan at nananatili naman siyang matatag. Ito ang estudyanteng may isang salita kahit na pagtawanan ng kanyang mga kabarkada ang kanyang pananampalata. Ito ang mga kabataang nananatiling malinis sa isang kulturang walang moralidad. Ito ang Iglesia na nangaunti na sa iilang mananampalata at parang nalupig na ng mga puwersang pulitikal subalit lagi pa ring nagtatagumpay.*

bihin ninyo kay Ezekias ang mensaheng ito ng dakilang hari ng Asiria: Ang laki naman ng tiwala mo! <sup>20</sup> Akala mo'y marunong ka at may lakas sa labanan, pero magaling ka lamang sa salita. At sino ang pinanananganan mo sa paghihimagsik sa akin?

<sup>21</sup> Nananangan ka sa Ehipto, isang baling tungkod na bumubutas sa palad ng sumasandig sa kanya. Ganyan si Paraong hari ng Ehipto para sa lahat ng sumasandig sa kanya. <sup>22</sup> Maaari rin namang sabihin mo sa akin: 'Kay Yaweng Diyos namin lamang kami sumasandig.' Di ba't kanya ang mga dambana at mga altar sa burol na ipinaalis ni Ezekias nang sabihin nito sa mga taga-Juda at Jerusalem: 'Sa altar na ito lamang kayo sasamba?'

<sup>23</sup> Kaya makipagkasundo sa hari ng Asiria na aking panginoon. Bibigyan kita ng dalawanlibong kabayo kung may sapat kang mangangabayo. <sup>24</sup> Pero ni hindi mo nga kayang paurungin ang pinakamahirang heneral ng aking panginoon! Ikaw na sa Ehipto umaasa para sa mga karwahe at mangangabayo! <sup>25</sup> Sa akala mo ba'y aahon ako para lusubin at wasakin ang lupaing ito nang walang pahintulot ni Yawe? Siya mismo ang nagsabi sa akin na magpunta rito at sakupin ito."

<sup>26</sup> At sinabi nina Eliakim, Sobna at Yoas sa heneral: "Maaari kayang sa Arameo ninyo kausapin ang inyong mga lingkod dahil iyon ang naiintindihan namin. Huwag sana kayong magsalita sa amin sa Hebreo nang naririnig ng mga nasa taas ng pader."

<sup>27</sup> Ngunit sinabi ng heneral: "Sa akala ba ninyo'y sa inyong panginoon at sa inyo lamang ako sinugo ng aking panginoon para sabihin ang mga bagay na ito at hindi sa mga taong nakaupo sa pader na kasama ninyong kakain ng inyong dumi at iinom ng inyong ihi?"

<sup>28</sup> At tumindig ang heneral at sumigaw nang malakas sa wikang Hebreo: "Pagingan ninyo ang salita ng dakilang hari

ng Asiria: <sup>29</sup> H'wag kayong palinlang kay Ezekias! Hindi niya kayo maililigtas! <sup>30</sup> H'wag kayong maniwala sa kanya kapag sinabi niyang dapat magtiwala kay Yawe, na kayo'y tiyak na ililigtas ni Yawe at hindi niya ibibigay ang lunsod na ito sa kamay ng hari ng Asiria. <sup>31</sup> H'wag si Ezekias ang pakinggan ninyo kundi ang hari ng Asiria na nagsasabing: 'Makipagkasundo kayo sa akin at sumuko.' At makakain ang bawat isa sa kanyang ubasan at puno ng igos, at iigib ng tubig mula sa kanyang balon. <sup>32</sup> At darating ako at dadalhin kayo sa isang lupaing tulad ng sa inyo, sa lupain ng mga trigo at bagong alak, lupain ng tinapay at ubasan, ng langis at pulot-pukyutan. Kaya mabubuhay kayo, sa halip na mamatay sa gutom!

Huwag kayong palinlang kay Ezekias na nagsasabi sa inyo na ililigtas kayo ni Yawe. <sup>33</sup> Nailigtas ba ng mga diyos ng mga bansa ang kanilang lupain mula sa kamay ng hari ng Asiria? <sup>34</sup> Nasaan ang mga diyos ng Hamat at Arpad? Nasaan na ang mga diyos ng Sefarvayim, Hena at Iva? Nailigtas ba nila ang Samaria sa aking kamay? <sup>35</sup> Sino sa mga diyos ng mga lupaing ito ang nakapagligtas ng kanyang bayan sa aking mga kamay? Paano ngayon maililigtas ni Yawe ang Jerusalem sa aking mga kamay?"

<sup>36</sup> Nanatiling walang imik ang lahat sa pagkat utos ng hari na huwag silang sasagot.

<sup>37</sup> At bumalik kay Ezekias si Eliakim kasama sina Sobna at Yoas na punit ang mga damit, at sinabi sa kanya ang winika ng heneral.

**19** <sup>1</sup> Nang marinig ito ni Haring Ezekias, pinunit niya ang kanyang damit, nagsuot ng sako at pumunta sa Bahay ni Yawe. <sup>2</sup> Pinapunta niya kay Propeta Isaias na anak ni Amos si Eliakim na tagapamahala ng palasyo, si Sobnang sekretaryo at ang mga nakatatandang pari na pawang nakadamit ng sako. <sup>3</sup> At



sinabi nila kay Isaias: “Ito ang ipinasasabi ni Ezekias: Araw ngayon ng pagkabalisa, parusa at kahihyan, gaya ng kung pang-ano ang may sanggol na isisilang ngunit walang lakas na mailuwal. <sup>4</sup>Marinig sana ni Yawe ang mga salita ng heneral na sinugo ng kanyang panginoong hari ng Asiria. Pagalitan sana siya ni Yaweng iyong Diyos dahil sa mga katagang bini-tiwan niya, na hinahamak ang Diyos na buhay. Kayat ipanalangin mo ang ilan sa ating nangalabi.”

<sup>5</sup>Nang dumating kay Isaias ang mga opisyal ni Haring Ezekias, <sup>6</sup>sinabi niya sa mga ito: “Sabihin ninyo sa inyong panginoon ang salitang ito ni Yawe: Huwag matakot dahil sa narinig mong kalapastanganang pinagsasabi laban sa akin ng mga kampon ng hari ng Asiria. <sup>7</sup>Makinig ka! Liligaligin ko siya sa mga balita kaya babalik siya sa kanyang bansa at doon siya mamamatay sa tabak.”

<sup>8</sup>Umalis nga ang heneral at nang malalitan niyang umalis ang hari sa Lakis, natagpuan niya ito na nakikipaglaban sa Libna. <sup>9</sup>Nabalitaan pala ni Haring Senakerib na sasalakayin siya ni Tirhakang haring Kusita ng Ehipto.

#### **Sulat ng hari ng Asur kay Ezekias**

<sup>10</sup>Kaya muli siyang nagpadala kay Ezekias ng mga sugong tinagubilinan niya ng ganito: “Sabihin ninyo kay Ezekias na hari ng Juda: Huwag kang palinlang sa iyong Diyos na pina-nanaligan mo dahil sa sinabi niyang hindi mahuhulog ang Jerusalem sa mga kamay ng hari ng Asiria. <sup>11</sup>Tiyak na narinig mo na kung ano ang ginawa ng mga hari ng Asiria sa mga lupaing kanilang winasak. At maliligtas ka ba? <sup>12</sup>Iniligtas ba ng mga diyos ang mga lupaing winasak ng aking mga ninuno? Ang Gozan at Haran, ang Resef at ang mga taga-Eden na nasa Tel-asar? <sup>13</sup>Nasaan ang mga hari ng Hamat, ng Arpad, ng lunsod ng Sefarvayim, ng Hena at ng Iva?”

<sup>14</sup>Kinuha ni Ezekias sa mga sugo ang sulat at pagkabasa’y nagpunta sa Bahay ni Yawe. Iniadlad niya iyon sa harap ni Yawe at <sup>15</sup>nanalangin: “O Yaweng Diyos ng Israel na nakaluklok sa trono sa mga kerubim! Tanging ikaw ang

Diyos ng lahat ng kaharian sa lupa; ikaw ang lumikha ng langit at lupa. <sup>16</sup>Makinig ka, Yawe, at ako’y dinggin! Buksan ang iyong mga mata at tumingin! Pakinggan ang mga salitang ipinadala ni Senakerib para hamakin ang Diyos na buhay! <sup>17</sup>Totoo nga, Yawe, na nilipol ng mga hari ng Asiria ang lahat ng bansa at lupain. <sup>18</sup>Sinunog nila’t winasak ang mga diyos ng mga iyon sapagkat hindi naman tunay na mga diyos kundi mga kahoy at batong likha lamang ng kamay ng tao. <sup>19</sup>Ngayon, O Yaweng Diyos namin, iligtas mo kami sa kanyang kamay upang malaman ng lahat ng kaharian sa lupa na tanging ikaw, Yawe, ang Diyos.”

#### **Pumasok si Isaias sa mga pangyayari**

<sup>20</sup>At ipinasabi ni Isaias na anak ni Amos kay Ezekias: “Ito ang sinasabi ni Yaweng Diyos ng Israel: “Dininig ko ang iyong panalangin tungkol kay Senakerib ng Asiria. <sup>21</sup>Ito ang sinabi ni Yawe laban sa kanya:

‘Minamata ka at pinagtatawanan ng Dala-gang Sion;  
umiiling sa likuran mo ang Dalagang Jerusa-lem.

<sup>22</sup>Sino’ng hinamak mo’ nilapastangan, sinigawa’t titigan?

Ang Banal ng Israel!

<sup>23</sup>Sa ‘yong mga sugo, hinamak mo ang Panginoon

Sapagkat sinabi mo: Sa dami ng karwahe ko, naakyat ko ang napakatataas na mga bundok,

ang pinakamatayog na lugar ng Lebanon. Pinutol ko ang pinakamatataas niyang sedro, ang pinakamagagandang mga sipres.

Narating ko ang pinakamalalayong tuktok at masusukal na gubat.

<sup>24</sup>Naghukay ng mga balon at uminom; tinuyo ng aking mga talampakan ang lahat ng batis ng Ehipto.

<sup>25</sup>Hindi mo ba naririnig na itinakda ko na ito noon pa mang una?

Isasagawa ko ngayon ang binalak ko noon: gigibain ang napapaderang mga lunsod at gagawing bunton ng mga guho.

<sup>26</sup>Nanlulupaypay ang mga tagaroon, gulung-gulo at nasisiraan ng loob, tulad ng damo at murang halaman, ng damo sa mga bubungan,

na nalalanta na bago pa man sumupling.

<sup>27</sup>Alam ko kung kailan ka tumatayo o nakuupo,

at kung kailan ka galit sa akin.

<sup>28</sup>Dahil sa galit mo sa akin at dahil narinig ko ang kayabangan mo, ilalagay ko ang aking kawit sa ilong mo at ang aking bokado sa iyong bibig, at pabaliklin kita sa daang iyong pinanggalingan.

<sup>29</sup>Ito ang magiging tanda para sa iyo, Ezekias: sa taong ito'y kakanin mo ang anumang natira sa pag-aani at sa susunod na taon naman ang anumang kusang sumisibol. Ngunit sa ikatlong taon ay maghahasik kayo at mag-aani, magtatanim ng ubas at kakain ng bunga nito.

<sup>30</sup>May malalabi sa bayan ng Juda na muling mag-uugat sa ilalim at magbubunga sa ibabaw.

<sup>31</sup>Sapagkat may malalabi mula sa Jerusalem at may mga natirang buhay na nagmumula sa Bundok Sion. Ang selosong pag-ibig ni Yawe at ng mga Hukbo ang magsasakatuparan nito.

<sup>32</sup>Kaya ito ang sinasabi ni Yawe tungkol sa hari ng Asiria: Hindi siya makapapasok sa lunsod na ito, ni makatutudla isa mang palaso. Hindi niya ito malulusob nang may toreng degulong ni makukubkob ito. <sup>33</sup>Hindi nga siya makapapasok sa lunsod na ito, babalik siya sa daang kanyang pinanggalingan. Ito ang salita ni Yawe. <sup>34</sup>Ipagtatanggal ko ang lunsod na ito at ililigtas alang-alang sa aking sarili at kay David na aking lingkod."

<sup>35</sup>Nang gabi ring iyon ay lumabas ang Anghel ni Yawe at pinatay ang sanda't walumpu't limang libong lalaki sa kampo ng mga Asirio. Sa oras ng paggising kinabukasan, hayun! patay nang lahat, mga bangkay na lamang.

<sup>36</sup>Kaya pauwing umalis si Senakerib na hari ng Asiria, at nanirahan sa Nineve.

<sup>37</sup>Nang sumasamba siya sa templo ng kanyang diyos na si Nisrok, pinatay siya sa tabak ng kanyang mga anak na sina Adramelek at Sareser na nagsitakas naman sa lupain ng Ararat. At ang kanyang anak na si Esarhadon ang nagharing kahalili niya.

#### Nagkasakit si Ezekias

**20** <sup>1</sup>Nang mga araw na iyon, nagkasakit nang malubha si Ezekias at nasa bangit na ng kamatayan. Pinuntahan siya ng propetang si Isaias na anak ni Amos, at sinabi: "Ito ang sabi ni Yawe: Isaayos mo na ang iyong sambayanan pagkat mamamatay ka na; hindi ka na gagaling."

<sup>2</sup>Humarap sa dingding si Ezekias at nana-

langin kay Yawe, <sup>3</sup>"O Yawe! Alalahanin mong lumakad ako sa harap mo nang buong puso" katapatan, ginawa ko ang nakalulugod sa iyong paningin." At buong kapaitang umiyak si Ezekias.

<sup>4</sup>Hindi pa nararating ni Isaias ang gitnang patyo nang dumating sa kanya ang salita ni Yawe: <sup>5</sup>"Bumalik ka at sabihin kay Ezekias na pinuno ng aking bayan ang sinasabi ni Yaweng Diyos ng kanyang amang si David: Narinig ko ang iyong dalangin at nakita ang iyong mga luha. Pagagalangin kita. Sa ikatlong araw mula ngayon, aakyat ka sa Bahay ni Yawe. <sup>6</sup>Daragdagan ko pa ng labinlimang taon ang iyong buhay, at ililigtas kita at ang lunsod na ito mula sa kapangyarihan ng hari ng Asiria. Ipagtatanggal ko ito alang-alang sa akin at sa aking lingkod na si David."

<sup>8</sup>Sinabi ni Ezekias kay Isaias: "Ano ang magiging palatandaan na pagagalangin ako ni Yawe at papanhik ako sa Bahay ni Yawe sa loob ng tatlong araw?" <sup>9</sup>Sumagot si Isaias: "Ito ang magiging palatandaan mo sa ngalan ni Yawe, na tutuparin nga ni Yawe ang kanyang sinabi: 'Gusto mo bang ang anino ng ikalawang palapag ay umabante nang sampung baitang o umatras?' <sup>10</sup>Sinabi ni Ezekias: 'Madaling umabante nang sampung baitang ang anino pero magiging kahanga-hanga kung aatras ito nang sampung baitang.'" <sup>11</sup>Tumawag ang propetang si Isaias kay Yawe, at baitang-baitang na pinatras ni Yawe ang anino sa sampung baitang sa hagdang na dating sinasakop nito.

<sup>7</sup>At sinabi ni Isaias: "Magdala rito ng pinatuyong bunga ng igos." Nagdala nga niyon at itinapal iyon sa sugat, at siya'y gumaling.

<sup>12</sup>Nagpadala noon ng mga sulat at isang regalo kay Ezekias si Merodac-Baladan na anak ni Baladang hari ng Babilonia, sapagkat nabali-taan niyang nagkasakit ito. <sup>13</sup>Ikinatuwa ito ni Ezekias, at ipinakita sa mga sugo ang kanyang kabang-yaman – ang pilak, ang ginto, ang mabangong rekado at pabangong-langis, ang kanyang mga sandata at lahat ng laman ng kanyang mga bodega. Walang bagay sa palasyo o sa kaharian niya na hindi ipinakita ni Ezekias sa kanila.

<sup>14</sup>At pinuntahan ng propetang si Isaias si Ezekias, at nagtanong: "Ano'ng sabi ng mga taong iyon at saan sila galing?" Sumagot ang hari: "Galing sila sa isang malayong lupain, sa Babilonia." <sup>15</sup>Sinabi ni Isaias: "At ano ang nakita nila sa iyong bahay?" Sumagot ang hari: "Nakita nila ang lahat ng nasa bahay ko; walang nasa kabang-yaman na hindi ko ipinakita sa kanila."

<sup>16</sup>Kaya sinabi ni Isaias kay Ezekias: "Pa-

kinggan mo ang salitang ito ni Yawe: <sup>17</sup> Darating ang araw na lahat ng nasa bahay mo at lahat ng tinipon ng iyong mga ninuno hanggang sa araw na ito ay hahakutin sa Babilonia; walang matitira, sabi ni Yawe. <sup>18</sup> At kukunin ang ilan sa iyong mga anak na lalaki na sarili mong dugo at laman para maging mga eunuko sa palasyo ng hari ng Babilonia." <sup>19</sup> Sumagot si Ezekias kay Isaia: "Maganda ang sinabi ni Yawe," sapagkat naisip niya: "Aayos lang, basta panatag at ligtas ako sa buhay ko."

<sup>20</sup> Ang iba pang tungkol kay Ezekias at ang lahat tungkol sa kanyang kagitingan, kung paano niya itinayo ang malaking tangke ng tubig at kung paano ito nagbigay ng tubig sa lunsod ay nasa *Mga Pangyayari sa mga Hari ng Juda*. <sup>21</sup> Nang mahimlay si Ezekias sa piling ng kanyang mga ninuno, si Manases na kanyang anak ang naghari ng kahalili niya.

### Manases, hari ng Juda

**21** • <sup>1</sup> Labindalawang taon si Manases nang maging hari at limampu't limang taon siyang naghari sa Jerusalem. Hefziba ang pangalan ng kanyang ina.

<sup>2</sup> Ginawa niya ang masama sa paningin ni Yawe at tinularan ang kasuklam-suklam na mga kaugalian ng mga bansang pinalayas ni Yawe sa lupain para ibigay iyon sa mga Israelita. <sup>3</sup> Itinayo niyang muli ang mga altar sa burol na winasak ng kanyang amang si Ezekias, at nagtayo pa siya ng mga altar para sa Baal. Gumawa siya ng sagradong posteng gaya ng ipinagawa ni Ahab na hari ng Israel. Lumuhod siya sa harap ng lahat ng bituin sa langit at sinamba ang mga iyon. <sup>4</sup> Nagtayo siya ng mga altar sa patyo ng Bahay ni Yawe na siyang tinukoy ni Yawe sa pagsabing: "Sa Jerusalem ko patitirahin ang aking Pangalan."

<sup>5</sup> Nagtayo siya ng mga altar para sa mga bituin sa langit sa dalawang patyo sa Bahay ni Yawe. <sup>6</sup> Sinunog niya bilang handog ang kanyang anak na lalaki. Ginamit niya ang panghuhula at mahika, at nagtalaga ng mga manghuhula at salamangero. Marami siyang ginawang masama sa paningin ni Yawe, na ikinagalit nito.

• **21.1** Patuloy ang malungkot na karanasan ng bayan ng Diyos. Pagkatapos ni Ezekias at ng kanyang mga reporma, kabaligtaran naman ang raging saloobin ng kanyang anak na si Manases. Isa siyang haring walang pananampalataya na bukod sa lantaran pagtataguyod sa pagsamba sa mga diyus-diyusan ay pinangyusap na ang mga tapat kay Yawe gaya ng ginawa ni Izebel sa Israel isang dantaon na ang nakalilipas. Sa ulong ng kanyang gobyernong di-makadiyos at panyong mga krimen, nagtagumpay si Manases na sirain ang

<sup>7</sup> At nagtayo pa siya ng sagradong posteng Asera sa Bahay ni Yawe gayong sinabi ni Yawe kay David at sa anak nitong si Solomon:

<sup>8</sup> "Sa Bahay na ito ko ilalagay ang aking Pangalan magpasawalang-hanggan sapagkat pinili ko ang Jerusalem mula sa lahat ng tribu ng Israel. Hindi ko na pagagalain pa ang Israel na malayo sa lupaing bigay ko sa kanilang mga ninuno, kung sisikapin nilang tuparin ang buong batas na bigay sa kanila ng aking lingkod na si Moises."

<sup>9</sup> Ngunit hindi sila nakinig. Iniligaw sila ni Manases, at mas masahol pa ang ginawa nila kaysa mga bansang pinaalis ni Yawe sa harap ng mga Israelita. <sup>10</sup> Kaya nagsalita si Yawe sa pamamagitan ng kanyang mga lingkod na propeta at sinabi:

<sup>11</sup> "Pinag-ibayo ni Manases na hari ng Juda ang mga kasuklam-suklam na gawain, at mas masahol pa ang ginawa niya kaysa mga Amorreo noon. Pinapagkasala niya ang sambayanan ng Juda sa pamamagitan ng kanyang mga diyus-diyusan.

<sup>12</sup> Kaya dadalhan ko ang Jerusalem at Juda ng isang napakalaking kapahamakan na mapapahugong sa mga tainga ng sinumang makarinig nito. Sasapitin ng Jerusalem at ng mga hari nito ang kapalaran ng Samaria at ng sambahayan ni Ahab. <sup>13</sup> Pupunasin ko ang Jerusalem tulad ng pagpupunas sa pinggang nililinis na itinataob pagkatapos. <sup>14</sup> Palalayasin ko ang nalalabi pa sa aking bayan at ibibigay sila sa kamay ng kanilang mga kaaway para biktimahin at samsaman. <sup>15</sup> Sapagkat ginawa nila ang masama sa aking paningin at ginalit ako mula sa araw na lumabas mula sa Ehipto ang kanilang mga ninuno hanggang ngayon."

<sup>16</sup> Nagpadanak din ng dugo ng mga walang-sala si Manases at napuno nito ang Jerusalem sa magkabilang-dulo. Bukod pa rito'y pinapagkasala niya ang Juda, kaya ginawa nila ang masama sa paningin ni Yawe. <sup>17</sup> Ang iba pang tungkol kay Manases, ang lahat niyang ginawa at lahat niyang kasalanan ay nasa *Mga Pangyayari sa Mga Hari ng Juda*.

<sup>18</sup> Nahimlay si Manases sa piling ng kanyang

pag-asang iniatang ng mga reporma ni Ezekias sa mga inapo ni David.

*Mas masahol pa ang ginawa nila kaysa mga bansa. Mas madaling nalilinis ng landas ang mananampalatayang hindi nananatiling tapat kaysa isa nang masama.*

Apatnapu't limang taon ng pagtahimik o pagtataguyod ng mga tapat at mga propeta ang kanyang paghahari. Labis-labis ang pagtataksil sa Tipan ni Yawe kayat pagkamatay ni Manases, siya ang pinapanagot ng mga propeta sa pagbagsak ng Jerusalem.



mga ninuno, at inililing sa hardin ng kanyang bahay, na halaman ng Uza. At si Amon na kanyang anak ang nagharing kahalili niya.

<sup>19</sup>Dalawampu't dalawang taon si Amon nang magsimulang maghari, at dalawang taon siyang naghari sa Jerusalem. Ang pagalan ng kanyang ina ay Mesulemet na anak ni Harus, mula sa lunsod ng Yotba. <sup>20</sup>Ginawa niya ang masama sa paningin ni Yawe, tulad ng kanyang amang si Manases. <sup>21</sup>Ganap niyang sinundan ang mga yapak ng kanyang ama – pinaglingkuran niya ang mga diyus-diyusang pinaglingkuran ng kanyang ama at niyukuan niya ang mga iyon. <sup>22</sup>Iniwan niya si Yaweng Diyos ng kanyang mga ninuno, at hindi tinahak ang landas ni Yawe.

<sup>23</sup>Nagsabwatan ang mga opisyal ni Amon laban sa kanya, at pinatay siya ng mga ito sa kanyang bahay. <sup>24</sup>Ngunit pinatay naman ng mga mamamayan ang lahat ng nagpakana laban sa hari, at si Yosias na kanyang anak ang iniluklok nilang haring kahalili niya.

<sup>25</sup>Ang iba pang tungkol kay Amon at lahat niyang ginawa ay nasa *Mga Pangyayari sa Mga Hari ng Juda*. <sup>26</sup>Inililing siya sa kanyang puntod sa halaman ng Uza. At si Yosias na kanyang anak ang nagharing kahalili niya.

### Nadiskubre ang Aklat ng Batas

**22** <sup>1</sup>Walong taon si Yosias nang magsimulang maghari at tatlumput't isang taon siyang naghari sa Jerusalem. Ang kanyang ina ay si Yedidang anak ni Asias ng Boskat. <sup>2</sup>Ginawa niya ang tama sa paningin ni Yawe, at sinundan ang mga yapak ng kanyang amang si David, na hindi lumihis sa kanan man o sa kaliwa.

<sup>3</sup>Sa ikalabingwalong taon ng kanyang paghahari, sinugo ni Haring Yosias sa

Bahay ni Yawe ang kanyang sekretaryong si Safan na anak ni Asalia na anak naman ni Mesulam, at sinabi: <sup>4</sup>“Puntahan mo ang punong-paring si Helkias at ibigay sa kanya ang perang inialay ng mga tao sa Bahay ni Yawe, na nilikom ng mga bantay-pinto. <sup>5</sup>At kapag napag-isa na ang mga iyon ay ipagkatiwala naman sa mga namamahala sa Bahay ni Yawe. Babayaran nila sa perang ito ang mga nagkumpuni sa Bahay. <sup>6</sup>Bayaran ang mga karpintero, mga tagapagtayo at mga kantero. At pabilhin din sila ng mga kahoy at mga batong kailangan sa pagpapaayos ng Bahay. <sup>7</sup>Ngunit huwag silang hihingan ng kuwenta ng gastos sapagkat matatapat silang tao.”

<sup>8</sup>Sinabi noon ng punong-paring si Helkias sa sekretaryong si Safan: “Natagpuan ko ang Aklat ng Batas sa Bahay ni Yawe.” Ibinigay niya iyon kay Safan, at binasa naman nito iyon. <sup>9</sup>Nagpunta si Safan sa hari at sinabi: “Nalikom na namin ang pera sa Bahay at naipagkatiwala na sa mga namamahala sa Bahay para maipaayos ito.” At idinugtong niya: “May ibinigay na libro sa akin ang paring si Helkias.”

<sup>10</sup>At binasa ni Safan ang aklat sa harap ng hari. <sup>11</sup>Nang marinig ng hari ang nilalaman ng aklat, winarak niya ang kanyang damit, <sup>12</sup>at iniutos kina Helkias, Ahikam na anak ni Safan, Akbor na anak ni Mikayas at sa sekretaryong si Safan at sa ministro niyang si Asaias: <sup>13</sup>“Sige, ita-

• **22.1** *Sinundan ni Yosias ang mga yapak ng kanyang amang si David.* Sa mga huling araw ng kaharian ng Juda, isang haring “tulad ni David” ang magtatalaga ng kanyang sarili sa pagpapanibagong-sigla sa pananampalataya at pakikipagtipan ni Yawe at sa muling pananakop sa lupain ng mga ninuno.

Pagkamatay ng mga haring umusig sa kanila, dahandahang nagiging ang mga tapat. Sa taong 622 bago dumating si Kristo, niyanig ang kaharian ng dininasadyang pagkadiskubre sa “Batas.”

*Natagpuan ko ang Aklat ng Batas sa Bahay ni Yawe.* Sa panahon ng mga naunang kaharian, nalimutan na o itinago ang mga sagradong aklat. Siguradong ang nadiskubre ay ang importang bahagi ng Genesis, Exodo at Deuteronomio. Ang huling aklat na

ito ay dala ng mga Levita at mga paring dumating mula sa hilaga nang bumagsak ang Samaria. Binibigyang-diin nito ang katapatan sa Tipan ni Yawe, inihahayag nang walang pag-aubili na buhay o kamatayan ito para sa bayan ng Diyos.

Mapapaninsin ang bigat ng banal na salita. Mula noo’y pag-uukulang-pansin ni Yosias (na dalawampu’t anim na taon lamang) nang higit sa lahat ang paghubog ng kanyang buhay at ng kanyang bayan ayon sa mga hinihingi ng Batas. Maliwanag para sa kanya na ang proteksyon lamang ni Yawe ang tanging makapagligtas sa kanyang bayan sa harap ng malalaking bansa. Binibigyang-idea tayo ng paglalarawan sa lahat ng dapat wasakin tungkol sa alon ng paganismong na lumunod sa lahat sa panahon ni Manases.

nong ninyo kay Yawe kung ano ang ibig sabihin ng nilalaman ng librong ito na natagpuan mo. Tanungin ninyo siya para sa akin, para sa bayan at sa buong Juda. Hindi pinakinggan ng ating mga ninuno ang sinasabi sa aklat na ito, ni ang mga ordinansa, kaya nag-aapoy ang galit ni Yawe laban sa atin.”

<sup>14</sup>Kinonsulta ng paring si Helkias at nina Ahikam, Akbor, Safan at Asaias ang propetang si Hulda na maybahay ni Salum na anak ni Tikba na anak naman ni Harhas, na tagapag-ingat ng mga damit. Sa bagong lunsod sa Jerusalem siya nakatira.

<sup>15</sup>Sumagot si Hulda: “Sabihin ninyo sa taong nagsugo sa inyo sa akin na <sup>16</sup>ito ang sinasabi ni Yawe: Dadalhan ko ng kapahamakan ang lugar na ito at ang mga tagarito ayon sa lahat ng salita sa librong binasa ng hari ng Juda, <sup>17</sup>sapagkat iniwan nila ako at nagsunog sila ng insenso sa karangalan ng ibang mga diyos. Napopoot ako sa lugar na ito dahil sa lahat nilang ginawa, at di mapupala ang apoy ng aking poot.

<sup>18</sup>Sabihin ninyo ang sagot na ito sa hari ng Juda na nagsugo sa inyo para sumangguni kay Yawe. Ito ang sinasabi ni Yaweng Diyos ng Israel: Narinig mo ang mga salitang iyon. Ngunit hindi aabot sa iyo ang mga babala ng librong iyon <sup>19</sup>dahil naantig ang iyong puso at nagsisi ka sa harap ni Yawe nang marinig mo ang sinabi ko laban sa lugar na ito at sa mga tagarito na magiging paksa ng pagtataka at sumpa. Winarak mo ang iyong damit at umiyak sa harap ko, at dininig kita, sabi ni Yawe. <sup>20</sup>Kayat makakapiling mo ang iyong mga ninuno; mamamatay ka at lililbing na mapayapa. At hindi makikita ng iyong mga mata ang alinman sa mga kapahamakang ipadadala ko sa lugar na ito.”

### Repormang panrelihiyon ni Yosias

**23** <sup>1</sup>Tinawag ng hari sa kanyang bati ang lahat ng matatanda sa Juda at Jerusalem. <sup>2</sup>At umakyat siya sa Bahay ni Yawe, kasunod ang mga sambayanan ng Juda at Jerusalem. Sumama sa kanya ang mga pari at ang mga propeta, at ang buong bayan, mula sa pinakabata hanggang sa pinakamatanda. Nang nagkakatipon na ang lahat, binasa ng hari ang Aklat ng Batas na natagpuan sa Bahay ni Yawe.

<sup>3</sup>Tumayo ang hari sa tabi ng haligi; pinagtibay niya ang tipan sa harap ni Yawe sa pangangakong susunod sa kanya, buong puso at buong espiritung susundin ang mga utos, pasya at kaugalian ni Yawe, at tutuparin ang tipan ayon sa nasusulat sa Aklat.

Kasama niyang pinanumpaang ng buong bayan ang tipan.

<sup>4</sup>At iniutos ng hari sa punong-paring si Helkias at sa iba pang mga paring mababa ang ranggo, at sa lahat ng bantay-pinto na ilabas ang lahat ng bagay na ipinagawa para sa Baal, Asera at sa mga bituin sa langit. Ipinasunog ng hari ang mga iyon sa labas ng Jerusalem, sa tiwangwang na lupain ng Kidron, at ipinadala ang abo sa Betel.

<sup>5</sup>Pinalayas ni Yosias ang mga pagang-nong paring hinirang ng mga hari ng Juda na nag-alay ng mga handog sa mga altar sa burol sa iba't ibang lunsod ng Juda at sa mga karatig ng Jerusalem, ang mga nag-alay ng insenso sa Baal, sa araw, sa buwan, sa mga bituin at sa buong kalangitan. <sup>6</sup>Nilabas sa Jerusalem ang Sagradong Posteng nasa Bahay ni Yawe, dinala sa batis ng Kidron at doon sinunog, at itinaon ang abo sa libingang-bayan.

<sup>7</sup>Ipinagiba ng hari ang bahay ng mga baklang nagbibili ng sarili (tulad ng ginagawa sa kulto ng Asera). Nasa loob ito ng mga patyo ng Bahay ni Yawe, at sa bahay ding ito naghahabi ng belo ang mga babaer para sa Asera.

<sup>8</sup>Pagkatapos nito, pinapunta niya sa Jerusalem ang lahat ng paring nasa mga lunsod ng Juda, at winasak niya ang lahat ng altar sa burol na pinag-alayan nila ng handog mula Berseba sa timog hanggang Geba sa hilaga. Winasak niya ang Altar ng mga Pintuan na nasa bungad ng Pintuan ni Josue na gobernador ng lunsod. Nasa gawing kaliwa ito ng pintuang pasukan ng lunsod.

<sup>9</sup>Ang mga pari namang naglingkod sa mga altar sa burol ay hindi na nakapag-

alay ng handog sa Bahay ni Yawe sa Jerusalem. Kumain sila ng tinapay na walang lebadura kasama ng iba pang mga pari.

<sup>10</sup>Ipinagiba ng hari ang lugar na tinawag na Topet sa lambak ng Ben-Hinom upang wala nang makapagsunog ng kanilang anak na lalaki at babae ayon sa ritwal ni Molek. <sup>11</sup>Inalis niya sa pasukan ng Bahay ni Yawe ang mga kabayong itinalaga ng mga hari ng Juda sa araw; nasa bulwagan ang mga ito, malapit sa bahay ni Natanmelek na isang opisyal sa palasyo. At sinunog ang mga karwaheng inihandog sa araw. <sup>12</sup>May mga altar na ipinatayo ng mga hari ng Juda sa bubungan ng palasyo ni Ahaz. Mayroon ding mga altar na ginawa ni Manases sa dalawang patyo sa Bahay ni Yawe. Ipinawasak na lahat ni Yosias ang mga ito hanggang maging pulbos at ipinatapon sa batis ng Kidron.

<sup>13</sup>Giniba ng hari ang mga altar sa burol na nakaharap sa Jerusalem, sa timog ng Bundok ng Mga Olibo. Itinayo ang mga ito ni Solomong hari ng Israel para kay Astarteng diyos ng mga Sidonio; kay Kemos na diyos ng Moab; at kay Milkom na diyos ng mga Amonita. <sup>14</sup>Dinurog ng hari ang mga sagradong bato, pinutol ang mga sagradong poste, at tinambakan ng mga buto ng tao ang mga lugar na ito para gawing di-malinis.

• <sup>15</sup>Naroon din ang santuwaryo ng Betel na kinaroroon ng altar na itinayo ni Yeroboam na hari ng Israel; ang pagsambang ito ang naging pagkakasala ng Israel. Winasak ng hari ang santuwaryo at ang altar; sinunog niya at dinurog ang santuwaryo at sinunog din ang sagradong poste. <sup>16</sup>Sa paglinga ni Yosias, nakakita siya ng mga nitso sa bundok; ipinahukay niya ang mga buto at ipinasunog ang mga iyon sa altar para lapastanganin ito. Kaya natupad ang salita ni Yawe na ipinahayag ng tao ng Diyos habang nakatayo si Yeroboam sa tabi ng altar sa isang piyesta. Napansin ni Yosias ang libingan ng taong ito ng Diyos, <sup>17</sup>at sinabi niya: “Anong bantayog ang nakikita kong iyon?” Sinabi sa kanya ng mga tagalunsod: “Iyon ang libingan ng tao ng Diyos na dumating galing Juda para

• **23.15** Sinasamantala ni Yosias ang pagkabalok ng imperyo ng Asiria. Katatapos pa lamang niyang sakupin ang isang bahagi ng lupain ng Israel sa hilaga na sandantaon nang probinsya ng Asiria. Doon ma'y wawasakin din niya ang lahat ng santuwaryo; diyus-diyusan at mga kaugaliang labag sa mga hinhihingi ni Yawe.

Ilang taong naniwala ang mga propeta na hindi na magkakatotohan ang malimit na pagbabanta ni Yawe na

ipahayag ang ginawa mo ngayon sa altar ng Betel.” <sup>18</sup>Iniuutos ng hari: “Bayan ninyong manahimik ang kanyang mga buto.” At hindi nga ginalaw ang kanyang mga buto, kasama ang mga buto ng propetang taga-Samaria.

<sup>19</sup>Inalis din ni Yosias ang lahat ng templo sa burol sa mga lunsod ng Samaria. Ikinagalit nga ni Yawe ang mga itinayong iyon ng mga hari ng Israel. At ginawa ng hari sa mga iyon ang ginawa niya sa templo ng Betel.

<sup>20</sup>Pinatay niya sa mga altar ang lahat ng pari ng mga altar sa burol na natagpuan doon, at nagsunog siya ng mga buto ng tao sa mga altar. At saka siya nagbalik sa Jerusalem.

<sup>21</sup>Iniuutos ito ng hari sa buong bayan: “Ipagdiwang ang Paskuwa sa karangalan ni Yaweng inyong Diyos, ayon sa nasusulat sa Aklat na ito ng Tipan.”

<sup>22</sup>Wala pang Paskuwang naipagdiriwang na tulad nito mula sa panahon ng Mga Hukumon na namahala sa Israel, o noong panahon ng mga hari ng Israel at ng Juda. <sup>23</sup>Ipinagdiwang ang Paskuwa sa Jerusalem sa ikalabingwalong taon ni Haring Yosias.

<sup>24</sup>Sinunod ni Yosias ang lahat ng sinasabi ng Batas na nasusulat sa aklat na natagpuan ng paring si Helkias sa Bahay ni Yawe. Iniligtip niya ang mga espirita at mga manghuhula, ang malilit na diyos ng sambahayan at maruruming diyus-diyusan, at lahat ng kasuklam-suklam na bagay na nakita sa lupain ng Juda at Jerusalem.

<sup>25</sup>Hindi pa kailanman nagkaroon ng haring tulad niya, na nagbalik kay Yawe nang buong buong puso, buong kaluluwa at buong lakas, at sumunod sa lahat ng Batas ni Moises; at hindi na rin nakakita pa ng isang haring tulad niya.

<sup>26</sup>Sa kabila nito'y hindi pa rin nilayuan ni Yawe ang lagalab ng kanyang poot. Nag-apoy ito laban sa Juda dahil sa mga pinakanakaing gawa ni Manases. <sup>27</sup>Kaya sinabi ni Yawe: “Ilalayo ko rin sa aking harap ang Juda, kung paano kong inilayo ang Israel; hindi ko na isasaalang-alang ang Jerusalem na lunsod na aking pinili ni ang Bahay na sinabi kong ‘Dito nananahan ang aking Pangalan.’”

• <sup>28</sup>Ang iba pang tungkol kay Yosias at ang lahat ng kanyang ginawa ay nasa *Mga Pang-*

naghahayag ng ganap na pagkawasak ng Israel. May nakita pa nga sila sa ginagawang pagbawi na balita ng maliligayang araw kung kailan muling pag-iisahin ng Mesiyas ang Juda at Israel bilang isang bayang may isang tipan (Jer 31:31).

• **28.** Namatay si Yosias na haring repormador na biktima ng isang pagkakamaling pampulitika. Ilang



*yayari sa Mga Hari ng Juda.* <sup>29</sup>Nang panahong iyon, tumawid sa Ilog Eufrates si Paraong Neko ng Ehipto para makianib sa hari ng Asur. Lumabas si Haring Yosias para makipagharap dito ngunit pinatay siya ni Neko sa Megiddo nang makita siya nito. <sup>30</sup>At mula sa Megiddo ay dinala sa Jerusalem ng mga alipin ni Yosias ang kanyang bangkay na sakay sa isang karwahe, at inililing siya sa kanyang libingan. At kinuha ng mga mamamayan si Yoacaz na anak ni Yosias, pinahiran ng langis at ginawa itong hari na kahalili ng kanyang ama.

### Mga anak ni Yosias

<sup>31</sup>Dalawampu't tatlong taon si Yoacaz nang magsimulang maghari, at tatlong buwan siyang naghari sa Jerusalem. Si Hamital na anak ni Jeremias ng Libna ang kanyang ina. <sup>32</sup>Ginawa niya ang masama sa paningin ni Yawe, tulad ng kanyang mga ninuno. <sup>33</sup>Ikinadena ni Paraong Neko si Yoacaz sa Ribla, sa lupain ng Hamat, sapagkat ayaw niya itong maghari sa Jerusalem. At pinagbuwis niya ang lupain ng sandaang baretag pilak at sampu ng ginto. <sup>34</sup>At inilagay niyang hari si Eliakim na anak ni Yosias bilang kahalili ng kanyang ama, at pinalitan ng Yoakim ang pangalan nito. Ngunit isinama niya si Yoacaz at dinala sa Ehipto, at doon ito namatay. <sup>35</sup>Ibinigay ni Yoakim ang pilak at ginto kay Paraon. At para mabayaran ang buwis na iyon na itinakda nito sa kanya, pinatawan niya buwis ang buong lupain. Kailangang magbayad ng kanyang kota ang bawat isa batay sa kanyang ari-arian. Kaya siningil ni Yoakim sa buong bayan ang ginto at pilak na ibibigay kay Paraon. <sup>36</sup>Dalawampu't limang taon si Yoakim nang magsimulang maghari at labing-isang taon siyang naghari sa Jerusalem. Si Zobidang anak ni Pedayas ng Ruma ang kanyang ina. <sup>37</sup>Ginawa niya ang masama sa paningin ni Yawe tulad ng kanyang mga ninuno.

dantaon nang naiipit ang Israel ng Ehipto at Asiria o Asur. Ang Asiria ang pinakabrutal at pinakamalupit na bansa noon. Nang simulang wasakin ng Babilonia sa mga taong iyon ang kapangyarihan ng Asiria, nabalala ang Paraon sa paglakas ng bagong "malaking kapangyarihang" ito. Kaya gusto niyang tulungan ang Asiria na nanghihina na at kalimutan na ang matagal na nilang paglalaban.

Hindi ito pinayagan ni Yosias: inasaam ng kamalayang Judio ang pagkawasak ng "malupit na bansa" (tingnan ang mga propesiya ni Nahum). Paano mapahihintulutan ng Diyos ang pagkamatay ni Yosias na haring banal at repormador? Malaking eskandalo ito sa kamalayang Judio kaya minabuti ng sumulat ng librong ito na tumahimik na lamang. Pagkaraan ng mahabampanahon, sisikaping ipaliwanag ang malungkot na

### Pananakop ni Nabucodonosor

**24** <sup>1</sup>Nang panahong iyon, sinalakay ni Nabucodonosor na hari ng Babilonia ang lupain. Tatlong taong napailalim sa kanya si Yoakim at saka naghimagsik.

<sup>2</sup>Nagpadala si Yawe ng mga pangkat ng mga Kaldeo, Arameo, Moabita at Amonita laban kay Yoakim. Sinalakay nila ang lupain ng Juda at winasak ito ayon sa salita ni Yawe na ipinahayag sa pamamagitan ng kanyang mga lingkod na propeta.

<sup>3</sup>Nangyari ang lahat ng ito nang dahil lamang sa utos ni Yawe. Niloob niyang palayasin sa kanyang harapan ang bayan ng Juda dahil sa mga kasalanan ni Manases at sa lahat ng ginawa nito, <sup>4</sup>at dahil sa dugo ng mga walang-sala na pinadanak nito at pumuno sa buong Jerusalem. Dahil sa lahat ng ito kaya ayaw magpatawad ni Yawe.

<sup>5</sup>Ang iba pang tungkol kay Yoakim at sa lahat niyang ginawa ay nasa *Mga Pangyayari sa Mga Hari ng Juda*. <sup>6</sup>Nahimlay si Yoakim sa piling ng mga ninuno. At si Yoakim na kanyang anak ang nagharing kahalili niya.

<sup>7</sup>Hindi na muling umalis sa sariling lupain ang hari ng Ehipto sapagkat nasakop na ng hari ng Babilonia ang lahat niyang lupain mula sa batis ng Ehipto hanggang Ilog Eufrates.

### Unang pagkatapon

<sup>8</sup>Labingwalong taon si Yoakin nang humalili siya sa kanyang ama, at tatlong buwan siyang naghari sa Jerusalem. Si Nehustang anak ni Elnatan ng Jerusalem ang kanyang ina. <sup>9</sup>Ginawa niya ang masama sa paningin ni Yawe, tulad ng kanyang ama.

<sup>10</sup>Dumating nang panahong iyon ang mga opisyal ni Nabucodonosor na hari ng

wakas ni Yosias sa pamamagitan ng isang pagkakamaling nagawa niya (2 Kro 35:21). Medyo binibigyang-inspirasyon din ng kanyang pagkamatay ang dakilang propesiya ni Zacarias (12:10) at ang pangalan ng Megiddo na naging sagisag na ng isang sumpa sa Biblia (Pag 16:16).

• **24.8** *Nagaganap sa dalawang yugto ang pagkawasak sa kaharian ng Juda:*

– 598 bago kay Kristo. *Kamatay pa lamang ni Yoakim. Sa siyudad na nakukubkob, sumuko ang kanyang anak na si Yoakin. Unang pagkatapon sa Babilonia ng mga elite ng lupain. Pinilit ng mga Kaldeo (ang mga taga-Babilonia) si Sedekias na maging hari.*

– 587. *Naghimagsik si Sedekias laban sa mga*

Babilonia para salakayin ang Jerusalem at pinaligiran ng mga ito ang lunsod.<sup>11</sup> Dumating naman si Nabucodonosor nang kinukubkob na ng kanyang mga taohan ang siyudad.

<sup>12</sup>Sumuko si Yoaking hari ng Juda, kasama ang kanyang ina, ang kanyang mga alipin, mga pinuno at mga opisyal ng palasyo. Ikawalong taon noon ng paghahari ni Nabucodonosor. Ibinilanggo siya ni Nabucodonosor<sup>13</sup> at kinuha ang mga kanyamanan sa Bahay ni Yawe at sa bahay ng hari. Sinira rin niya ang lahat ng bagay na yari sa ginto na ginawa ni Solomong hari ng Israel sa santuwaryo ni Yawe. Kaya natupad ang salita ni Yawe.

<sup>14</sup>Ipinadeport ni Nabucodonosor ang lahat ng mga pinuno at mga kilalang tao, ang mga panday at mga manggagawa, lahat ng lalaking magigiting at mandirigma. Sampung libong lahat ang ipinadeport sa Babilonia. Ang mga karaniwang tao lamang ang naiwan.<sup>15</sup> Dinala ring bihag ni Nabucodonosor si Yoakin, ang ina nito at mga asawa, ang mga opisyal sa palasyo at ang mga kilalang tao ng lupain.

<sup>16</sup>Kaya ipinadeport sa Babilonia ng hari ng Babilonia ang lahat ng pitong libong mahahalagang tao, sanlibong panday at manggagawa at lahat ng magigiting na mandirigma.

<sup>17</sup>Ginawa niyang hari ng Jerusalem si Matanias na tiyo ni Yoakin bilang kahalili ni Yoakin, at ginawang Sedekias ang pangalan nito.

<sup>18</sup>Dalawampu't isang taon si Sedekias

nang maghari at labing-isang taon siyang naghari sa Jerusalem. Si Hamutal na anak ni Jeremias ng Libna ang kanyang ina.<sup>19</sup> Ginawa niya ang masama sa pa-ningin ni Yawe, tulad din ng ginawa ni Yoakin.<sup>20</sup> Kaya bumagsak ang galit ni Yawe sa Jerusalem at Juda, hanggang palayasin niya ang mga ito sa kanyang harapan.

### Sinakop at winasak ng mga Kaldeo ang Jerusalem

**25**<sup>1</sup> Sa ikasiyam na taon ng paghahari ni Sedekias, sa ikasampung araw ng ikasampung buwan, dumating sa Jerusalem si Nabucodonosor na hari ng Babilonia, kasama ang buo niyang hukbo. Nagkampo sila sa labas ng lunsod at nagtayo ng pangkubkob sa paligid nito.<sup>2</sup> Kinubkob ang lunsod hanggang sa ikalabing-isang taon ni Sedekias.

<sup>3</sup> Sa ikasiyam na araw ng ikapat na buwan, tumindi ang taggutom sa lunsod, at walang tinapay na makain ang mga mamamayan.<sup>4</sup> Kayat nang mabutas ang pader ng lunsod, nagsitakas sa dilim ng gabi ang buong hukbo ng Juda sa pintuang nasa pagitan ng dalawang pader na malapit sa hardin ng hari, samantalang nakapaligid pa sa lunsod ang mga Kaldeo at tumakas sila pa-Araba.

<sup>5</sup> Hinabol ng mga Kaldeo si Haring Sedekias at naabutan siya sa kapatagan ng Jerico. Kayat napahiwalay sa kanya at nagkawatak-watak ang buo niyang hukbo.

<sup>6</sup> Nabihag ng mga Kaldeo ang hari at

*Kaldeo. Dumating naman ang mga ito para wasakin ang Jerusalem pati na ang Templo nito. Ikawalong pagkatapon sa Babilonia.*

Sinasabi ng Biblia na hindi sana nangyari ang pagkawasak na ito pati na ang nangyari sa Samaria, dahil matapat ang Diyos sa kanyang pakikipagtipan, kung hindi naipon nang naipon ang mga pagkakasala at mga paghihimagsik. Hanggang sa pinakahuling sandali, maiiligtas pa sana ang lahat kung nakinig lamang si Haring Sedekias sa mga babala ni Propeta Jeremias (Jer 38).

Subalit salungat sa anumang inaasaan ninuman, muling isisilang ang bansang Judio mula sa mga abo

nito, animnapung taon pagkawasak nito. Ipinapakita sa atin ng kasaysayan ang mga malalaking imperyong mga Heteo, Asirio at Kaldeo; ganap na naglaho ang mga ito. Tanging mga estatwa na lamang nila ang makikita sa mga museo, at saka lamang nahukay ang kanilang mga talaan pagkaraan ng tatlumpung dantaon ng ganap na pagkalimot. Subalit babalik sa kanilang lupain ang bayan ng Juda. Matapos dalisayin ng pagsubok at paglalihin ng mga propeta, magbabalik sila sa paghanap ng isang Bagong Pakikipagtipan ng mas tapat at mas panloob sa kanilang Diyos. Babalik sila mula sa pagkatapon sa paggabay ni Zorobabel na inapoy ni Haring Yoakin at ninuno ni Jesus.

dinala siya sa Ribla sa lupain ng Hamat at doon siya hinatulan ng hari ng Babilonia.

<sup>7</sup>Sa harap niya, pinatay ng hari ng Babilonia ang kanyang mga anak na lalaki. Pagkatapos ay dinukit nito ang kanyang mga mata, ikinadena sa dalawang tanikalang tanso at dinala sa Babilonia.

<sup>8</sup>Sa ikapitong araw ng ikalimang buwan ng ikalabinsiyam na taon ni Nabucodonosor na hari ng Babilonia, pinasok ni Nabuzaradang pinuno ng mga bantay at opisyal ng hari ng Babilonia ang Jerusalem. <sup>9</sup>Sinunog nito ang Bahay ni Yawe at ang palasyo ng hari, at lahat ng mahalagang bahay sa Jerusalem. <sup>10</sup>Giniba ng hukbong Kaldeo sa pamumuno ng pinuno ng mga bantay ang lahat ng pader na nakapaligid sa Jerusalem.

<sup>11</sup>Binihag at dinala ni Nabuzaradang pinuno ng mga bantay ang labi ng mga taumbayang nanatili sa lunsod, ang mga sumapi sa hari ng Babilonia at ang nalalabi pa sa mga manggagawa. <sup>12</sup>Ngunit iniwan niya ang mga hamak at karaniwang tao para magtrabaho sa mga ubasan at magbungkal ng lupa.

<sup>13</sup>Sinira ng mga Kaldeo ang mga haliging tanso, ang mga patungan at ang Dagat na tanso sa Bahay ni Yawe, at dinala sa Babilonia ang lahat ng tanso.

### Ikalawang pagkatapon

<sup>14</sup>Tinangay rin nila ang mga kaldero, pala, panggupit ng mitsa, mga kutsara at lahat ng bagay na tanso na ginagamit sa altar. <sup>15</sup>Kinuha naman ng pinuno ng mga bantay ang mga insensaryo, mga plangganang gamit sa pagwiwisik at lahat ng yari sa ginto o pilak. <sup>16</sup>Ang dalawang haligi, ang Dagat at ang mga patungang ipinagawa ni Haring Solomon para sa Bahay ni Yawe – di matimbang sa bigat ang lahat ng tansong ito!

<sup>17</sup>May taas na dalawampu't pitong talampakan ang bawat haligi. Nasa ibabaw ng bawat isa ang pinakatuktok na tanso na apat na talampakan ang taas at napaliligiran ng isang lambat ng mga palamuting prutas na tanso.

<sup>18</sup>Dinala ring bihang ng pinuno ng mga bantay ang punong-paring si Serayas, at ang pumapangalawa ritong si Sofonias, pati ang tatlong bantay-pinto.

<sup>19</sup>Kinuha rin niya sa mga nasa lunsod ang isang opisyal na pinuno ng hukbo, at limang tagapayo ng hari na nakita sa lunsod, pati ang kalihim ng pinuno na namamahala sa pagpapalista sa mga sundalo, at animnapu sa mga tauhan nito na natagpuan sa lunsod. <sup>20</sup>Kinuha lahat ito ni Nabuzaradang at dinala sa hari ng Babilonia sa Ribla. <sup>21</sup>Ipinapatay sila ng hari ng Babilonia doon sa Ribla sa lupain ng Hamat. Kaya itinapon ang Juda, malayo sa sariling lupain.

### Gedalias, gobernador ng Juda

<sup>22</sup>Sa mga nanatili sa bayan ng Juda na iniwan ni Nabucodonosor na hari ng Babilonia, itinatalaga niyang gobernador si Gedalias na anak ni Ahikam na anak naman ni Safan. <sup>23</sup>Nang mabaliitan ng mga pinuno ng hukbo at ng kanilang



KINGDOM OF DAVID  
AND SOLOMON



mga tauhan na si Gedalias ang hinirang ng hari ng Babilonia bilang gobernador, pinuntahan nila si Gedalias sa Mizpa. Sila ay sina Ismael na anak ni Netanias, Yohanan na anak ni Karea, si Serayias na anak ni Tanhumet na Netofita, si Yazanias na anak ng Maakati, at ang mga tauhan ng mga ito. <sup>24</sup>Nanumpa si Gedalias at sinabi sa kanila at sa kanilang mga tauhan: "Huwag kayong matakot na pasakop sa mga Kaldeo. Manatili kayo sa lupain at paglingkuran ang hari ng Babilonia, at magiging mabuti ang lahat para sa inyo."

<sup>25</sup>Ngunit sa ikapitong buwan, si Ismael na anak ni Netanias na anak ni Elisama, na kamag-anak ng hari, ay dumating kasama ang sampu niyang tauhan, at pinatay si Gedalias pati ang mga Judio at mga Kaldeong kasama nito sa Mizpa. <sup>26</sup>Kaya nagsitakas pa-Ehipto ang buong

bayan, mula sa pinakaaba hanggang sa pinakadakila, kasama ang mga pinuno ng hukbo, dahil sa takot sa mga Kaldeo.

<sup>27</sup>Sa ikatatlumpu't pitong taon ng pagka-deport kay Yoaking hari ng Juda, nagsimulang maghari si Evil-Merodak na hari ng Babilonia, at nang taon ding iyon sa ikadalawampu't pitong araw ng ikalabindalawang buwan, nahabag siya kay Yoakin at pinalaya ito mula sa pagkabilanggo. <sup>28</sup>Mabait siyang kinausap nito at pinakitunguhan nang mas mabuti kaysa iba pang mga haring kasama nito sa Babilonia.

<sup>29</sup>Hinubad ni Yoakin ang damit ng bilanggo, at kumain siyang kasalo ang hari sa nalalabi pa niyang buhay.

<sup>30</sup>Araw-araw siyang sinusustentuhan ng hari ng Babilonia sa lahat ng araw ng kanyang buhay.